
ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW • ABRIL 2013

# Liahona




## Jesucristo: Manunubos at Huwaran, pp. 18, 26

**Ang mga Kaibigan ay mga Taong . . . , p. 52**

**Nagbalik-loob Ka Ba? 10 Paraan para Malaman, p. 56**

**Pagbanggit sa mga Templo sa Inyong mga Anak, pp. 62, 64**



*"Ang Liwanag ni Cristo ay ang banal na kapangyarihan o impluwensya na nagmumula sa Diyos sa pamamagitan ni Jesucristo. Nagbibigay ito ng liwanag at buhay sa lahat ng bagay."*

Elder Richard G. Scott ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Katahimikan ng Budhi at Kapayapaan ng Isipan," *Liahona,* Nob. 2004, 15.

# Liahona, Abril 2013


26

## MGA MENSAHE


4 **Mensahe ng Unang Panguluhan: Siya ay Nagbangon**
Ni Pangulong Henry B. Eyring

7 **Mensahe sa Visiting Teaching: Mga Tipan sa Templo**


## TAMPOK NA MGA ARTIKULO


12 **Buhay at Kamatayan: Pananaw ng mga Pioneer Tungkol sa Pagkabuhay na Muli**
*Ang mga pioneer at mga propeta noong una ay nagpapatotoo na may pag-asa sa pagkabuhay na muli.*

18 **Ang Misyon at Ministeryo ni Jesucristo**
Ni Elder Russell M. Nelson
*Matutularan natin ang limang aspeto ng buhay ng Tagapagligtas sa paghahangad nating sumunod sa Kanya at maunawaan ang Kanyang Pagbabayad-sala.*

26 **Linggo ng Paskua**
*Sa huling linggo ng Kanyang buhay, isinagawa ng Tagapagligtas ang pinakamalaking himala.*

30 **Pagtulong sa mga Bata na Maghanda para sa Binyag**
Nina Jessica Larsen at Marissa Widdison
*Ano ang maaaring gawin ng mga magulang upang gawing mas makahulugan ang binyag ng kanilang anak?*

34 **Nabighani sa Templo**
Ni Elder Jairo Mazzagardi
*Alamin kung paano makatutulong ang templo sa pagbabalik-loob.*


**SA PABALAT**
Harap: Paglalarawan ni Tim Taggart © IRI. Likod: Paglalarawan ni Matthew Reier. Panloob na pabalat sa harap: Larawang kuha ni Kristine Šumska.

## MGA BAHAGI


8 **Notebook ng Kumperensya ng Abril: Sama-samang Pag-aaral ng mga Mensahe sa Kumperensya**
Ni Greg Batty

9 **Pagtuturo ng *Para sa Lakas ng mga Kabataan:* Ang Kahalagahan ng Mabubuting Kaibigan**


10 **Ang Ating Paniniwala: Ang Espiritu Santo ay Umaalo, Nagbibigay-Inspirasyon, at Nagpapatotoo**

36 **Mga Tinig ng mga Banal sa mga Huling Araw**

74 **Mga Balita sa Simbahan**

80 **Hanggang sa Muli Nating Pagkikita: Pag-inom mula sa Bukal**
Ni Aaron L. West

**MGA YOUNG ADULT**




**40 Pagpili sa Mas Mabuting Bahagi**
Ni Matthew D. Flitton
*Upang maging tapat nang lubusan sa ebanghelyo ni Jesucristo, kinailangang talikuran ni Szűcs ang ilang mabubuting bagay.*




**MGA KABATAAN**

**42 Mga Tanong at mga Sagot**
*Paano ko ipaliliwanag sa aking kaibigan na masamang labagin ang batas ng kalinisang-puri?*

**44 Paano Maglingkod sa mga Katungkulan sa Priesthood**
Ni Pangulong Thomas S. Monson
*Alamin ang susi sa pagtulong, pagtuturo, at pag-antig sa buhay ng mga pinaglilingkuran ninyo.*

**45 Ang Bahaging para sa Atin**

**46 Bakit Kailangan Natin ang Aklat ni Mormon**
*Apat na dahilan kung bakit kailangan ang Aklat ni Mormon.*

**48 Pagyabong sa Matabang Lupa: Matatapat na Kabataan sa Uganda**
Ni Cindy Smith
*Ang mga kabataang ito ay pinatatatag ng ginagawa nilang mga sakripisyo para sa ebanghelyo.*

**52 Para sa Lakas ng mga Kabataan: Ano ang Tunay na Kaibigan?**
Ni Elaine S. Dalton

**54 Paano Ko Nalaman: Ang Aking Paanyaya Tungo sa Kaligtasan**
Ni Emerson José da Silva
*Nang tanggapin ko ang paanyaya ng aking kaibigan, nalaman ko na natagpuan ko ang isang bagay na mahalaga.*

**56 Sampung Paraan para Malaman na Kayo ay Nagbalik-loob**
Ni Tyler Orton
*Ang natutuhan ko tungkol sa pagbabalik-loob ay tumutulong para masubaybayan ko ang pag-unlad ko sa ebanghelyo.*

**59 Poster: Sulit ang Sipag sa Paggawa**

**MGA BATA**




**60 Ang Munting Missionary ni Lola Deny**
Ni Emília Maria Guimarães Correa
*Ang pagmamahal ni Vítor sa ebanghelyo ang nagbigay-daan sa pagbabalik-loob ng kanyang lola.*

**61 Natatanging Saksi: Bakit Napakahaba ng Pangalan ng Simbahan?**
Ni Elder M. Russell Ballard

**62 Pagbubunyi sa mga Templo!**
Ni Darcie Jensen
*Sa buong mundo, nagdiriwang ang mga bata sa pagkakaroon ng templong malapit sa kanila.*

**64 Mga Tanong at mga Sagot Tungkol sa Templo**
*Ang mga sagot sa tanong na gaya ng, Bakit mayroon tayong mga templo? Ano ang nangyayari sa loob nito?*


**65 Musika: Mag-anak ay Magsasamang Walang Hanggan**
Nina Ruth Muir Gardner at Vanja Y. Watkins

**66 Dalhin sa Tahanan ang Turo sa Primary: Ipinanumbalik ni Jesucristo ang Kanyang Simbahan sa mga Huling Araw**

**68 Sa Daan: Saan Itinatag ang Simbahan**
Ni Jan Pinborough

**70 Para sa Maliliit na Bata**

**81 Larawan ng Propeta: Wilford Woodruff**



***Tingnan kung makikita ninyo ang nakatagong Liahona sa isyung ito. Hint: Gamitin ang iyong malasuperhero na paningin.***

**ABRIL 2013 TOMO 16 BLG. 4**
**LIAHONA 10784 893 (ISSN 1096-5165)**
Internasyonal na magasin ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na inilimbag sa Tagalog

**Ang Unang Panguluhan:** Thomas S. Monson, Henry B. Eyring, Dieter F. Uchtdorf

**Ang Korum ng Labindalawang Apostol:** Boyd K. Packer, L. Tom Perry, Russell M. Nelson, Dallin H. Oaks, M. Russell Ballard, Richard G. Scott, Robert D. Hales, Jeffrey R. Holland, David A. Bednar, Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, Neil L. Andersen

**Patnugot:** Craig A. Cardon
**Mga Tagapayo:** Shayne M. Bowen, Bradley D. Foster, Christoffel Golden Jr., Anthony D. Perkins

**Namamahalang Direktor:** David T. Warner
**Direktor ng Family and Member Support:** Vincent A. Vaughn
**Direktor ng mga Magasin ng Simbahan:** Allan R. Loyborg

**Namamahalang Patnugot:** R. Val Johnson
**Assistant na Namamahalang Patnugot:** Ryan Carr, LaRene Porter Gaunt
**Assistant ng Publikasyon:** Melissa Zenteno
**Writing and Editing Team:** Susan Barrett, David Dickson, David A. Edwards, Matthew D. Flitton, Mindy Raye Friedman, Lori Fuller, Garry H. Garff, Jennifer Grace Jones, Hikari Loftus, Michael R. Morris, Richard M. Romney, Paul VanDenBerghe, Julia Woodbury

**Namamahalang Direktor sa Sining:** J. Scott Knudsen
**Direktor sa Sining:** Tadd R. Peterson
**Design Team:** Jeanette Andrews, Fay P. Andrus, C. Kimball Bott, Thomas Child, Kerry Lynn C. Herrin, Colleen Hinckley, Eric P. Johnsen, Scott M. Mooy, Brad Teare

**Intellectual Property Coordinator:** Collette Nebeker Aune
**Tagapamahala sa Produksyon:** Jane Ann Peters
**Production Team:** Connie Bowthorpe Bridge, Howard G. Brown, Julie Burdett, Bryan W. Gygi, Kathleen Howard, Denise Kirby, Ginny J. Nilson, Ty Pilcher, Gayle Tate Rafferty
**Bago Ilimbag:** Jeff L. Martin

**Direktor sa Paglilimbag:** Craig K. Sedgwick
**Direktor sa Pamamahagi:** Evan Larsen

**Pagsasalin:** Maria Paz San Juan

Para sa suskrisyon ng magasin at pagpapanibago ng suskrisyon nito, bisitahin ang http://store.lds.org. Huwag kalimutang isaad ang iyong ward/branch bilang address na pagpapadalhan ng iyong suskrisyon.

Kung mayroong mga tanong tungkol sa suskrisyon tawagan lamang ang Global Service Center (GSC) ng Simbahan sa bilang na 1800-8-680-3950 para sa mga PLDT at Smart subscriber o 1800-1-441-0687 para sa mga Globe subscriber.

**Ipadala ang mga manuskrito at tanong** online sa liahona.lds.org; sa pamamagitan ng koreo sa *Liahona*, Rm. 2420, 50 E. North Temple St., Salt Lake City, UT 84150-0024, USA; o mag-e-mail sa: liahona@ldschurch.org

Ang *Liahona* (salitang galing sa Aklat ni Mormon na ibig sabihin ay "kompas" o "panuro ng direksyon") ay inilalathala sa wikang Albanian, Armenian, Bislama, Bulgarian, Cambodian, Cebuano, Chinese, Chinese (pinasimple), Croatian, Czech, Danish, Dutch, Espanyol, Estonian, Fijian, Finnish, German, Griego, Hapon, Hungarian, Icelandic, Indonesian, Ingles, Italyano, Kiribati, Koreano, Latvian, Lithuanian, Malagasy, Marshallese, Mongolian, Norwegian, Polish, Portuges, Pranses, Romanian, Russian, Samoan, Slovenian, Swedish, Swahili, Tagalog, Tahitian, Thai, Tongan, Ukrainian, Urdu, at Vietnamese. (Ang dalas ng paglalathala ay nagkakaiba ayon sa wika.)

© 2013 ng Intellectual Reserve, Inc. Ang lahat ng karapatan ay nakalaan. Inilimbag sa Pilipinas.
Maaaring kopyahin ang teksto at mga larawan sa *Liahona* para sa angkop, di pangkalakal na gamit sa simbahan o tahanan. Hindi maaaring kopyahin ang mga larawan kung may nakasaad na mga pagbabawal sa credit line sa gawang-sining. Dapat ipadala ang mga tanong sa Intellectual Property Office, 50 East North Temple Street, Salt Lake City, UT 84150, USA; e-mail: cor-intellectualproperty@ldschurch.org.

# Mga Ideya para sa Family Home Evening

*Ang isyung ito ay naglalaman ng mga artikulo at aktibidad na magagamit sa family home evening. Narito ang ilang halimbawa.*



PAGLALARAWAN NI CODY BELL © IRI

**"Ang Misyon at Ministeryo ni Jesucristo,"** pahina 18: nagbahagi si Elder Russell M. Nelson ng limang aspeto ng buhay ni Jesucristo na maaari nating tularan. Isiping talakayin ang mga aspetong ito at kung paano ninyo ipamumuhay ang mga ito. Maaari ninyong basahin ang isang kuwento sa mga banal na kasulatan na hango sa buhay ng Tagapagligtas o manood ng Bible video (biblevideos.lds.org) na naglalarawan sa isa sa mga aspetong iyon. Maaari kayong magtapos sa pagpapatotoo tungkol sa Kanyang buhay at ministeryo at pagkanta ng "Kabanalang Lalo, Aking Kahilingan" (*Mga Himno,* blg. 80).

**"Ano ang Tunay na Kaibigan?"** pahina 52: Maaari mong simulan sa pagsasabing, ano ang tunay na kaibigan? Basahin ang pakahulugan ni Elder Robert D. Hales at talakayin kung ano dapat tayong uri ng kaibigan. Isiping magkuwento ng karanasan kung kailan may isang tao na naging tunay na kaibigan mo, at banggitin ang mga katangian na makatutulong sa mga miyembro ng pamilya na maging mas mabubuting kaibigan sa iba.

**"Pagbubunyi sa mga Templo!"** pahina 62: Kasama ang inyong pamilya, tingnan ang mga larawan ng iba't ibang paraan ng pagdiriwang ng mga bata sa templo. Isiping ipakita ang retrato ng templong pinakamalapit sa inyo at banggitin kung bakit mahalaga ang mga templo. Bigyang-diin na sa mga templo lamang maaaring mabuklod ang mga pamilya. Maaari kayong magtapos sa pagkanta ng "Mag-anak ay Magsasamang Walang Hanggan" (pahina 188).


## SA INYONG WIKA

Ang *Liahona* at iba pang mga materyal ng Simbahan ay makukuha sa maraming wika sa **languages.lds.org.**

## MGA PAKSA SA ISYUNG ITO

*Ang mga numero ay kumakatawan sa unang pahina ng artikulo.*

***Aklat ni Mormon,*** *46*
***Binyag,*** *30*
***Espiritu Santo,*** *10, 36*
***Gawaing misyonero,*** *34, 39, 48, 52, 54, 60*
***Gawain sa templo,*** *7, 64, 38, 65, 80*
***Halimbawa,*** *48*
***Inspirasyon,*** *36, 38*
***Jesucristo,*** *4, 18, 26*
***Kagalakan,*** *37*
***Kalinisang-Puri,*** *42*
***Kamatayan,*** *4, 12, 39*
***Ordenansa, mga,*** *18*
***Organisasyon ng Simbahan,*** *61*
***Pag-asa,*** *12*
***Pagbabalik-loob,*** *34, 54, 56, 60*
***Pagbabayad-sala,*** *18, 26, 45*
***Paghahayag,*** *10, 46*
***Pagkabuhay na Muli,*** *4, 12, 26*
***Pagkakaibigan,*** *9, 52, 54*
***Paglilingkod,*** *44, 70*
***Pagsunod,*** *40, 42, 56*
***Pagtuturo,*** *8, 9, 30*
***Pamantayan, mga,*** *42, 45*
***Pamilya,*** *30, 65*
***Panalangin,*** *18, 45*
***Pananampalataya,*** *48*
***Pangkalahatang kumperensya,*** *8, 37*
***Panunumbalik,*** *66*
***Priesthood,*** *44*
***Priyoridad, mga,*** *40*
***Sakramento,*** *18*
***Sakripisyo,*** *40*
***Smith, Joseph,*** *66*
***Templo, mga,*** *34, 62*
***Tipan, mga,*** *7*
***Tiyaga, sigasig,*** *59*
***Woodruff, Wilford,*** *81*



**Ni Pangulong Henry B. Eyring**
Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan

# Siya ay Nagbangon

Ang patotoo na tunay na naganap ang Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesucristo ay pinagmumulan kapwa ng pag-asa at determinasyon. At maaaring totoo ito sa sinumang anak ng Diyos. Nangyari ito sa akin isang araw ng tag-init noong Hunyo 1969 nang mamatay ang nanay ko, at nang sumunod na mga taon mula noon, hanggang sa muli ko siyang makita.

Ang kalungkutan sa panandaliang paghihiwalay ay agad napalitan ng kaligayahan. Higit pa ito sa pag-asa ng masayang muling pagsasama. Dahil maraming inihayag ang Panginoon sa pamamagitan ng Kanyang mga propeta at dahil pinagtibay sa akin ng Espiritu Santo ang katotohanan ng Pagkabuhay na Mag-uli, nakinita ko ang magiging tagpo kapag muli nating nakasama ang ating mga mahal sa buhay na pinabanal at nabuhay na mag-uli:

"Sila ang mga yaong babangon sa pagkabuhay na mag-uli ng mga matwid. . . .

"Sila ang mga yaon na ang mga pangalan ay nakasulat sa langit, kung saan ang Diyos at si Cristo ang hukom ng lahat.

"Sila ang mga yaong matwid na tao na ginawang ganap sa pamamagitan ni Jesus, ang tagapamagitan ng bagong tipan, na nagsakatuparan ng ganap na pagbabayad-salang ito sa pamamagitan ng pagbubuhos ng kanyang sariling dugo" (D at T 76:65, 68–69).



Dahil kinalag ni Jesucristo ang gapos ng kamatayan, lahat ng mga anak ng Ama sa Langit na isinilang sa mundong ito ay mabubuhay na muli sa isang katawan na hindi kailanman mamamatay. Kaya ang ating patotoo sa maluwalhating katotohanang iyon ay makapapawi sa mapait na pagkawala ng mahal na miyembro ng pamilya o kaibigan at mapapalitan ito ng maligayang pag-asam at matatag na determinasyon.

Ibinigay ng Panginoon sa ating lahat ang kaloob na pagkabuhay na mag-uli, kung saan ang ating mga espiritu ay inilalagay sa katawan na walang mga pisikal na kapintasan (tingnan sa Alma 11:42–44). Ang nanay ko ay magmumukhang bata at puno ng sigla, ang mga epekto ng katandaan at matagal na paghihirap ng katawan ay mapapawi. Iyon ay darating sa kanya at sa atin bilang regalo.

Ngunit sa amin na gusto siyang makasama magpakailanman ay kailangang gumawa ng mga desisyon na magpapagindapat sa pagsasamang iyon, na mamuhay sa kaluwalhatian sa piling ng Ama at ng Kanyang Pinakamamahal na Anak na nabuhay na mag-uli. Iyon lang ang lugar kung saan maaaring magpatuloy sa walang-hanggan ang buhay may-pamilya. Ang patotoo sa katotohanang iyon ay nakaragdag sa determinasyon ko na maging karapat-dapat ako at ang mga mahal ko sa pinakamataas na antas sa kahariang selestiyal sa pamamagitan ng biyaya ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo sa aming buhay (tingnan sa D at T 76:70).

Ginagabayan tayo ng Panginoon sa paghahangad natin ng buhay na walang-hanggan sa mga panalangin ng sakramento na nakatulong sa akin at makatutulong din ito sa inyo. Inaanyayahan tayong panibaguhin ang ating mga tipan sa binyag sa bawat sakrament miting.

Nangangako tayo na palaging aalalahanin ang Tagapagligtas. Ang mga sagisag ng Kanyang sakripisyo ay tutulong sa atin na mapahalagahan ang malaking kabayarang ginawa Niya upang makalag ang mga gapos ng kamatayan, alukan tayo ng awa, at maglaan ng kapatawaran sa lahat ng ating mga kasalanan kung pipiliin nating magsisi.

Nangangako tayo na susundin ang Kanyang mga kautusan. Sa pagbabasa ng mga banal na kasulatan at mga salita ng mga buhay na propeta at pakikinig sa inspiradong mga tagapagsalita sa ating mga sakrament miting naaalala natin ang ating mga tipan na gayon ang gawin. Inihahatid ng Espiritu Santo sa ating puso at isipan ang mga kautusan na lubhang kailangang sundin sa araw na iyon.

Sa mga panalangin ng sakramento, nangangako ang Diyos na isusugo sa atin ang Espiritu Santo (tingnan sa Moroni 4:3; 5:2; D at T 20:77, 79). Natuklasan ko sa




LARAWANG KUHA NI MATTHEW REIER; *SIYA'Y NAGBANGON*, NI DEL PARSON, HINDI MAAARING KOPYAHIN

**PAGTUTURO MULA SA MENSAHENG ITO**

Dapat nating "inihahalintulad [sa atin] ang lahat ng banal na kasulatan, upang ito ay maging para sa [ating] kapakinabangan at kaalaman" (1 Nephi 19:23). Isiping basahin ang mga panalangin sa sakramento, na matatagpuan sa Doktrina at mga Tipan 20:76–79. Matapos basahin ang mga itinuro ni Pangulong Eyring tungkol sa mga panalangin sa sakramento, maaari mong anyayahan ang mga tinuturuan mo na mag-isip ng mga paraan upang magabayan ng mga panalanging ito ang kanilang buhay at tulungan silang makabalik sa piling ng Ama sa Langit at ni Jesucristo.

sandaling iyon na maaari akong personal na interbyuhin ng Diyos. Ipinaiisip Niya sa akin ang ginawa ko na nakalulugod sa Kanya, na kailangan kong magsisi at mapatawad, at ang mga pangalan at mukha ng mga taong nais Niyang paglingkuran ko para sa Kanya.

Sa paglipas ng mga taon, sa paulit-ulit na karanasang iyon ang pag-asa ay naging damdamin ng pagmamahal sa kapwa at nagbigay ng katiyakan na kahahabagan ako dahil sa Pagbabayad-sala at Pagkabuhay na Mag-uli ng Tagapagligtas.

Pinatototohanan ko na si Jesus ang nagbangon na Cristo, ang ating Tagapagligtas, at ating perpektong halimbawa at gabay tungo sa buhay na walang-hanggan. ■

## MGA KABATAAN

## Ang Iyong Personal na Interbyu sa Diyos


Itinuturo ni Pangulong Eyring na sa pakikinig natin sa mga panalangin sa sakramento, maaari nating madama na parang personal tayong iniinterbyu ng Diyos. Iniisip ni Pangulong Eyring ang tatlong aspetong ito. Isiping isulat ang mga tanong na ito sa iyong journal at pagnilayan ang mga ito tuwing Linggo sa buwang ito. Habang nagninilay ka at tumatanggap ng mga impresyon mula sa Espiritu Santo, maaari mo ring isulat ang tungkol sa mga ito sa iyong journal.

- Ano ang ginawa ko na ikinalugod ng Diyos?
- Ano ang kailangan kong pagsisihan o ihingi ng kapatawaran?
- Sino ang gusto ng Diyos na paglingkuran ko?

## MGA BATA

## Palaging Alalahanin si Jesus

Sinisikap ni Jacob na "laging alalahanin" ang Tagapagligtas (D at T 20:77). Tumingin sa paligid ng kanyang silid. Ano ang napapansin mo na maaaring makatulong para palagi niyang alalahanin si Jesus?





PAGLALARAWAN NI ADAM KOFORD

*Mapanalanging pag-aralan ang materyal na ito at, kung angkop, talakayin ito sa kababaihang dinadalaw ninyo. Gamitin ang mga tanong upang tulungan kayong patatagin ang inyong mga kapatid at gawing aktibong bahagi ng inyong buhay ang Relief Society. Para sa iba pang impormasyon, pumunta sa* **reliefsociety.lds.org**.

# Mga Tipan sa Templo

"Ang nakapagliligtas na mga ordenansang natanggap sa templo na nagtutulot sa atin na makabalik balang-araw sa ating Ama sa Langit sa ugnayan ng pamilyang walang hanggan at mapagkalooban ng mga pagpapala at kapangyarihan mula sa itaas ay sulit sa lahat ng sakripisyo at pagsisikap,"[1] sabi ni Pangulong Thomas S. Monson. Kung hindi ka pa nakapunta sa templo, maaari kang maghanda para matanggap ang mga sagradong ordenansa sa templo sa pamamagitan ng:

- Paniniwala sa Ama sa Langit, kay Jesucristo, at sa Espiritu Santo.
- Pagkakaroon ng patotoo sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo at sa ipinanumbalik na ebanghelyo.
- Pagtataguyod at pagsunod sa buhay na propeta.
- Pagiging karapat-dapat sa temple recommend sa pamamagitan ng pagbabayad ng ikapu, pagkakaroon ng malinis na pagkatao, pagiging tapat, pagsunod sa Word of Wisdom, at pamumuhay nang naaayon sa mga itinuturo ng Simbahan.
- Pag-uukol ng panahon, mga talento, at kabuhayan upang tumulong sa pagtatayo ng kaharian ng Panginoon.
- Pakikibahagi sa gawain sa family history.[2]



Itinuro pa ni Pangulong Monson na, "Sa pag-alaala natin sa mga tipang ginawa natin sa loob [ng templo], mas mapagtitiisan natin ang bawat pagsubok at madaraig ang bawat tukso."[3]

## *Mula sa mga Banal na Kasulatan*

Doktrina at mga Tipan 14:7; 25:13; 109:22

**MGA TALA**

1. Thomas S. Monson, "Ang Banal na Templo—Isang Tanglaw sa Mundo," *Liahona,* Mayo 2011, 93.
2. Tingnan sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian: Ang Kasaysayan at Gawain ng Relief Society* (2011), 23.
3. Thomas S. Monson, *Liahona,* Mayo 2011, 93.
4. *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian,* 35.
5. Sarah Rich, sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian,* 36.

**Pananampalataya, Pamilya, Kapanatagan**

## *Mula sa Ating Kasaysayan*

"Mahigit 5,000 mga Banal ang dumagsa sa Nauvoo Temple matapos itong ilaan. . . .

"Ang lakas, kapangyarihan, at mga pagpapala ng tipan sa templo ang [nagpalakas] sa mga Banal sa mga Huling Araw sa kanilang paglalakbay [pakanluran], [nang dumanas] sila ng lamig, init, gutom, kahirapan, karamdaman, sakuna, at kamatayan."[4]

Tulad ng maraming kapatid sa Relief Society, si Sarah Rich ay naglingkod bilang temple worker. Ikinuwento niya ang kanyang karanasan: "Kung hindi sa pananampalataya at kaalamang ipinagkaloob sa amin ng impluwensya at tulong ng Espiritu ng Panginoon sa templong iyon, ang paglalakbay namin siguro ay parang paghakbang ng isang tao sa kadiliman. . . . Ngunit sumampalataya kami sa ating Ama sa Langit, . . . nadaramang kami ay Kanyang piling mga tao . . . , at sa halip na malungkot, nagalak kami sa pagdating ng araw ng aming kaligtasan."[5]

Para sa matatapat na kababaihang Banal sa mga Huling Araw ang paglalakbay ay hindi isang "paghakbang sa kadiliman." Pinalakas sila ng kanilang mga tipan sa templo.

## *Ano ang Magagawa Ko?*

1. Regular ba ang pagsamba ko sa templo?
2. Hinihikayat ko ba ang kababaihan na tanggapin ang mga pagpapala ng templo?

ANG DULO NG PARLEY STREET, NI GLEN S. HOPKINSON, HINDI MAARING KOPYAHIN

# SAMA-SAMANG PAG-AARAL NG MGA MENSAHE SA KUMPERENSYA

*Ang pagbabago sa paraan ng pagrepaso namin sa kumperensya ay nakatulong nang malaki sa talakayan ng aming pamilya.*

**Ni Greg Batty**

Sa loob ng maraming taon nasisiyahan kaming basahin ang bawat artikulo sa isyu ng kumperensya. Nang magsimula kami, basta nagtipon lang kami sa paligid ng mesa at palitang nagbasa ng talata nang malakas. Pero nalaman namin na basta lang namin ito binabasa, nang hindi tumitigil para intindihin ang mga mensahe.


Para mas makinabang sa aming binabasa, bumili kami ng asawa ko ng kopya ng isyu ng kumperensya para sa bawat miyembro ng pamilya at nagplano kung ilang mensahe ang pag-aaralan namin bawat linggo para mabasa namin ang lahat ng ito bago ang susunod na pangkalahatang kumperensya. May mga linggo na isang mensahe ang binabasa namin, at sa ibang linggo maaaring dalawa, pero pag-aaralan ng lahat ang mensahe at iha-highlight ang bahaging nagustuhan nila. At sa family home evening tinuturuan namin ang isa't isa mula sa mga bahaging naka-highlight.

Kadalasan may mga tanong ang mga anak namin na siyang magpapasimula sa mga talakayan, o kami ng asawa ko ang nagtatanong mula sa aming pinag-aralan. Gustung-gusto naming naririnig ang aming mga tinedyer na nagpapaliwanag sa mga sagot sa mga tanong, na ibinabahagi ang mga natutuhan nila sa seminary, sa simbahan, o sa kanilang sariling pag-aaral. Naging magandang paraan ito para marinig ang di pormal na patotoo ng bawat isa sa komportableng paraan.

Di nagtagal natuklasan naming ganito na rin ang saloobin sa aming pag-aaral ng banal na kasulatan sa umaga. May mga araw na ilang talata lang ang nababasa namin at mabilis na lilipas ang oras sa pagtalakay sa mga talatang iyon at kung paano angkop ang mga ito sa nangyayari sa aming paligid.

Ang umaga namin ngayon ay napupuno ng pag-uusap, pagtatawanan, at pagkakaisa bago kami magkanikanya ng lakad. Malakas ang aming patotoo sa payo ng ating propeta na samasamang mag-aral at manalangin araw-araw. Nagbago ang aming pamilya at ngayon ay natututo na kami at napalalakas namin ang isa't isa. Lahat ng ito ay bunga ng kagustuhang matuto pa mula sa pangkalahatang kumperensya. ■

*Si Greg Batty ay nakatira sa Utah, USA.*



### PAG-ARALAN AT IPAMUHAY ANG MGA MENSAHE SA KUMPERENSYA

"Ipinaaalala namin sa inyo na ang mga mensaheng narinig natin sa kumperensyang ito ay ililimbag sa isyu ng mga magasing *Ensign* at *Liahona* sa Mayo. Hinihikayat ko kayong pag-aralan ang mga mensahe, pag-isipan ang mga itinuturo, at ipamuhay ang mga ito."

**Pangulong Thomas S. Monson, "Mensahe sa Pagtatapos," *Liahona*, Mayo 2010, 113.**



PAGLALARAWAN NI AUBRY STARTIN © IRI



# ANG KAHALAGAHAN NG MABUBUTING KAIBIGAN

Ang mga kaibigan ay may malakas na impluwensya sa ating pagkilos, lalo na sa ating kabataan. "Malaki ang magiging impluwensya nila sa inyong pag-iisip at pagkilos, at maging sa kahihinatnan ng inyong pagkatao."[1] At kapag mabubuting kaibigan ang pinili ninyo, "malaking kalakasan at pagpapala sila sa inyo. . . . Tutulungan nila kayong maging mas mabuting tao at gagawing mas madali para sa inyo na ipamuhay ang ebanghelyo ni Jesucristo."[2]

Sa mga pahina 52–53 ng isyu na ito, itinuro ni Elaine S. Dalton, Young Women general president, ang kahalagahan ng paghahanap ng at pagiging mabuting kaibigan. "Ang paghahangad sa pinakamabuting kapakanan ng ibang tao ang kahulugan ng tunay na pagkakaibigan," sabi niya.

Ang pagkakaroon ng mga kaibigan batay sa alituntuning ito ay tutulong sa kabataan na bumuo ng mga pakikipag-ugnayan na magtatagal at pakikihalubilo na higit pa sa pagiging "mga kaibigan" sa mga social networking site. Bilang magulang matutulungan mo ang iyong mga anak na maunawaan ang kahalagahan ng pagiging mabuting kaibigan at pagpili ng mga kaibigan na hihikayat sa kanilang ipamuhay ang ebanghelyo. Ang sumusunod na mga mungkahi ay maaaring makatulong.

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo sa mga Kabataan

- Bilang pamilya, saliksikin sa mga banal na kasulatan ang halimbawa ng mabubuting kaibigan. Talakayin kung anong mga katangian ang nagpatatag sa mga pagkakaibigang iyon. Isaalang-alang sina David at Jonathan (tingnan sa I Samuel 18–23), Ruth at Noemi (tingnan sa Ruth 1–2), at si Alma at ang mga anak ni Mosias (tingnan sa Mosias 27–28; Alma 17–20).[3]
- Repasuhin ang bahaging tungkol sa mga kaibigan sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan*. Ibahagi sa inyong mga tinedyer kung paano naimpluwensyahan ng mga pagkakaibigan ang inyong buhay. Anyayahan silang magbahagi kung paano nila naimpluwensyahan at paano sila naimpluwensyahan ng kanilang mga kaibigan.
- Basahin ang artikulo ni Sister Dalton sa isyung ito. Pag-usapan ang mithiing itinakda ng kanyang anak na si Emi sa paghahanap ng mabubuting kaibigan. Tulungan ang inyong mga anak na magtakda ng mga mithiin kung anong uri ng kaibigan ang gusto nila at kung magiging anong klase ng kaibigan sila.
- Isiping magdaos ng family home evening para ibahagi ang mga ideya sa pagkakaroon ng mga kaibigan, gaya ng: "Para magkaroon ng mabubuting kaibigan, maging mabuting kaibigan ka. Magpakita ng tunay na interes sa iba; ngumiti at ipaalam na nagmamalasakit kayo sa kanila. Pakitunguhan ang lahat nang may kabaitan at paggalang, at iwasang husgahan at pintasan ang mga nakapaligid sa inyo."[4]

### MGA TALATA TUNGKOL SA PAGKAKAIBIGAN

Mga Kawikaan 17:17; 18:24
Eclesiastes 4:9–10
Mateo 25:34–40
Lucas 22:32
Mosias 18:8–9

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo sa mga Bata

- Kabilang sa pagiging kaibigan ang pagtulong sa iba. Basahin ang "Pagtatanggol kay Caleb" sa Marso 2009 *Liahona* at kausapin ang inyong mga anak tungkol sa mga paraan na magiging mabait sila sa bawat makilala nila.
- Sa lahat ng situwasyon, dapat tayong magdesisyon kung maging anong uri ng kaibigan tayo. Sama-samang kantahin ang "Sinisikap Kong Tularan si Jesus"[5] at kausapin ang inyong mga anak kung paano sila pipili ng mabuting kaibigan, gaya ng Tagapagligtas, sa iba't ibang pagkakataon. ■

### MGA TALA

1. *Para sa Lakas ng mga Kabataan* (buklet, 2011), 16.
2. *Para sa Lakas ng mga Kabataan,* 16.
3. Tingnan sa Jeffrey R. Holland, "Real Friendship," *New Era,* Hunyo 1998, 62–66.
4. *Para sa Lakas ng mga Kabataan,* 16.
5. "Sinisikap Kong Tularan si Jesus," *Aklat ng mga Awit Pambata,* 40–41.

PAGLALARAWAN NI TAIA MORLEY

# ANG ESPIRITU SANTO AY UMAALO, NAGBIBIGAY-INSPIRASYON, AT NAGPAPATOTOO

Ang kaloob na Espiritu Santo ay isa sa mga pinakadakilang pagpapala na matatanggap natin sa buhay na ito, sapagkat ang Espiritu Santo ang umaalo, nagpapasigla, nagbababala, nagpapadalisay, at gumagabay sa atin. Mapupuspos Niya tayo ng "pag-asa at ganap na pag-ibig" (Moroni 8:26). Itinuturo Niya "ang katotohanan ng lahat ng bagay" (Moroni 10:5). Tumatanggap tayo ng paghahayag at mga espirituwal na kaloob mula sa Diyos sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Ang pinakamahalaga, natatanggap natin ang ating patotoo tungkol sa Ama sa Langit at kay Jesucristo sa pamamagitan ng Espiritu Santo.

Bago kayo nabinyagan, nadama ninyo paminsan-minsan ang Espiritu Santo. Ngunit tanging sa pagtanggap sa kaloob na Espiritu Santo pagkatapos ng inyong binyag ninyo matatamasa ang palagiang patnubay ng Espiritu Santo, kung kayo ay karapat-dapat. Ito ay kaloob na ibinigay ng isang mayhawak ng Melchizedek Priesthood sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay (tingnan sa Ang Mga Gawa 19:6; D at T 33:15). Bawat araw ng Sabbath pagkatapos niyon, maaari ninyong panibaguhin ang inyong mga tipan sa binyag sa pagtanggap ninyo ng sakramento at sa gayon ay tanggapin ang mga pagpapala ng Panginoon na "sa tuwina ay mapasa[inyo] ang Kanyang Espiritu" (D at T 20:77).

Ang Espiritu Santo, na madalas tukuyin bilang ang Espiritu, ang pangatlong miyembro ng Panguluhang Diyos. Itinuro ni Propetang Joseph Smith: "Ang Ama ay may katawang may laman at mga buto na nahihipo gaya ng sa tao; ang Anak din; subalit ang Espiritu Santo ay walang katawang may laman at mga buto, kundi isang personaheng Espiritu. Kung hindi ganito, ang Espiritu Santo ay hindi makapananahanan sa atin" (D at T 130:22).

"Sapagkat ang Espiritu ng Panginoon ay hindi nananahanan sa mga hindi banal na templo" (Helaman 4:24), kailangan tayong maging karapat-dapat sa Kanyang patnubay. Ginagawa natin ito sa pagkakaroon ng mabubuting kaisipan, pamumuhay nang may integridad, at paghahangad na sundin ang mga kautusan. ■

Para sa dagdag na impormasyon, tingnan sa 2 Nephi 31:13, 17; 32:5; 3 Nephi 27:20; Moroni 10:5–8; Joseph Smith—Kasaysayan 1:70.




## HINDI NATIN DAPAT IPAGWALANG-BAHALA ANG KALOOB NA ITO

"Tulad ng iba pang mga kaloob, ang kaloob na ito ay kailangang tanggapin bago ito matamasa. Nang ipatong ang mga kamay ng priesthood sa iyong uluhan para makumpirma kang miyembro ng Simbahan, narinig mo ang mga salitang, 'Tanggapin ang Espiritu Santo.' Hindi ibig sabihin nito na basta na lang naging palagian mong kasama ang Espiritu Santo. Binalaan tayo ng banal na kasulatan na ang Espiritu ng Panginoon ay 'hindi [palaging] makikipagpunyagi sa tao' (Genesis 6:3). Sa ating kumpirmasyon, binibigyan tayo ng *karapatan* sa patnubay ng Espiritu Santo, ngunit karapatan ito na dapat nating palaging kamtin sa pamamagitan ng pagsunod at pagkamarapat."

**Elder Joseph B. Wirthlin (1917–2008) ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Ang Hindi Masambit na Kaloob," *Liahona,* Mayo 2003, 28.**

**Matapos tanggapin ang kaloob na Espiritu Santo, marami tayong magagawa para anyayahan ang Kanyang impluwensya sa ating buhay:**



*Manalangin.*




*Pag-aralan ang mga banal na kasulatan.*



*Karapat-dapat na makibahagi ng sakramento.*





*Sumamba sa templo.*



*Panoorin ang makabuluhang media, gamitin ang malinis na pananalita, at magkaroon ng malinis na kaisipan.*

MGA PAGLALARAWAN NINA CHRISTINA SMITH, EVE TUFT, CODY BELL, AT MATTHEW REIER

# Buhay AT Kamatayan

## PANANAW NG MGA PIONEER TUNGKOL SA PAGKABUHAY NA MAG-ULI

*Habang naglalakbay ang mga nagbalik-loob sa Simbahan noong una patungo sa kanlurang bahagi ng Estados Unidos para makasama ng mga Banal, nakasagupa nila ang kamatayan ngunit pinalakas sila ng bago nilang pananampalataya sa ipinanumbalik na ebanghelyo. Narito ang mga piling bahagi mula sa salaysay ng mga pioneer na nagpapakita sa pag-asa ng mga Banal sa Pagkabuhay na Mag-uli, pati na ang nakaaalong mga katuruan mula sa unang limang Pangulo ng Simbahan.*

*Kuwento tungkol sa isang di pinangalanang ama na Scandinavian Latter-day Saint na namatayan ng batang anak habang naglalakbay mula New York papuntang Utah noong 1866:*

"Sa tulong ng isang kaibigan ay hinukay ang munting libingan at doon inihimlay ang mga labi. Ang bata ay namatay dahil sa nakahahawang sakit, walang mga tumatangis, walang pormal na seremonya, walang mga bulaklak, walang espirituwal na kanta, walang salita ng papugay sa kanya. Ngunit bago lumisan ang nagdadalamhating ama umusal siya ng maikling panalangin ng paglalaan sa kanyang katutubong wika (Danish) sa ganitong paraan: . . .

"'Ama sa Langit: Ibinigay Mo po sa akin itong munting yaman—ang mahal na batang ito, at ngayon ay tinawag mo na siya. Nawa loobin ninyo na mahimlay ang kanyang mga labi rito nang hindi nabubulabog hanggang sa umaga ng muling pagkabuhay. Gawin nawa ang iyong kalooban. Amen.'

"At sa pagtayo mula sa pagkakaluhod ang kanyang mga salita ng pamamaalam ay:

"'Paalam, mahal kong munting Hans—ang makisig kong anak.' At habang nakayuko at nagdadalamhati ang puso naglakad na siya pabalik sa kanyang kampo."[1]

*Pangulong Joseph Smith (1805–44):*


"Lubhang nakaaaliw sa mga namimighati kapag natawag silang humiwalay sa kanilang asawa, ama, ina, anak, o mahal na kamag-anak, ang malaman na, bagaman ang tabernakulo [katawan] sa lupa ay inilibing at naagnas, muli silang babangon upang manahanan sa walang hanggang lagablab sa kaluwalhatiang imortal, upang hindi na muling magdalamhati, magdusa, o mamatay, kundi sila ay magiging mga tagapagmana sa Diyos at kasamang tagapagmana ni Jesucristo."[2]


MGA PAGLALARAWAN NI MICHAEL T. MALM AT BACKGROUND NI WELDEN C. ANDERSEN © IRI



*Si Joseph Watson Young (1828–73), pamangkin ni Brigham Young na naglakbay mula England papuntang Estados Unidos noong 1853:*

"Lubhang nakakalungkot ang ilibing ang isa pang kasamahan sa katahimikan at kalaliman ng gabi na kasama ang ilang malulungkot na saksi. . . . Wala siyang kasamang kamag-anak o kahit sinong tatangis para sa kanya maliban sa isang kapwa tagapaglingkod. Ito ang pinakaaasam ng likas na tao na biglang naglaho sa isang saglit. Tinalikuran ng binatang ito ang lahat upang magpunta sa Sion, at puno ang kanyang puso ng pag-asa sa hinaharap, at hindi inisip na baka mamatay siya habang naglalakbay sila sa karagatan. Gayunman, ang pagkamatay niya ay hindi katulad ng sa mga taong walang pag-asa, sapagkat may kapayapaan siya sa kanyang Diyos, at binigyan siya ng katiyakan na maluwalhating pagkabuhay na muli sa umaga ng mga matwid."[3]





***Kaliwa: Pangulong Brigham Young. Itaas: Joseph Watson Young.***

*Pangulong Brigham Young (1801–77):*

"Anong madilim na lambak at anino itong tinatawag nating kamatayan! Ang makalagpas mula sa kalagayan ng pananatili rito kung ang katawang mortal ang pag-uusapan, tungo sa isang kalagayan ng kahungkagan, gaano kakaiba ito! Gaano kadilim ang lambak na ito! Gaano kahiwaga ang lansangang ito, at kailangang bagtasin natin itong nag-iisa. Nais kong sabihin sa inyo, mga kaibigan at mga kapatid, kung makikita natin ang bagay sa kanilang kalagayan, at kagaya ng pagkakita at pagkaunawa natin sa kanila, ang madilim na lambak at aninong ito ay napakaliit na bagay lamang kung kaya tayo ay lilingon at muling mamalasin ito at mapag-iisip, kapag nabagtas na natin ito, bakit, ito ang pinakadakilang kapakinabangan ng buo kong pagkabuhay, dahil nilisan ko na ang isang kalagayan ng kalungkutan, kapighatian, pagdadalamhati, kasawian, matinding hirap, sakit, panggigipuspos at kabiguan



PANINGIT: *BRIGHAM YOUNG*, NI JOHN WILLARD CLAWSON; LARAWANG KUHA NI JOSEPH WATSON YOUNG, SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY LIBRARY; LARAWAN NI DAN JONES © IRI; *JOHN TAYLOR*, NI A. WESTWOOD, SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY MUSEUM




tungo sa isang kalagayan ng pagkabuhay, kung saan ko matatamasa ang buhay hanggang sa pinakahangganan na maaari itong gawin nang walang katawan."[4]

*Si Dan Jones (1811–62), Welsh convert na, kasama ni Mrs. Williams at ng iba pang miyembro ng Simbahan, ay naglayag patungong Estados Unidos noong 1849:*

"Si Mrs. Williams, ng Ynysybont malapit sa Tregaron [Wales], ay lumulubha ang kalagayan, at tanda ito na hindi na magtatagal ang kanyang buhay. . . . Sinabi niya na ang pinakamalaking karangalan na natanggap niya ay ang pagiging miyembro ng tunay na simbahan ng Anak ng Diyos, na walang takot sa kanyang dibdib hinggil sa kabilang-buhay at higit kailanman ay napatunayan ngayon ng kanyang relihiyon ang katatagan nito. . . . Taimtim niyang pinayuhan ang kanyang mga anak na patuloy na maging tapat upang makasama niya sila sa pagkakamit ng mas mabuting pagkabuhay na muli. . . . Malinaw pa rin ang kanyang kaisipan sa magdamag, at kinaumagahan nang alas kuwatro kinse ay payapang lumisan ang kanyang espiritu, na nag-iwan ng ngiti sa kanyang mga labi."[5]






**Kanan: Pangulong John Taylor. Itaas: Dan Jones.**


*Pangulong John Taylor (1808–87):*

"Anong kaaliwan ang idinudulot nito sa mga yaong nagdadalamhati bunsod ng pagkamatay ng mga mahal na kaibigan, ang mabatid na tayo ay muling makikisalamuha sa kanila! Gaano ito nagpapalakas ng loob sa lahat ng yaong nabubuhay alinsunod sa mga naihayag na alituntunin ng katotohanan, lalung-lalo na marahil sa mga yaong ang buhay ay magwawakas na, na nagtitiis nang matagal hanggang sa katapusan, na malaman na hindi magtatagal ay kakawala tayo sa mga hadlang ng libingan, at babangon bilang mga kaluluwang buhay at imortal, upang magsaya sa piling ng ating subok at tapat na mga kaibigan, at hindi na makadaranas ng kamatayan, at upang matapos ang gawaing pinagagawa sa atin ng Ama!"[6]

*Si Andrew Jenson (1850–1941), Danish immigrant na naglakbay kasama ng Andrew H. Scott wagon company mula Nebraska, USA, papuntang Utah noong 1866:*

"Nang masaksihan namin ang kanilang mga bangkay [bangkay ng mga kasama naming manlalakbay] na inilagak sa inang lupa, sa ilang, kaming lahat ay tumangis, o gustong tumangis; dahil iniisip na ang paglilibing sa mga mahal sa buhay sa ganitong paraan, kung saan ang mga kaibigan at kamag-anak ay kailangang magmadali sa paglayo, nang walang pag-asang mabisitang muli ang huling hantungan ng kanilang yumao, ay nakakalungkot at napakahirap gawin. . . . Ngunit matatagpuan ang kanilang mga puntod kapag pinatunog na ni Gabriel ang kanyang trumpeta sa umaga ng unang pagkabuhay na muli. Sa gayon nahimlay ang bangkay ng mga yumaong ito habang nagmamartsa sila papuntang Sion. Pinauwi na sila ng Panginoon bago pa nila marating ang kanilang pupuntahan; hindi ipinahintulot na makita nila ang Sion sa laman; ngunit tatanggap sila ng kaluwalhatian at magagalak matapos ito; namatay sila habang sinisikap na sundin ang Diyos at ang kanyang mga kautusan, at mapapalad sila na pumapanaw sa [Panginoon]."[7]





**Kaliwa: Pangulong Wilford Woodruff. Itaas: Andrew Jenson.**

*Pangulong Wilford Woodruff (1807–98):*

"Kung wala ang ebanghelyo ni Cristo ang paghihiwalay dahil sa kamatayan ay isa sa mga pinakamalungkot na paksa na maiisip natin; ngunit kapag nasa atin na ang ebanghelyo at nalaman ang alituntunin ng pagkabuhay na muli, ang kapighatian, kalungkutan, at paghihirap na dulot ng kamatayan ay lubos na mapapawi. . . . Ang pagkabuhay na muli ng mga patay ay inilahad mismo sa naliwanagang isipan ng tao, at nagkaroon siya ng pundasyon na sasaligan ng kanyang espiritu. Ganito ang kalagayan ng mga Banal sa mga Huling Araw ngayon. Alam natin mismo, na may alam tayo sa bagay na ito; ipinahayag ito ng Diyos sa atin at nauunawaan natin ang pagkabuhay na muli ng mga patay, at ang ebanghelyo ay nagdadala sa liwanag ng buhay at imortalidad."[8]



*Para madaling mabasa, ang ilang ispeling, pagbabantas, at pagpapalaki ng titik ay isinunod sa pamantayan.*

**MGA TALA**


1. Robert Aveson, "Leaves from the Journal of a Boy Emigrant," *Deseret News,* Mar. 12, 1921, 4:7; mayroon nito sa lds.org/churchhistory/library/pioneercompanysearch.
2. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 62.
3. Joseph W. Young, Journal, Mar. 6, 1853, Church History Library, Salt Lake City, Utah; makukuha online sa mormonmigration.lib.byu.edu.

PANINGIT: *WILFORD WOODRUFF,* NI H. E. PETERSON © IRI; LARAWANG-KUHA NI ANDREW JENSON, NI HAROLD HOWELL JENSON, SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY LIBRARY; LARAWANG KUHA NI WILLIAM DRIVER, SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY LIBRARY; *LORENZO SNOW,* NI LEWIS RAMSEY, SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY MUSEUM © IRI



*William Driver (1837–1920), isang pioneer na naglakbay mula England papuntang New York, USA, noong 1866:*

"Ang pinakamamahal kong anak na si Willie, ay malubhang nagkasakit sa buong magdamag hanggang sa alas 7:30 n.u., nang makalaya na siya sa kanyang paghihirap. Pagpalain ng Diyos ang kanyang kaluluwa. Naghirap siyang mabuti. Namatay siya sa kariton ni Mr. Poulter nang masira ito sa St. Ann's Hill, Wandsworth, Surrey, England. Ah, napakasakit ng matinding dagok na ito. O Panginoon, tulungan po Ninyo ako sa pamamagitan ng inyong kapangyarihan na mabata ko ito at pukawin ako sa mas magiting at tapat na paglilingkod sa Inyo, at nawa makapaghanda ako sa buhay na ito upang magkita kami sa mas maligaya at mas mainam na mundo kasama ng kanyang mahal na kapatid na si Elizabeth Maryann, at sa pagkabuhay na muli ng mga matwid nawa naroon ako upang salubungin sila."[9]






***Kanan: Pangulong Lorenzo Snow. Itaas: William Driver.***

*Pangulong Lorenzo Snow (1814–1901)*

"Sa kabilang-buhay magkakaroon tayo ng niluwalhating mga katawan at hindi na ito magkakasakit at mamamatay. Walang kasing-ganda ang taong nabuhay na muli at niluwalhati. Wala nang mas gaganda pa sa kalagayang ito at makapiling ang ating asawa at mga anak at mga kaibigan."[10] ■

4. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Brigham Young* (1997), 305.
5. "A Letter from Capt. D. Jones to the Editor of *Udgorn Seion,*" sa Ronald D. Dennis, *The Call of Zion: The Story of the First Welsh Mormon Emigration, tomo 2* (1987), 164–65; makukuha sa mormonmigration.lib.byu.edu.
6. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: John Taylor* (2002), 62.
7. Journal ni Andrew Jenson, Ago. 20, 1866, sa *Journal History of The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints,* Okt. 8, 1866, Church History Library, Salt Lake City, Utah, 6; makukuha sa lds.org/churchhistory/library/pioneercompanysearch.
8. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Wilford Woodruff* (2005), 88–89.
9. Frank Driver Reeve, ed., *London to Salt Lake City in 1866: The Diary of William Driver* (1942), 42; makukuha sa mormonmigration.lib.byu.edu.
10. Lorenzo Snow, sa Conference Report, Okt. 1900, 63.



**Ni Elder**
**Russell M. Nelson**
Ng Korum ng
Labindalawang Apostol

# Ang Misyon at Ministeryo ni JESUCRISTO

*Ang pinakamagandang ebidensya ng pagsamba natin kay Jesus ay ang pagtulad natin sa Kanya.*

Bilang isa sa "mga natatanging saksi ng pangalan ni Cristo sa buong daigdig" (D at T 107:23), naniniwala ako na pinakamainam ang paglilingkod ko kung magtuturo at magpapatotoo ako tungkol sa Kanya. Una, maaaring itanong ko muna ang minsan Niyang itinanong sa mga Fariseo: "Ano ang akala ninyo tungkol kay Cristo? kanino bagang anak siya?" (Mateo 22:42).

Madalas pumasok sa isip ko ang tanong na ito sa pakikipagkita ko sa mga lider ng pamahalaan at ng iba't ibang relihiyon. Kinikilala ng ilan na "si Jesus ay dakilang guro." Sabi naman ng iba, "Siya ay isang propeta." May ilan naman na talagang hindi nakakakilala sa Kanya. Hindi tayo dapat magulat. Pagkatapos ng lahat, iilang tao lang ang mayroon ng ipinanumbalik na mga katotohanan ng ebanghelyo na nasa atin. Ang mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay talagang kakaunti sa kalipunan ng mga taong nagsasabing mga Kristiyano sila.

Ang kalagayan natin ngayon ay nakita noon ni Nephi maraming siglo na ang lumipas:

"At ito ay nangyari na, na namasdan ko ang simbahan ng Kordero ng Diyos, at ang bilang nito ay kakaunti . . . ; gayon pa man, namasdan ko na ang simbahan ng Kordero, na mga banal ng Diyos, ay nasa lahat din ng dako ng mundo; at ang kanilang nasasakupan sa mundo ay kakaunti. . . .

"At ito ay nangyari na, na ako, si Nephi, ay namasdan ang kapangyarihan ng Kordero ng Diyos, na ito ay napasa mga banal ng simbahan ng Kordero, at sa mga pinagtipanang tao ng Panginoon, na nakakalat sa lahat ng dako ng mundo; at nasasandatahan sila ng kabutihan at kapangyarihan ng Diyos sa dakilang kaluwalhatian" (1 Nephi 14:12, 14).

Tunay na ang kabutihang iyon, ang kapangyarihang iyon, at ang kaluwalhatiang iyon—, lahat ng ating maraming pagpapala—ay nagmula sa ating kaalaman sa, pagsunod sa, at pasasalamat at pagmamahal sa Panginoong Jesucristo.

*NAGPUNTA SI JESUS SA BETANIA SA GABI*, NI JAMES TISSOT



Sa Kanyang maikling paglalakbay sa mortalidad, naisagawa ng Tagapagligtas ang dalawang magkaugnay na mithiin. Ang isa ay ang Kanyang "gawain at [Kanyang] kaluwalhatian— . . . [na] isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao" (Moises 1:39). Simpleng sinabi Niya ang isa pa: "Kayo'y binigyan ko ng halimbawa, upang gawin naman ninyo ayon sa ginawa ko" (Juan 13:15).

Alam natin na ang una Niyang mithiin ay ang Pagbabayad-sala. Ito ang Kanyang maringal na misyon sa buhay na ito. Sa mga mamamayan ng sinaunang Amerika, ipinahayag ng Panginoon ang Kanyang misyon:

"Ako ay pumarito sa daigdig upang gawin ang kalooban ng aking Ama, sapagkat isinugo ako ng aking Ama.

"At isinugo ako ng aking Ama upang ako ay ipako sa krus; at matapos na ako ay maipako sa krus, upang mahikayat ko ang lahat ng tao na lumapit sa akin" (3 Nephi 27:13–14).

Sa pagpapatuloy ng Kanyang sermon, inihayag Niya ang kanyang pangalawang mithiin—ang maging huwaran natin: "Alam ninyo ang mga bagay na kinakailangan ninyong gawin . . . ; sapagkat ang mga gawaing nakita ninyong ginawa ko ay siya rin ninyong gagawin" (3 Nephi 27:21).

Ang Kanyang unang mithiin gaya ng inilarawan ko ay ang Kanyang *misyon.* Ang Kanyang pangalawang mithiin ay ang Kanyang *ministeryo.* Repasuhin natin ang dalawang sangkap na ito ng Kanyang buhay—Kanyang misyon at Kanyang ministeryo.


## Ang Misyon ni Jesucristo—ang Pagbabayad-sala

Ang Kanyang misyon ay ang Pagbabayad-sala. Ang misyon na iyon ay sa Kanya lamang. Isinilang sa isang mortal na ina at imortal na Ama, Siya lamang ang maaaring mag-alay ng Kanyang buhay at ibangon itong muli (tingnan sa Juan 10:14–18). Ang maluwalhating bunga ng Kanyang Pagbabayad-sala ay walang katapusan at walang-hanggan. Inalis Niya ang tibo ng kamatayan at ginawang pansamantala ang pighati ng libingan (tingnan sa I Mga Taga Corinto 15:54–55). Ang Kanyang responsibilidad sa Pagbabayad-sala ay alam na noon pa bago ang Paglikha at Pagkahulog. Hindi lamang ito maglalaan ng pagkabuhay na muli at imortalidad ng buong sangkatauhan, kundi daan din ito para mapatawad ang ating mga kasalanan—batay sa mga kondisyon na Kanyang itinakda. Dahil dito ang Kanyang Pagbabayad-sala ang nagbukas ng daan upang makapiling natin Siya at ang ating mga pamilya sa kawalang-hanggan. Ang pag-asang ito ang itinuturing nating buhay na walang-hanggan—ang pinakadakilang kaloob ng Diyos sa tao (tingnan sa D at T 14:7).

Wala nang ibang makapagsasagawa ng Pagbabayad-sala. Walang ibang tao, kahit taglay niya ang pinakamalaking yaman at kapangyarihan, ang makapagliligtas ng kahit isang kaluluwa—maging ng sarili niyang kaluluwa (tingnan sa Mateo 19:24–26). At wala ng iba pang hihilingan o papayagang magbuhos ng dugo para sa walang hanggang kaligtasan ng isa pang nilalang. Ginawa ito ni Jesus nang "minsan at magpakailan man" (Sa Mga Hebreo 10:10).


Bagamat isinagawa ang Pagbabayad-sala sa panahon ng Bagong Tipan, madalas isaad ng mga pangyayari sa panahon ng Lumang Tipan ang kahalagahan nito. Sina Eva at Adan ay nag-alay ng mga hain o handog bilang "kahalintulad ng sakripisyo ng Bugtong na Anak ng Ama" (Moises 5:7). Paano? Sa pagbubuhos ng dugo. Mula sa sarili nilang karanasan pinagtibay nila ang talata na "ang buhay ng laman ay nasa dugo" (Levitico 17:11).

Alam ng mga doktor na kapag ang dugo ay tumigil sa pagdaloy sa isang organ, magsisimula nang magkaroon ng problema. Kung hindi dumadaloy ang dugo sa paa, maaaring kangrena ang kasunod nito. Kung titigil ang pagdaloy ng dugo sa utak, maaaring stroke ang ibunga nito. Kung hindi normal ang pagdaloy ng dugo sa ugat ng puso, maaaring magkaroon ng atake sa puso. Kung hindi maampat o mapigil ang pagdurugo, kamatayan ang bunga nito.



*Sinimulang ibuhos ng Tagapagligtas ang Kanyang dugo para sa buong sangkatauhan hindi sa krus kundi sa Halamanan ng Getsemani.*

BABAE, *MASDAN ANG IYONG ANAK (STABAT MATER),* NI JAMES TISSOT © BROOKLYN MUSEUM, BROOKLYN, NEW YORK; PANINGIT: DETALYE MULA SA *SA HALAMANAN NG GETSEMANI,* NI CARL HEINRICH BLOCH



Batid nina Eva, Adan, at ng sumunod na mga henerasyon na sa tuwing magpapadanak sila ng dugo ng isang hayop, namamatay ito. Para sa kanilang rituwal ng pagsasakripisyo, hindi puwedeng *kahit anong* hayop ang ialay. Kailangang panganay ito ng kawan at walang kapintasan (tingnan, halimbawa, ang Exodo 12:5). Ang mga hinihinging ito ay simbolo ng kalaunan ay naging huling sakripisyo ng walang bahid-dungis na Kordero ng Diyos.

Sina Eva at Adan ay inutusan na: "Kaya nga, gawin mo ang lahat ng iyong ginagawa sa pangalan ng Anak, at ikaw ay magsisi at manawagan sa Diyos sa pangalan ng Anak magpakailanman" (Moises 5:8). Mula nang araw na iyon hanggang sa kalagitnaan ng panahon, ang pag-aalay ng hayop ay patuloy na naging halimbawa at anino ng Pagbabayad-sala ng Anak ng Diyos sa huli.

Nang maisagawa ang Pagbabayad-sala, ang dakila at huling sakripisyong iyon ang kaganapan ng batas ni Moises (tingnan sa Alma 34:13–14) at dito tumigil ang pag-aalay ng mga hayop, na nagturo na "ang buhay ng laman [ay] nasa dugo" (Levitico 17:11). Ipinaliwanag ni Jesus kung paanong ang mga elemento ng pag-aalay noong una ay hindi na kailangan pa sa Pagbabayad-sala at inaalaala na lang sa sakramento ang simbulo nito. Muling pansinin ang pagbanggit sa buhay, sa laman, at sa dugo:

"Sinabi nga sa kanila ni Jesus, Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, Maliban nang inyong kanin ang laman ng Anak ng tao at inumin ang kaniyang dugo, ay wala kayong buhay sa inyong sarili.

"Ang kumakain ng aking laman at umiinom ng aking dugo ay may buhay na walang hanggan; at siya'y aking ibabangon sa huling araw" (Juan 6:53–54).

Dahil sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo, ang buong sangkatauhan—maging kasindami ng magnanais—ay matutubos. Sinimulang ibuhos ng Tagapagligtas ang Kanyang dugo para sa buong sangkatauhan hindi sa krus kundi sa Halamanan ng Getsemani. Doon ay pinasan Niya sa Kanyang sarili ang bigat ng mga kasalanan ng lahat ng mabubuhay. Dahil sa bigat ng pasanin, Siya ay nilabasan ng dugo sa bawat butas ng balat (tingnan sa D at T 19:18). Ang pagdurusa ng Pagbabayad-sala ay natapos sa krus sa Calvario.

Ang kahalagahan ng Pagbabayad-sala ay ibinuod ni Propetang Joseph Smith. Sabi niya, "Ang mga saligang alituntunin ng ating relihiyon ay ang patotoo ng mga Apostol at Propeta, tungkol kay Jesucristo, na Siya'y namatay, inilibing, at muling nagbangon sa ikatlong araw, at umakyat sa langit: at ang lahat ng iba pang mga bagay na may kaugnayan sa ating relihiyon ay mga kalakip lamang nito."[1]

Sa awtoridad na iyon at sa matinding pasasalamat, nagtuturo at nagpapatotoo ako tungkol sa Kanya.

### Ang Ministeryo ni Jesucristo—ang Huwaran

Ang ikalawang walang-hanggang pakay ng Panginoon sa mortalidad ay magsilbing huwaran natin. Ang Kanyang huwarang buhay ang bumuo sa Kanyang mortal na ministeryo. Kasama rito ang Kanyang mga katuruan, talinghaga, at sermon. Saklaw nito ang Kanyang mga himala, mapagkandiling pagmamahal, at mahabang pagtitiis sa mga anak ng tao (tingnan sa 1 Nephi 19:9). Kasama rito ang Kanyang mahabaging paggamit ng awtoridad ng priesthood. Kasama rito ang Kanyang makatwirang pagkagalit nang isumpa Niya ang kasalanan (tingnan sa Mga Taga Roma 8:3) at nang itaob Niya ang mga dulang o mesa ng mga mamamalit ng salapi (tingnan sa Mateo 21:12). Kasama rin dito ang Kanyang mga kalungkutan. Siya ay kinutya, pinahirapan, at itinakwil ng Kanyang sariling mga tao (tingnan sa Mosias 15:5)—ipinagkanulo ng isang alagad at itinatwa ng isa pa (tingnan sa Juan 18:2–3, 25–27).

Kagila-gilalas man ang nagawa Niyang ministeryo, yaon ay hindi, noon at ngayon, para sa Kanya lamang. Walang hangganan ang bilang ng mga taong maaaring sumunod sa halimbawa ni Jesus. Gayon din ang ginawa ng Kanyang mga propeta at apostol at ng iba pa sa Kanyang mga awtorisadong tagapaglingkod. Marami ang nagtiis ng pang-aalipusta para sa Kanya (tingnan sa Mateo 5:10; 3 Nephi 12:10). Sa ating panahon, may kilala kayong mga kapatid na nagsikap na mabuti—kahit napakatindi ng naging kapalit nito—para tularan ang halimbawa ng Panginoon.

Iyan ang dapat mangyari. Iyan ang inaasahan Niya para sa atin. Hiniling ng Panginoon na sundan natin ang Kanyang halimbawa. Napakalinaw ng Kanyang mga pakiusap:

- "Maging anong uri ng mga tao ba nararapat kayo? . . . Maging katulad ko" (3 Nephi 27:27; tingnan din sa 3 Nephi 12:48).
- "Magsisunod kayo sa hulihan ko at gagawin ko kayong mamamalakaya ng mga tao" (Mateo 4:19).
- "Sapagka't kayo'y binigyan ko ng halimbawa, upang gawin naman ninyo ayon sa ginawa ko" (Juan 13:15; tingnan din sa Juan 14:6).


Ito at ang iba pang mga katulad nitong talata ay hindi isinulat bilang mga mungkahi. Ito ay mga banal na kautusan! Dapat nating sundan ang Kanyang halimbawa!

Para maisagawa ang hangarin nating sumunod sa Kanya, marahil puwede nating isaalang-alang ang limang aspeto ng Kanyang buhay na maaari nating tularan.

***Pag-ibig, pagmamahal***

Kung itatanong ko kung aling katangian ng Kanyang buhay ang una mong babanggitin, baka unahin ninyo ang katangian Niyang magmahal. Kasama rito ang Kanyang pagkahabag, kabaitan, pag-ibig sa kapwa, katapatan, pagpapatawad, awa, katarungan, at marami pang iba. Minahal ni Jesus ang kanyang Ama at ang Kanyang ina (tingnan sa Juan 19:25–27). Minahal Niya ang Kanyang pamilya at ang mga Banal (tingnan sa Juan 13:1; II Mga Taga Tesalonica 2:16). Minahal Niya ang makasalanan nang hindi binibigyang-katwiran ang kasalanan (tingnan sa Mateo 9:2; D at T 24:2). At itinuro Niya kung paano natin maipapakita ang ating pagmamahal sa Kanya. Sabi Niya, "Kung ako'y inyong iniibig, ay tutuparin ninyo ang aking mga utos" (Juan 14:15). At, para bigyang-diin na ang Kanyang pag-ibig ay may *kondisyon,* idinagdag Niya na, "Kung tinutupad ninyo ang aking mga utos, ay magsisipanahan kayo sa aking pagibig; gaya ng aking pagtupad sa mga utos ng aking Ama, at ako'y nananatili sa kaniyang pagibig" (Juan 15:10; tingnan din sa D at T 95:12; 124:87).

Ang isa pang pagpapakita ng pagmamahal ng ating Tagapagligtas ay ang Kanyang paglilingkod. Pinaglingkuran Niya ang Kanyang Ama, at naglingkod Siya sa mga taong kasalamuha Niya. Dapat nating sundan ang Kanyang halimbawa sa ganitong mga paraan. Dapat nating paglingkuran ang Diyos,





*Ang kakaibang katangian ng Kanyang itinuturo kumpara sa lahat ng iba pang mga guro ay, na nagturo Siya ng mga katotohanan na walang-hanggan ang kahalagahan. Siya lamang ang makapaghahayag ng layunin natin sa buhay.*



ANG SERMON SA BUNDOK, NI JAMES TISSOT; PANINGIT: DETALYE MULA SA *SI CRISTO AT ANG MAYAMANG BATANG PINUNO*, NI HEINRICH HOFMANN, SA KAGANDAHANG-LOOB NG C. HARRISON CONROY CO.



“lumakad ka sa lahat ng kaniyang mga daan, at ibigin mo siya” (Deuteronomio 10:12; tingnan din sa 11:13; Josue 22:5; D at T 20:31; 59:5). At dapat nating mahalin ang ating kapwa sa pamamagitan ng paglilingkod sa kanila (tingnan sa Mga Taga Galacia 5:13; Mosias 4:15–16). Simulan natin sa ating mga pamilya. Ang matinding pagmamahal na nagbibigkis sa mga magulang sa kanilang mga anak ay nabubuo sa paglilingkod sa kanila sa panahong lubusan pa silang nakaasa sa mga magulang. Kalaunan sa buhay ang mga anak ay maaaring magkaroon ng pagkakataong gantihan ang pagmamahal na iyon kapag pinaglingkuran nila ang kanilang mga magulang na nagkakaedad na.

***Mga Ordenansa***

Ang ikalawang aspeto ng huwarang buhay ng Tagapagligtas ay ang pagbibigay-diin Niya sa mga sagradong ordenansa. Noong Kanyang mortal na ministeryo ipinakita Niya ang kahalagahan ng mga ordenansa ng kaligtasan. Bininyagan Siya ni Juan sa Ilog ng Jordan. Nagtanong pa nga si Juan, “Bakit?”

Ipinaliwanag ni Jesus na, “Sapagka’t ganyan ang nararapat sa *atin* ang pagganap ng buong katuwiran” (Mateo 3:15; idinagdag ang pagbibigay-diin). Hindi lamang mahalaga ang ordenansa, kundi mahalaga rin ang halimbawang ipinakita nina Jesus at Juan.

Kalaunan pinasimulan ng Panginoon ang ordenansa ng sakramento. Ipinaliwanag Niya ang simbolismo ng sakramento at ipinagkaloob ang mga sagradong sagisag nito sa Kanyang mga disipulo (tingnan sa Mateo 26:26–28; Marcos 14:22–24; Lucas 24:30).

Nagbilin din ang ating Ama sa Langit tungkol sa mga ordenansa. Sabi niya: “Kayo ay kinakailangang isilang na muli sa kaharian ng langit, sa tubig, at sa Espiritu, at malinisan sa pamamagitan ng dugo, maging ng dugo ng aking Bugtong na Anak; upang kayo ay mapabanal mula sa lahat ng kasalanan, at magtamasa ng mga salita ng buhay na walang hanggan sa daigdig na ito, at buhay na walang hanggan sa daigdig na darating, maging ang walang kamatayang kaluwalhatian” (Moises 6:59).

Sa ministeryo ng Panginoon nang wala na Siya sa mundo, ang mas mataas na ordenansa ng kadakilaan ay inihayag (D at T 124:40–42). Naglaan Siya para sa mga ordenansang ito sa Kanyang mga banal na templo. Sa ating panahon, ang mga paghuhugas, pagpapahid ng langis, at endowment ay ipinagkakaloob sa mga taong nakapaghanda (tingnan sa D at T 105:12, 18, 33; 110:9; 124:39). Sa loob ng templo, ang isang tao ay maaaring ibuklod sa asawa, sa mga ninuno, at sa mga inapo (tingnan sa D at T 132:19). Ang ating Panginoon ay Diyos ng batas at kaayusan (tingnan sa D at T 132:18). Ang pagtutuon Niya ng pansin

sa mga ordenansa ay mabisang bahagi ng Kanyang halimbawa sa atin.

***Panalangin***

Ang ikatlong aspeto ng huwarang ministeryo ng Panginoon ay ang panalangin. Nanalangin si Jesus sa Kanyang Ama sa Langit at tinuruan din tayo kung paano manalangin. Dapat tayong manalangin sa Diyos ang Amang Walang Hanggan sa pangalan ng Kanyang Anak na si Jesucristo, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo (tingnan sa Mateo 6:9–13; 3 Nephi 13:9–13; Joseph Smith Translation, Matthew 6:9–15). Gustung-gusto ko ang Panalangin ng Pamamagitan ng Panginoon na nakatala sa Juan, kabanata 17. Doon ang Anak ay malayang nakipag-usap sa Kanyang Ama alang-alang sa Kanyang mga disipulo, na minamahal Niya. Ito ay modelo ng epektibo at mahabaging panalangin.

***Kaalaman***

Ang ikaapat na aspeto sa huwaran ng Panginoon ay ang paggamit ng Kanyang banal na kaalaman. Gaya ng nabanggit kanina, kinikilala ng maraming di-Kristiyano si Jesus bilang isang dakilang guro. Tunay na dakila Siyang guro. Pero ano ba ang kaiba sa Kanyang mga itinuturo? Siya ba ay bihasang tagapagturo ng engineering, mathematics, o science? Bilang Tagapaglikha nito at ng iba pang mga daigdig (tingnan sa Moises 1:33), tiyak na bihasa Siya. O, bilang May-akda ng banal na kasulatan, mainam Niyang maituturo kung paano magsulat.

Ang kakaibang katangian ng Kanyang itinuturo kumpara sa lahat ng iba pang mga guro ay, na nagturo Siya ng mga katotohanan na *walang-hanggan* ang kahalagahan. Siya lamang ang makapaghahayag ng layunin natin sa buhay. Tanging sa pamamagitan Niya natin malalaman ang tungkol sa ating *premortal* na buhay at ating potensiyal sa *kabilang-buhay*.

Minsan sinabi ng Dakilang Guro sa Kanyang mapag-alinlangang mga tagapakinig na may tatlo silang saksi tungkol sa Kanya:

- Si Juan Bautista.
- Ang mga ginawa ni Jesus.
- Ang salita ng Diyos, ang Amang Walang Hanggan (tingnan sa Juan 5:33–39).

Ang salitang *iniisip* sa katagang iyon ay tila hindi akma. Ngunit mahalaga ito sa ibig sabihin ni Jesus. Alam Niya na marami sa Kanyang mga tagapakinig ang *nag-iisip* na nasa mga banal na kasulatan ang buhay na walang-hanggan. Ngunit mali sila. Ang mga banal na kasulatan lamang ay *hindi* makapagkakaloob ng buhay na walang-hanggan. Siyempre may kapangyarihan sa banal na kasulatan, ngunit ang kapangyarihang iyon ay mula kay Jesus mismo. Siya *ang* Salita: *Logos*. Ang kapangyarihan ng buhay na walang-hanggan ay nasa Kanya, na "nang pasimula siya ang Verbo, at ang Verbo ay sumasa Dios, at ang Verbo ay Dios" (Juan 1:1; tingnan din sa 2 Nephi 31:20; 32:3). At, dahil sa tigas ng ulo ng mga tumutuligsa sa Kanya, pinagsabihan sila ni Jesus: "Ayaw kayong magsilapit sa akin, upang kayo'y magkaroon ng buhay [na walang hanggan]" (Juan 5:40).

Puwede tayong gulatin at pahangain ng Guro sa Kanyang pambihirang kaalaman, ngunit hindi Niya ito ginagawa. Iginagalang niya ang ating kalayaan. Hinahayaan Niyang masiyahan tayo sa pagtuklas. Hinihikayat Niya tayong pagsisihan ang ating sariling mga pagkakamali. Hinahayaan Niyang danasin natin ang kalayaan na nagmumula sa kahandaan nating sumunod sa Kanyang banal na batas. Oo, ang paraan Niya ng paggamit ng Kanyang kaalaman ay nagbibigay sa atin ng napakagandang halimbawa.

***Pagtitiis***

Ang ikalimang aspeto ng ministeryo ng Panginoon ay ang Kanyang pangakong magtitiis hanggang wakas. Hindi Niya kailanman tinalikuran ang ipinagagawa sa Kanya. Kahit dumanas Siya ng pagdurusa na hindi natin kayang unawain, hindi Siya sumuko. Sa kabila ng matitinding pagsubok tiniis Niya hanggang wakas ang ipinagawa sa Kanya: ang magbayad-sala para sa kasalanan ng buong sangkatauhan. Ang Kanyang mga huling salita habang nakabayubay Siya sa krus ay, "Naganap na" (Juan 19:30).

**Aplikasyon sa Ating Buhay**


Itong limang aspeto ng Kanyang ministeryo ay maaaring iangkop sa ating buhay. Tunay na ang pinakamainam na ebidensya ng ating pagsamba kay Jesus ay ang pagtulad natin sa Kanya.

Kapag natanto natin kung sino si Jesus at ano ang ginawa Niya para sa atin, mauunawaan natin, kahit papaano, ang lohika ng una at dakilang utos: "Iibigin mo ang Panginoon mong Dios ng buong puso mo, at ng buong kaluluwa mo, at ng buong pagiisip mo, at ng buong lakas mo" (Marcos 12:30). Sa madaling salita, lahat ng iniisip at ginagawa at sinasabi natin ay dapat dahil sa pagmamahal natin sa Kanya at sa Kanyang Ama.

Itanong sa iyong sarili, "May iba pa ba akong mas mahal kaysa sa Panginoon?" Pagkatapos ay ikumpara ang iyong sagot sa mga pamantayang ito na itinakda ng Panginoon:

- "Ang umiibig sa ama o sa ina nang higit kay sa akin ay hindi karapatdapat sa akin."
- "Ang umiibig sa anak na lalake o sa anak na babae ng higit kay sa akin ay hindi karapatdapat sa akin" (Mateo 10:37).

*ANG BUONG LUNGSOD AY MAGKAKASAMANG NAGTIPON*, NI JAMES TISSOT



Ang huwarang buhay ng Panginoon ang bumuo sa Kanyang mortal na ministeryo. Kasama rito ang Kanyang mga katuruan, talinghaga, at sermon. Kasama rito ang Kanyang mahabaging paggamit ng awtoridad ng priesthood.

Ang *pag-ibig* sa pamilya at mga kaibigan, kahit na napakalaki nito, ay mas matindi kapag nakasalig sa pag-ibig ni Jesucristo. Ang pagmamahal ng mga magulang sa mga anak ay mas makabuluhan dito at sa susunod na buhay dahil sa Kanya. Lahat ng pagmamahalan ay lalo pang napagbubuti sa Kanya. Ang pag-ibig ng ating Ama sa Langit at ni Jesucristo ay nagbibigay ng liwanag, inspirasyon, at panghihikayat na mahalin ang iba sa mas marangal na paraan.

Ang mga *ordenansa* ay nakatuon sa paglilingkod na may halaga magpasawalang-hanggan. Dapat isaisip ng mga magulang kung aling ordenansa ang susunod na kailangan ng bawat anak. Dapat isipin ng mga home teacher ang angkop na ordenansa na susunod na kakailanganin sa bawat pamilyang pinaglilingkuran nila.

Ang halimbawa ng *panalangin* ng Tagapagligtas ay nagpapaalala sa atin na ang personal na panalangin, panalangin ng pamilya, at panalangin para sa ating mga gagawin sa Simbahan ay dapat maging bahagi ng ating buhay. Ang malaman at gawin ang kalooban ng Ama ay nagbibigay ng malaking espirituwal na kalakasan at pagtitiwala (tingnan sa D at T 121:45). Gugustuhin nating mapunta sa panig ng Panginoon.

Ang *kaalaman* "ng mga bagay kung ano talaga ang mga ito, at mga bagay kung ano talaga ang magiging ito" (Jacob 4:13) ay nagtutulot sa ating kumilos sa mga tunay na alituntunin at doktrina. Ang kaalamang iyon ang mag-aangat sa ating antas ng pag-uugali. Ang ibang mga gawa na maaaring bunga ng makasariling mga hangarin at damdamin ay mapapalitan ng mga gawaing ginabayan ng katuwiran at kabutihan.

Ang ibig sabihin ng pangakong *magtitiis hanggang wakas* ay hindi natin hihilingin na i-release tayo sa tawag na maglingkod. Ibig sabihin nito magiging masigasig tayo sa pagkakamit ng marapat na mithiin. Ibig sabihin nito hindi tayo titigil sa pagsagip sa mahal sa buhay na naligaw ng landas. At ibig sabihin nito palagi nating pahahalagahan ang ugnayan ng ating walang hanggang pamilya, kahit sa mahihirap na panahon ng karamdaman, kapansanan, o kamatayan.

Buong puso kong idinadalangin na gumawa ng malaking kaibhan sa inyong buhay ang nakapagpapabagong impluwensya ng Panginoon. Ang Kanyang misyon at Kanyang ministeryo ay magpapala sa bawat isa sa atin ngayon at magpakailanman. ■

*Mula sa mensahe sa debosyonal na ibinigay noong Agosto 18, 1998, sa Brigham Young University. Para sa buong teksto sa Ingles, bumisita sa speeches.byu.edu.*

**TALA**

1. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 58.

# Linggo ng Paskua



Isinakatuparan ng ating Tagapagligtas na si Jesucristo ang Pagbabayad-sala—na kinapapalooban ng Kanyang pagdurusa sa Getsemani, Pagpapako sa Krus sa Golgota, at Kanyang Pagkabuhay na Muli mula sa libingan—sa huling linggo ng Kanyang buhay.

Sa Konseho sa Kalangitan bago nilikha ang daigdig, inilahad ng Ama sa Langit ang Kanyang plano para sa atin, na Kanyang mga anak. Nagsigawan tayo sa galak nang piliin ng Ama sa Langit si Jesucristo para magsakatuparan ng plano ng kaligtasan (tingnan sa Job 38:7 at Abraham 3:27). Isinilang kay Maria sa Betlehem, namuhay si Jesus nang walang kasalanan. Dahil sa Kanyang Pagbabayad-sala, makababalik tayo sa piling ng ating Ama sa Langit at makatatanggap ng buhay na walang-hanggan. Muling darating si Jesucristo sa kapangyarihan at kaluwalhatian upang manirahan sa lupa sa Milenyo, at Siya ang tatayong Hukom ng lahat ng tao sa huling araw.

Narito ang mga imahe mula sa mga Biblie video na naglalarawan sa huling linggo ng buhay ng Tagapagligtas. Isiping basahin ang mga talata ng banal na kasulatan para sa bawat larawan. Para sa buong kronolohiya ng mga pangyayari, sumangguni sa pagkakasundo ng apat na Ebanghelyo sa Bible Dictionary o sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan. Ang mga Bible video ay makukuha sa biblevideos.lds.org.

IMAGES © IRI

*Sa ikalimang araw bago ang Paskua, pumasok si Jesus sa Jerusalem sakay ng isang asno gaya ng ipinropesiya. Nakilala Siya ng mga tao bilang kanilang Hari, sumigaw ng "Hosana," at inilatag ang kanilang mga kasuotan at palaspas sa harapan ng asno. (Tingnan sa Mateo 21:1–11; Marcos 11:1–11; Zacarias 9:9.)*





*Sa ikalawang pagkakataon noong Kanyang mortal na ministeryo, nilinis ni Jesus ang paligid ng templo. "Ang aking bahay ay tatawaging bahay ng panalanginan, datapuwa't ginagawa ninyong yungib ng mga tulisan," ang sabi Niya sa mga mamamalit ng salapi (Mateo 21:13). Pagkatapos marami sa mga bulag at lumpo ang lumapit sa Kanya sa templo, at pinagaling Niya sila. Ngunit nang makita ng mga punong saserdote at escriba ang Kanyang mga himala, nagalit sila at naghanap ng paraan para sirain Siya. (Tingnan sa Mateo 21:12–17; Marcos 11:15–19.)*




*Si Jesucristo, ang Bugtong na Anak ng Ama, ay nagpakababa na pumarito sa mundo upang tubusin ang lahat ng tao mula sa Pagkahulog. (Tingnan sa 1 Nephi 11:16–22, 26–33; Alma 7:10–13.)*



*Sa buong linggo, ibinigay ng Tagapagligtas ang ilan sa Kanyang hindi malilimutang mga sermon, kabilang na ang pagtuturo tungkol sa lepta ng balo. (Tingnan sa Marcos 12:41–44; Lucas 21:1–4.)*



*Sa Halamanan ng Getsemani, ang Tagapagligtas ay lumuhod at nanalangin, at dahil sa pagdurusa Niya sa mga kasalanan ng daigdig Siya ay "[nanginig] dahil sa sakit, at [nilabasan] ng dugo sa bawat pinakamaliit na butas ng balat, at [nagdusa] kapwa sa katawan at espiritu" (D at T 19:18). Hindi nagtagal inaresto ni Judas Iscariote at ng mga lalaking may sandata si Jesus, at tinalikuran ng lahat ng mga disipulo ang Panginoon at tumakas sila. (Tingnan sa Mateo 26:36–56; Marcos 14:32–50; Lucas 22:39–53.)*



*Sa Kanyang huling hapunan, nangako si Jesus sa Kanyang mga apostol na matatanggap nila ang Tagaalo, o ang Espiritu Santo, kapag wala na Siya. Itinuro Niya sa kanila na alalahanin Siya sa pagtanggap ng sakramento. Pagkatapos ng gabi, inialay ni Jesus ang Panalangin ng Pamamagitan, kung saan ipinagdasal Niya na magkaisa ang mga disipulo. (Tingnan sa Mateo 26:17–30; Marcos 14:12–26; Lucas 22:14–32; Juan 13–17.)*





*Matapos ang labag sa batas na paglilitis at malupit na paghagupit, hinayaan ni Jesucristo na mapako Siya sa krus, upang malubos ang "dakila at huling hain" na siyang nagbigay-daan upang maging posible ang kaligtasan para sa lahat ng mga anak ng Diyos (tingnan sa Alma 34:14–15). Bago gumabi, inalis ng mga tagasunod ni Jesus ang Kanyang katawan mula sa krus, dinamitan Siya ng lino at mga unguento, at inihimlay Siya sa isang libingan. (Tingnan sa Mateo 27; Lucas 23; Marcos 15; Juan 19.)*





*Sumapit ang bukang-liwayway ng Linggo, at si Maria Magdalena at ang iba pang matatapat na kababaihan ay dumating sa puntod upang pahiran pa ng langis ang katawan ni Jesus. Nakita nila ang bato ng libingan na iginulong palayo at ang dalawang anghel na nagpahayag ng mabuting balita: "Siya'y wala rito: sapagka't siya'y nagbangon" (Mateo 28:6). Dinaig ng nabuhay na muling Tagapagligtas ang kamatayang pisikal at ginawang posible para sa bawat isa sa atin na mabuhay muli: "Sapagka't kung paanong kay Adam ang lahat ay nangangamatay, gayon din naman kay Cristo ang lahat ay bubuhayin" (I Mga Taga Corinto 15:22). (Tingnan sa Mateo 28; Marcos 16; Lucas 24; Juan 20).* ■

# Pagtulong sa mga Bata
## NA MAGHANDA PARA SA BINYAG

**Nina Jessica Larsen at Marissa Widdison**
Mga Magasin ng Simbahan

Ang pagkabata ay panahon ng maraming masasayang unang pangyayari. Ang unang pagsakay ng bisikleta, pagpasok sa eskuwela, o pagtikim sa bagong pagkain ay ilan sa nakasasabik na mga bagay na humuhubog sa buhay ng isang bata. Bilang matatanda may pagkakataon tayong tulungan ang mga bata sa landas ng pagtuklas. Bilang matatanda sa Simbahan, may pagkakataon din tayong tulungan silang umunlad sa ebanghelyo (tingnan sa D at T 68:25). Ano ang maaari nating gawin upang matiyak na ang binyag ng isang bata—ang unang tipan na ginagawa ng isang tao sa ating mapagmahal na Ama sa Langit—ay maganda at makabuluhang pangyayari?

"Pangunahing layunin ng Simbahang ito na turuan ang kabataan: una sa tahanan at pagkatapos sa simbahan," itinuro ni Pangulong Boyd K. Packer.[1]

Sa kasunod na mga halimbawa, ibinabahagi ng mga magulang kung paano nila inihanda ang kanilang mga anak para sa mga sagradong ordenansa at tipan ng binyag at kumpirmasyon.



### Maaga Kaming Nagsisimula

"Ang pagtuntong ng bawat bata sa edad na pitong taon ay panahon para magdiwang," sabi ni Lori, na may apat na anak. Itinuturo nilang mag-asawa sa kanilang mga anak ang tungkol sa binyag mula sa araw na isilang sila. Gayunman, kapag pitong taong gulang na ang bawat bata, sinisimulan ng kanilang pamilya ang mas detalyadong paghahanda. Nagdaraos sila ng family home evening lesson bawat buwan tungkol sa iba't ibang paksa na may kaugnayan sa binyag, tulad ng mga tipan at halimbawa ni Jesus.

Sabi ni Lori ang mga lesson sa buwan ng ikawalong kaarawan ng mga bata ay lalong magiliw. Ipinakikita niya sa mga bata ang damit na isinuot nila noong bigyan sila ng pangalan at basbas, at ikinukuwento niya ang tungkol sa araw nang isagawa ang ordenansang iyon.

"Napakagandang panahon nito para ituon ang pansin sa mga pagpapalang hatid ng mga tipan sa templo," ang sabi ni Lori. "Palagi naming itinuturo na ang desisyon na magpabinyag ang unang hakbang sa paghahanda para sa mga pagpapala ng templo."

### Ginagawa Namin Itong Pampamilya

Inirerekomenda ni Monica, na may apat na anak, na isali ang mas nakatatandang mga anak sa pagtulong sa nakababatang mga kapatid sa paghahanda hangga't maaari. "Ang marinig ang kanilang kuya o ate na nagpapatotoo at nagbabahagi ng kanyang karanasan ay may dagdag na bisa," sabi niya. Idinagdag pa ni Lori na kung minsan ay hinihiling nila sa mga batang naghahanda para sa binyag na ituro ang natutuhan nila sa nakababata nilang mga kapatid.





MGA PAGLALARAWAN NINA JOHN LUKE, CRAIG DIMOND, AT CODY BELL

## Ginagamit Namin Ito Bilang Kasangkapan ng Missionary

Nang walong taong gulang na ang anak na babae ni Daniel, alam niyang gugustuhin niyang makasama sa araw ng kanyang binyag ang mga kaibigan na hindi mga miyembro ng Simbahan. Kaya nagpasiya ang kanilang pamilya na magpadala ng mga imbitasyon para sa binyag ni Allison sa mga kaibigan sa eskuwelahan at sa mga kapitbahay. Hinilingan ang mga kaibigan na ito na magdala sa binyag ng mga paboritong talata sa Biblia. Pagkatapos ng binyag, ginuhitan ni Allison ang mga talata sa kanyang bagong banal na kasulatan at isinulat ang mga pangalan ng kanyang mga kaibigan sa mardyin.

"Siyempre, bilang kanyang pamilya, marami kaming ginawa nang araw na iyon. Pero hinayaan naming makasama niya sandali ang mga kaibigan pagkatapos ng binyag at makipag-usap sa kanila tungkol sa nadama niya," sabi ni Daniel. "Ang sarap talaga ng pakiramdam na makita ang anak namin na nagpapakita ng halimbawa."

## Pinapraktis Namin ang Interbyu ng Bishop

Naaalala ni Kimberly, na may mga anak na malapit nang binyagan, ang pagpunta sa opisina ng bishop para sa kanyang interbyu sa binyag noong siya ay walong taong gulang. "Kabang-kaba ako noon!" sabi ni Kimberly.

Ngayon sinisikap niyang tiyakin na hindi matataranta ang kanyang mga anak. Kinakausap nilang mag-asawa ang kanilang mga anak tungkol sa interbyu ng bishop at tinatanong sila tungkol sa binyag na parang iniinterbyu na sila. Sa pamamagitan nito hindi lang nagiging pamilyar ang mga bata sa proseso ng interbyu—hinihikayat din nito ang mga bata na mag-isip nang malalim tungkol sa kahulugan sa kanila ng tipan ng binyag.

## Napakaganda ng Aming Pagkakataon

Agad itinuturo ng mga magulang na ito na hindi labis ang kanilang ginawa sa paghahanda ng kanilang mga anak para sa binyag at kumpirmasyon, ngunit ginamit ng marami sa kanila ang mga salitang tulad ng "puspusan" at "palagian" para ilarawan ang mga lesson na itinuro nila sa nakalipas na mga taon. "Sinigurado naming nauunawaan ng mga anak namin na mahalagang hakbang ito sa kanilang buhay, at importante ito," sabi ni Kimberly. "Tiniyak namin palagi na kami ang naghahanda sa kanila, at hindi umaasa lamang na tinuturuan sila ng kanilang mga guro sa Primary."

Napakaganda ng pagkakataong ibinigay sa amin para tulungang maghanda ang minamahal naming mga anak sa binyag at kumpirmasyon! Habang mapanalangin nating ginagawa ito, makakasama natin ang Panginoon sa paghubog ng unang paggawa na ito ng tipan para maging mabisang pundasyon ito sa kanilang espirituwal na pag-unlad balang-araw. ■

*Sinasagot ng susunod na dalawang pahina ang ilang tanong ng mga bata tungkol sa binyag at kumpirmasyon.*

**TALA**

1. Boyd K. Packer, "Turuan ang mga Bata," *Liahona,* Mayo 2000, 16.

# Pag-unawa sa Binyag

Ni Marissa Widdison
Mga Magasin ng Simbahan





***Sino ang magbibinyag sa akin?***

Ang sinumang magbibinyag sa iyo ay kailangang mayhawak ng priesthood—ang kapangyarihan na kumilos sa pangalan ng Diyos. Noong gusto ni Jesus na magpabinyag, nagpunta Siya kay Juan Bautista, na nagtataglay noon ng priesthood (tingnan sa Mateo 3:13).

Ang taong magbibinyag sa inyo ay hihingi ng pahintulot mula sa inyong bishop o branch president.



***Kailangan ba akong ilubog sa tubig para mabinyagan?***

Si Jesus ay bininyagan sa pamamagitan ng paglulubog sa tubig, ibig sabihin talagang nakalubog Siya sa tubig at kaagad na umahon muli (tingnan sa Mateo 3:16). Sa ganitong paraan ka bibinyagan. Ang pagpapabinyag sa ganitong paraan ay nagpapaalala sa atin na tinatalikuran na natin ang dati nating buhay at nagsisimula ng bagong buhay na ilalaan sa paglilingkod sa Diyos at sa Kanyang mga anak.

***Ano ang mga pangakong gagawin ko kapag bininyagan ako?***


Kapag bininyagan ka, gagawa ka ng tipan, o pakikipagpalitan ng pangako, sa Ama sa Langit. Nangangako ka sa Kanya na gagawin mo ang partikular na mga bagay, at nangangako Siyang pagpapalain ka. Ang tipan na ito ay nakalarawan sa mga panalangin ng sakramento na binibigkas tuwing Linggo (tingnan sa D at T 20:77–79). Ang pangako mo:

- Aalalahanin si Jesucristo.
- Susundin ang Kanyang mga kautusan.
- Tataglayin mo sa iyong sarili ang pangalan ni Cristo, na ibig sabihin ay uunahin mo ang Kanyang gawain sa iyong buhay at gagawin ang nais Niya sa halip na gawin ang gusto ng daigdig.

Sa pagtupad mo sa pangakong ito, nangangako ang Ama sa Langit na makakasama mo ang Espiritu Santo at patatawarin ang iyong mga kasalanan.



PHOTO © DYNAMIC GRAPHICS; MGA PAGLALARAWAN NINA DAVID STOKER, MATTHEW REIER, AT SARAH JENSON



***Ano po ang Espiritu Santo?***

Ang kaloob na Espiritu Santo ay isa sa pinakamahahalagang kaloob ng Ama sa Langit. Ang iyong binyag sa tubig ay hindi kumpleto hangga't hindi ka nabibigyan ng basbas ng kalalakihan na mayhawak ng Melchizedek Priesthood para tanggapin ang Espiritu Santo (tingnan sa Juan 3:5).

Ang Espiritu Santo ay miyembro ng Panguluhang Diyos. Nagpapatotoo Siya sa Ama sa Langit at kay Jesucristo at tinutulungan tayong malaman ang totoo. Tinutulungan Niya tayo na maging matatag ang ating espiritu. Binabalaan Niya tayo kapag may panganib. Tinutulungan Niya tayong matuto. Matutulungan tayo ng Espiritu Santo na madama ang pag-ibig ng Diyos.

Kapag nakumpirma kang miyembro ng Simbahan, maaaring palaging mapasaiyo ang Espiritu Santo kung pipiliin mo ang tama.



***Bakit kailangang walong taong gulang ako para mabinyagan?***

Itinuturo ng Panginoon na ang mga bata ay hindi dapat binyagan hangga't wala sila sa hustong edad para maunawaan ang pagkakaiba ng tama at mali, na sinasabi ng mga banal na kasulatan na walong taong gulang (tingnan sa Moroni 8:11–12; D at T 29:46–47; 68:27).



**Ni Elder Jairo Mazzagardi**
Ng Pitumpu

# Nabighani sa Templo



*Para sa maraming mabubuting tao, ang templo ang pumupukaw ng damdamin na kaagad tumitimo sa puso.*

Bago ako tinawag bilang miyembro ng Pangalawang Korum ng Pitumpu, kaming mag-asawa ay naglingkod nang ilang taon sa Campinas at São Paulo Brazil Temple. Sa kapwa mga templong ito, palagi akong humahanga sa pagkabighani ng mga taong dumaraan malapit sa templo na tumitigil pa sila, pumapasok, at nagtatanong tungkol dito.

Pagpasok nila, sinasabihan namin sila na hanggang doon na lang sila kung walang wastong paghahanda. Pagkatapos ay ipinapaliwanag namin ang layunin ng templo, nagbabahagi ng ilang pangunahing doktrina ng ebanghelyo, at inaanyayahan silang makipagkita sa mga missionary. Para sa maraming mabubuting tao, ang templo mismo ay isang magaling na missionary dahil nadarama rito ang damdamin na kaagad tumitimo sa puso.

Alam namin unang-una ng asawa kong si Elizabeth ang kapangyarihan ng gayong damdamin. Halos 40 taon na ang nakalipas, isang mabuting kaibigan at kasamahan, miyembro ng Simbahan, ang nagsimulang magbanggit tungkol sa ebanghelyo sa aming pag-uusap. May ilang pagkakataon na ipinadala niya ang mga missionary para bisitahin kami. Nagustuhan namin ang mga missionary at pumayag na maturuan, pero hindi kami talaga interesado noon sa ituturo nila.

Nagbago iyan noong Oktubre 1978, nang imbitahin ng kasamahan ko ang ilang kaibigan, pati na kami, papunta sa São Paulo Brazil Temple open house. Siya ang gumastos sa pag-arkila ng ilang bus para makasama niya ang kanyang mga kaibigan sa templo, na mga 50 milya (80 km) ang layo.

Nang pumasok na si Elizabeth sa baptistry, may nadama siya na noon lang niya naranasan, na kalaunan ay nakilala niyang ang Espiritu Santo. Nakadama siya ng malaking kaligayahan sa kanyang puso. Nalaman niya nang sandaling iyon na ang Simbahan ay totoo at, na iyon ang Simbahan na gusto niyang aniban.

Ganoon din ang nadama ko pagkatapos ng open house, nang samahan kami papunta sa sealing room at itinuro ang doktrina ng mga walang-hanggang pamilya. Naantig ako sa doktrina. Tagumpay ako sa aking propesyon, pero matagal ko nang nadarama ang kahungkagan sa aking kaluluwa. Hindi ko alam kung ano ang makapupuno sa kahungkagang iyon, pero nahiwatigan ko na may kinalaman ito sa pamilya. Doon, sa sealing room, nagsimulang maging maayos ang mga bagay sa puso at isipan ko.

Sa loob ng ilang araw, muli kaming kinontak ng mga missionary. Sa pagkakataong ito talagang interesado na kaming marinig ang kanilang mensahe.

Hinikayat kami ng mga elder na manalangin nang taimtim tungkol sa katotohanan. Nagpasiya ako na ito lamang ang paraan upang *makapagdasal* ako. Nalaman ko na hindi ako makakapangakong sasapi sa Simbahan kung wala akong tunay na patotoo. Sabik akong lumapit sa Ama sa Langit para humingi ng patunay mula sa Kanya, at kaakibat nito, natitiyak kong sasagutin Niya ako. Idinulog ko sa Kanya ang marubdob na hangarin ng puso ko at hiniling na bigyan Niya ako ng sagot na magbibigay sa akin ng katiyakan na tama ang gagawin kong pagsapi sa Simbahan.

Nang sumunod na linggo sa Sunday School, ang kaibigan namin na nag-imbita sa amin sa temple open house ay nakaupo sa likuran ko. Humilig siya palapit at nagsimulang makipag-usap sa akin. Ang mga sinabi niya ang eksaktong ipinagdasal ko na malaman. Wala akong alinlangan na kinakausap ako ng Ama sa Langit sa pamamagitan niya. Noon ay matapang at matigas ang puso ko, pero lumambot ang puso ko at nagsimula akong tumangis. Nang matapos ang kaibigan ko, inimbita niya kami ng asawa ko na magpabinyag. Tinanggap namin ito.

Noong Oktubre 31, 1978, wala pang isang buwan matapos ang aming karanasan sa São Paulo Temple, kami ay nabinyagan at nakumpirma. Nang sumunod na araw nakilahok kami sa ikalawang sesyon ng paglalaan ng São Paulo Brazil Temple. Makalipas ang isang taon bumalik kami sa templo kasama ang aming dalawang anak na lalaki para mabuklod bilang isang pamilya. Lahat ng tatlong pagkakataon ay magaganda at di malilimutang mga karanasan. Patuloy naming ninanamnam ang damdaming iyon sa regular na pagsamba sa templo sa paglipas ng mga taon.

Dalawampu't walong taon matapos ang araw ng aming binyag, muli kaming tumuntong ng asawa ko sa São Paulo Brazil Temple. Katatawag lang sa akin bilang temple president. Napakagandang karanasan para sa amin ang lumakad sa loob ng bahay ng Panginoon at muling madama ang masarap na pakiramdam na pinagmulan ng aming pagbabalik-loob.

Ang templo ay patuloy na nagdudulot ng malaking kaligayahan sa aming mag-asawa. Kapag may nakikita kaming mga bagong mag-asawa na pumapasok sa templo upang mabuklod bilang walang-hanggang pamilya, nakadarama kami ng malaking pag-asa.

Maraming tao sa buong mundo ang handang marinig ang mensahe ng ebanghelyo. Nakadarama sila ng pagkauhaw na katulad ng nadama ko mahigit 30 taon na ang nakalilipas. Ang templo at mga ordenansa nito ay napakabisa para mapawi ang pagkauhaw na iyon at mapunan ang kahungkagan nito. ■

LARAWANG KUHA NI LAURENI FOCHETTO

# NAGKAROON NG PROBLEMA ANG AKING EROPLANO

Isang gabi habang minamaneho ko ang aking eroplano na puno ng pasahero papunta sa runway, nadama kong may problema ang aircraft steering system. Para malaman kung totoo ang espirituwal na impresyon na nadama ko, umalis ako sa taxiway at ilang beses na umikot nang 360-degrees. Parang wala nang diperensya.

Naisip ko, "Dapat ba akong lumipad na at ihatid ang mga pasahero sa kanilang patutunguhan sa takdang oras, o dapat ba akong bumalik sa gate?" Alam ko na kapag bumalik ako ay matatagalan kami. Ang taxiway ay isang direksyon lang; kailangan kong hintayin ang ground control para bigyan ako ng puwang na makadaan pasalungat sa daloy ng mga eroplano. Tapos ay kailangan naming hintayin ang maintenance crew para matingnan ang eroplano. Ang pagkaantala ay maaaring magdulot ng mga problema sa airline at sa mga pasahero na may kakatagpuing mga tao at may mga connecting flight. Naisip ko rin kung paano ang magiging reaksyon ng maintenance department sa report ko na may problema ang eroplano samantalang pakiramdam ko lang iyon.

Bilang kapitan ng eroplano, pananagutan ko ang aming kaligtasan, kaya nagdesisyon akong sundin ang nadama kong impresyon at bumalik.

Pagdating namin sa gate, sinabi ko sa mekaniko na nadama kong may problema ang eroplano pero hindi ko alam kung ano ito. Hindi siya naniwala na mayroong problema.

"Baka dahil basa lang ang daanan," sabi niya. "Siguro dumudulas ka lang sa aspaltong daan." Gayunman, pumayag siyang tingnan ang steering gear sa nose wheel. Matapos itong tingnan, sinabi niyang pababain ko ang mga pasahero para masubukan niyang paandarin ang eroplano.

Pagbalik niya makalipas ang 30 minuto, nag-alala siyang mabuti. Habang pinaaandar niya ito, may narinig siyang tunog na may nagkikiskisan. Nang gamitin niya ang preno nang paikot na siya pabalik sa gate, nawalan siya ng kontrol sa eroplano at muntik na itong lumabas sa taxiway.



Sa masusing pagsusuri napagalaman na ang preno ay sumailalim sa hindi wastong maintenance sa nakaraang gabi. Kung nailapag ko ang eroplano pagkatapos naming lumipad, hindi sana gumana ang preno, at nawalan sana ako ng kontrol sa eroplano.

Nabigyan ako ng isa pang eroplano para paliparin, at inihatid ko nang ligtas ang aking mga pasahero sa kanilang destinasyon na naantala nang tatlong oras.

Natutuwa ako na pinakinggan ko ang mga bulong ng Espiritu. Alam kong gagabayan tayo ng Espiritu kung hihingin natin ang patnubay ng Panginoon at makikinig sa mga paramdam na dumarating. ■

Craig Willie, Utah, USA

Naisip ko kung paano ang magiging reaksyon ng maintenance department sa report ko na may problema ang eroplano samantalang pakiramdam ko lang iyon.

MGA PAGLALARAWAN NI JOSEPH ALLEMAN

# NASISIYAHAN SA BUHAY

Minsan binabasa ko ang mensahe sa pangkalahatang kumperensya ni Elder Richard G. Scott ng Korum ng Labindalawang Apostol. Kahit narinig at nabasa ko na ang mensaheng ito, isang kataga ang umagaw sa aking pansin at nanatili sa aking isipan.

Makaraan ang ilang oras ang anak kong lalaki, na nakatira sa isang apartment kasama ang kanyang mga kaibigan, ay dumating para dumalaw. Nakapaglingkod na siya sa full-time mission at nakailang semestre na sa kolehiyo. Hindi niya matiyak kung ano talaga ang kursong kukunin niya. Dahil nakadama siya ng pagkabigo at nadama na sa ngayon ay nasasayang ang panahon at pera niya sa pag-aaral, huminto siya sa pag-aaral at nagtrabaho muna.

Sinabi niya sa akin na iminungkahi ng isa sa mga kaibigan niya na magpunta sila sa isla sa Bahamas o sa Caribbean, magtrabaho, at magsaya sa loob ng ilang buwan. Nasabik ang anak ko tungkol sa mungkahing iyon. Madali kong nakita kung gaano kaakit-akit sa isang binata ang ganito kalayang buhay.

Noon pumasok sa isip ko ang magandang mensahe ni Elder Scott. Dinampot ko ang *Ensign* at binasa ito sa aking anak: “Narito ka sa lupa para sa isang banal na layunin. Hindi ito para maglibang nang walang katapusan o palaging maghanap ng kasiyahan. Narito ka para subukan, para patunayan ang iyong sarili upang matanggap mo ang dagdag na mga pagpapalang laan ng Diyos para sa iyo. Kailangan dito ang pasensya o tiyaga” (“Finding Joy in Life,” *Ensign,* Mayo 1996, 25).

Walang kibong kinuha ng anak ko ang magasin, lumakad palayo, at binasa ang buong mensahe. Kalaunan ang sinabi lang niya ay hindi na siya magpupunta sa isla.

Dumating ang panahon na pumasok siya sa police academy, isang landas na naging daan para makilala niya ang mapapangasawa niya. Ikinasal sila sa Mesa Arizona Temple at ngayon ay mayroong tatlong magagandang anak. Noong 2010 natapos ng anak ko ang kanyang bachelor’s degree at talagang “nasisiyahan sa buhay.”

Ang inisip na paglalakbay ng anak ko ay maaaring naging magandang karanasan; sa kabilang banda, maaari ding nalagay siya sa espirituwal na panganib. Sa tuwing maiisip ko ang karanasang ito, naaantig ng Espiritu ang puso ko.

Nagpapasalamat ako sa mga salita ng mga propeta at ipinadama sa aking muling banggitin ang isang mensaheng nakatulong para makapagbigay ako ng patnubay. Nagpapasalamat din ako sa aking anak na nakinig sa isang sugo ng Panginoon at hinayaang maimpluwensyahan siya ng Espiritu. Alam ko na maraming pagpapala at magigiliw na biyaya ang dumarating kapag pinakikinggan at sinusunod natin ang Tagapagligtas at ang Kanyang mga lingkod. ■

Karen Rockwood, Idaho, USA




Nang sabihin sa akin ng anak ko na iminungkahi ng isa sa kanyang mga kaibigan na magpunta sila sa Bahamas o sa Caribbean upang magsaya nang ilang buwan, pumasok sa isip ko ang mensahe ni Elder Scott.

# NAMATAY ANG TELEPONO

Noong Marso 1997, habang naninirahan sa Rostov-on-Don na isang lungsod sa Russia, nabinyagan kami ng asawa ko sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.

Habang inaaral ko ang mga doktrina ng Simbahan, marami sa mga tanong ko ang nasagot. Nakakatuwang malaman ang tungkol sa plano ng kaligtasan, pati na ang pagsasagawa ng binyag para sa mga patay. Nagulat ako na malaman na maaari tayong magpabinyag para sa namatay nating mga ninuno.

Isang taon matapos kaming binyagan, inanyayahan kami ng mission president na maghandang pumunta sa templo. Bilang bahagi ng aming paghahanda, sinimulan naming magsaliksik sa family history. Isang araw habang iniisip ko ang gawaing ito, tumunog ang telepono. Ang biyenan ko palang babae. Hiniling ko na kung puwede padalhan niya ako ng listahan ng mga yumaong ninuno ng asawa ko. Nagulat siya at sinabi sa akin na ang binyag para sa mga patay ay hindi doktrina ni Cristo kundi gawa-gawa lang ng mga Mormon. Hindi ko alam kung paano ko sasagutin ito dahil hindi ako pamilyar sa mga talata sa banal na kasulatan na sumusuporta sa doktrinang ito.

Habang iniisip ko kung paano ako sasagot, biglang namatay ang telepono. Hindi ko matiyak kung ano ang nangyari, pero ibinaba ko ang telepono at nagpunta sa silid ko. Kinuha ko ang Bagong Tipan, lumuhod para manalangin, at hiniling sa Ama sa Langit na ipakita sa akin kung saan ko matatagpuan ang sagot.

Pagkatapos kong magdasal, binuklat ko ang Biblia. Nadama kong may nagsabi sa akin na basahin ko ang talata 29 sa mismong pahina na nabuklat ko. Nasa kabanata 15 ako ng I Mga Taga Corinto, na nagbabanggit tungkol sa doktrina ng binyag para sa mga patay.

Naantig ako at nagulat na sinagot ng Ama sa Langit ang dasal ko nang sandaling iyon. Ang sarap ng pakiramdam.

Pinag-iisipan ko ang karanasang ito nang biglang tumunog ulit ang telepono. Ang biyenan ko ulit, at nagtatanong kung bakit pinatay ko ang telepono. Sinabi ko sa kanyang hindi ko alam at hiniling ko na buklatin niya ang kanyang Biblia at basahin ang I Mga Taga Corinto 15:29.

Makalipas ang ilang araw nasa mesa ko na ang listahan ng yumaong mga kamag-anak. Binasa ng biyenan ko ang talata at ngayon ay naniniwala na na ang Tagapagligtas, sa pamamagitan ni Apostol Pablo, ang nagturo ng doktrina ng binyag para sa mga patay.

Nangako ang Diyos ng malalaking pagpapala sa mga gumagawa nitong gawain ng pagtubos. Alam kong ito ay totoo. ■

Seda Meliksetyan, Armenia



Sinabi sa akin ng biyenan ko na ang binyag para sa mga patay ay hindi doktrina ni Cristo kundi gawa-gawa lang ng mga Mormon.

# SAAN AKO MAKAKAKUHA NG MAGASING TULAD NITO?

Habang nagbibiyaheng kasama ng pamilya ko mula sa Nevada, USA, papuntang Alaska, USA, kinausap ko ang isang matangkad, maganda, pala-kaibigang babae sa tapat ko.

Itinanong niya kung saan ako pupunta, at sinabi kong papunta kami sa Juneau, Alaska, para bisitahin ang aming anak at kanyang pamilya. Sinabi niyang galing siya sa Las Vegas. Saka madamdaming idinagdag niya na papunta siya sa Juneau para bisitahin ang kanyang mga biyenan at magdaos ng memorial service para sa kanyang asawa, na 20 taon niyang nakasama. Kamamatay lang niya dahil sa kanser.

Tumingin ako sa katapat ko at naisip ko kung gaano ako kapalad na malaman ang plano ng kaligtasan at maging temple worker sa Las Vegas Nevada Temple. Inisip ko kung ano ang magagawa ko para mapasigla ang babaing ito.



Inisip ko kung ano ang maaari kong gawin para bigyang-sigla ang babaing ito, na namatayan ng asawa kamakailan.

Walang anu-ano, bigla kong naalala ang sinabi ni Propetang Joseph Smith na ipinamigay ko sa Relief Society. Nang iorganisa niya ang Relief Society, napansin niya na ang kababaihan ay "matutugunan ang pangangailangan ng mga dayuhan; bubuhusan nila ng langis at alak ang sugatang puso ng naghihinagpis; papahirin nila ang mga luha ng mga ulila at pasasayahin ang puso ng balo" (*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* [2007], 530).

Minsan pa akong tumingin sa katapat ko. Nakita ko sa kanya ang balisang dayuhan, isang balong sugatan ang puso. Naaalala ko na nabasa ko ang Hulyo 2011 ng *Ensign* nang umagang iyon. Naglalaman ito ng nakasisiglang artikulo na naisip kong makahihikayat at makapapanatag sa kanya.

Nagtipon ako ng lakas ng loob, binuklat ang magasin sa isang artikulo, at hiniling na basahin niya ito. Minasdan ko siyang mabuti at nagulat ako na binasa niya ang bawat hanay—nang taimtim. Nang matapos siya, binasa niya ang isa pang artikulo.

Kitang-kita na may nakaantig sa puso niya. Niyakap niya nang mahigpit ang magasin at pinahid ang luha sa kanyang mata.

"Saan ako makakakuha ng magasing tulad nito?" tanong niya. Sinabi kong sa kanya na iyon. At marami pa siyang binasa.

Pagdating namin sa Juneau, hinawakan niya ako, tumitig sa mga mata ko, at sinabing, "Salamat."

May natutuhan akong magandang aral mula sa karanasang iyon. Napalilibutan tayo ng mga dayuhan na may sugatang puso na nangangailangan ng panghihikayat at kailangang malaman ang nalalaman natin bilang mga Banal sa mga Huling Araw. ■

Sharon Rather, Nevada, USA

*Kung minsan kailangan mong talikuran ang isang mabuting bagay kapalit ng isang bagay na mas mainam.*

# PAGPILI SA Mas Mabuting BAHAGI

**Ni Matthew D. Flitton**
Mga Magasin ng Simbahan

Isang araw ginulat ni Zoltán Szücs ng Szeged, Hungary, ang kanyang kayaking coach sa pagsasabi rito na hindi siya sasali sa paligsahan sa Germany.

"Gaganapin iyon sa araw ng aking binyag, kaya tumanggi ako," sabi ni Zoltán.

Sa edad na 17, marami nang napanalunan si Zoltán sa pakikipagpaligsahan sa kayaking. Ito ay bantog na laro sa Hungary, at mahusay si Zoltán—sapat para maging propesyonal siya sa larong ito. Higit pa sa pasiyang hindi sasali sa isang kompetisyon lamang, tuluyan na ring iiwan ni Zoltán ang kayaking. May gagawin siyang mas mabuti pa kaysa rito.

Mabuti ang naidulot ng kayaking kay Zoltán. Sa paglipas ng mga taon sa pagtatrabaho kasama ang kanyang coach, natutuhan niyang kontrolin ang sarili, sumunod, at maging masipag. Natutuhan ding iwasan ni Zoltán ang mga sangkap at kaugalian na makasasama sa kanyang paglalaro. Hindi madali ang ganitong buhay; malungkot talaga, at marami pang oras na bubunuin para maging propesyonal na manlalaro. Ang mga propesyonal ay nagpapraktis ng 12 oras sa isang araw at makikipaglaban sa araw ng Linggo.

"Nauubos ang oras ko sa kayaking," sabi ni Zoltán. "Panatiko ako. Dahil dito, marami akong tinalikuran sa buhay ko."

Iyon ang dahilan kaya nagpasiya si Zoltán na hindi niya lubusang maiuukol ang sarili niya kapwa sa ebanghelyo at sa kayaking. Noong 2004 sinabi niya sa kanyang coach na hindi na siya maglalaro ng kayaking.

Sa simula ng taong iyon inumpisahang turuan ng mga missionary ang nanay ni Zoltán. Hindi siya nakibahagi sa mga lesson. May pasubali niyang tinanggap ang imbitasyon ng kanyang ina sa binyag nito. Ngunit ang kanyang puso ay naantig sa nadama niya pagpasok sa gusali ng simbahan. Pumayag si Zoltán na makipagkita sa mga missionary, sa isang banda dahil nakikita niya ang kanyang sarili sa kanila.

"Natutuwa ako sa mga missionary dahil normal silang mga tao pero mas mataas ang pamantayan nila sa buhay," sabi niya.

Dahil sa mas mataas na pamantayang sinusunod ni Zoltán bilang kayaker, agad niyang tinanggap ang mahahalagang turo ng ebanghelyo. Bininyagan siya makalipas ang dalawang buwan.

Noong una akala niya puwede pa rin niyang ipagpatuloy ang kayaking nang hindi nakikipaglaban sa araw ng Linggo. Ngunit dahil siya ang tipo ng tao na, kapag nangako na siya sa isang aktibidad o gawain, gusto niyang pakahusayin ito, pinili niyang tuluyan nang iwan ang kayaking.

Sinubukan niyang minsan magkayak bilang libangan pagkatapos ng kanyang binyag. Nang gawin niya ito, hiniling ng kanyang coach na tumulong siya sa pagtuturo sa iba at magorganisa ng mga biyahe yamang ayaw niyang sumali sa mga paligsahan. Pero ayaw na niyang makipagkompromiso sa kayaking—o sa iba pang aktibidad —na maaaring maging hadlang sa kanyang pagiging disipulo.

Kaya isinantabi na lang ni Zoltán ang kanyang sagwan at inilaan ang kanyang sarili sa paglilingkod sa Simbahan dahil sa pasiyang ginawa rin noon ni Pangulong Howard W. Hunter (1907–95) nang mag-asawa siya. Si Pangulong Hunter ay mahusay na musician na marunong tumugtog ng maraming instrumento. Sa gabi tumutugtog siya sa isang orkestra, ngunit ang paraan ng pamumuhay ng mga kasamahan niya ay salungat sa mga pamantayan ng ebanghelyo. Kaya itinabi ni Pangulong Hunter ang kanyang mga instrumento at inilalabas na lamang ang mga ito paminsanminsan kapag nagkakantahan ang pamilya.[1]

Nami-miss ni Zoltán ang kayaking, pero natanto niya na ang pagmamahal niya sa kayaking ay napakalakas para maging kakumpetensya, at baka nga

ITAAS: LARAWANG KUHA © THINKSTOCK; IBABA: LARAWANG KUHA NI ADAM C. OLSON





*Tinalikuran ni Zoltán Szücs, ng Szeged, Hungary, ang kayaking para mas mapag-ukulan ng panahon ang ebanghelyo.*

humigit pa, sa pagmamahal niya sa Panginoon kung sasali pa rin siya rito.

Ang ganitong alituntunin ay akma sa alinmang aktibidad na pipigil sa atin na marating ang nais ng Diyos na kahinatnan natin. Para sa bawat isa sa atin maaaring mas mabuting mabuhay nang wala ang ilang bagay—kahit na mabubuti ito—kaysa manganib ang ating buhay na walang-hanggan para lamang makamtan ang mga ito.

"Ang Simbahan na ang buhay ko," sabi ni Zoltán. "Dahil alam ko na hindi puwedeng maging hanapbuhay ang kayaking kung gusto kong maging aktibo at magiging libangan lang ito, naging madali para sa akin na talikuran ito. Sa halip, gusto kong ituon ang aking pansin sa Ama sa Langit."

Sinimulang pag-aralan ni Zoltán ang ebanghelyo nang dibdiban gaya ng ginagawa niya sa alinmang adhikain. Nagtakda siya ng mithiin na magmisyon. Gusto niyang lumagi sa kanyang bayan at turuan ang iba.

Nagmisyon siya sa Hungary at ngayon ay English teacher siya sa hayskul. Patuloy niyang inuuna ang ebanghelyo. "May mga bagay na kailangan nating talikuran dahil hadlang ang mga ito sa paglapit natin sa Diyos," sabi niya. "Madali nating talikuran ang masama kapag nalaman nating dapat itong talikuran. Kadalasan hindi natin alam kung kailan natin dapat talikuran ang isang bagay na mabuti para sa isang bagay na higit na mainam. Iniisip natin na dahil hindi naman ito masama, puwedeng patuloy natin itong hawakan at sundin pa rin ang plano ng Diyos." Ngunit alam ni Zoltán na kailangan nating talikuran ang mabuti kung hadlang ito sa pagsunod natin sa plano ng Diyos para sa atin. ■

**TALA**

1. Tingnan sa Eleanor Knowles, *Howard W. Hunter* (1994), 81.

# "Paano ko ipaliliwanag sa aking kaibigan na masamang labagin ang batas ng kalinisang-puri?"

Nais ng Ama sa Langit na lumigaya tayo at maging karapat-dapat sa Kanyang Espiritu, kaya binigyan Niya tayo ng mga utos para manatiling nakaayon ang ating iniisip, sinasabi, at ginagawa sa mga wastong hangganan. Ang batas ng kalinisang-puri ay nakakatulong upang ang kapangyarihan ng pagkakaroon ng anak ay manatili sa pagitan ng mag-asawa. Ang isang dahilan kaya Niya iniutos na sa pagitan lamang ng mag-asawa ipahayag ang kapangyarihan ng pagkakaroon ng anak ay dahil "ang mga anak ay may karapatang isilang sa loob ng matrimonyo."[1]

Mabibigyan mo ng kopya ng *Para sa Lakas ng mga Kabataan* ang kaibigan mo. Naroon ang ilang dahilan kung bakit mabuting sundin ang batas ng kalinisang-puri: "Kapag malinis ang inyong puri, inihahanda ninyo ang inyong sarili sa paggawa at pagtupad ng mga sagradong tipan sa templo. Naihahanda ninyo ang sarili sa pagbuo ng matatag na samahan ng mag-asawa at sa pagluluwal ng mga sanggol sa mundo bilang bahagi ng walang hanggan at mapagmahal na pamilya. Napapangalagaan ninyo ang inyong sarili mula sa espirituwal at emosyonal na pinsalang laging kaakibat ng pakikipagtalik sa hindi ninyo asawa. Pinoprotektahan din ninyo ang inyong sarili mula sa mga nakapipinsalang sakit. Ang pananatiling malinis ang puri ay makatutulong sa inyo na maging tiwala at tunay na maligaya at nagpapalakas sa inyong kakayahang gumawa ng mabubuting desisyon ngayon at sa hinaharap."[2]


### Ang Templo



Ang ating Ama sa Langit ay may banal na layunin para sa ating lahat, at ang layuning iyan ay matutupad sa templo. Dapat tayong maging karapat-dapat na pumasok sa templo para mabuklod ang ating pamilya magpakailanman. Muli tayong mabubuhay sa piling ng ating Ama sa Langit, at higit sa lahat ay magkakaroon tayo ng walang-katapusang kagalakan, na hindi makakamtan ng mga taong hindi karapat-dapat.

*Alofa M., edad 18, Samoa*

### Pagsasama ng Mag-asawa at Pamilya



Hinihikayat tayong maging dalisay ang puri para maging karapat-dapat tayong pumasok sa templo at tumupad ng mga sagradong tipan. Kung susundin natin ang batas ng kalinisang-puri, magiging matatag ang pagsasama ng mag-asawa at pamilya sa hinaharap. Laging nariyan si Satanas para tuksuhin tayo, ngunit sa pamamagitan ng panalangin, mga banal na kasulatan, at mabubuting kaibigan, malalabanan natin ito.

*Resty M., edad 16, Philippines*

### Masasamang Kahihinatnan

Maraming masasamang kahihinatnan ang paglabag sa batas ng kalinisang-puri, ngunit hindi mo natututuhan ang lahat ng ito sa klaseng pangkalusugan. Ang paglabag sa batas ng kalinisang-puri ay maglalayo sa Espiritu sa buhay mo, makakasakit sa mga taong malapit sa iyo, at hindi maganda ang tingin mo sa iyong sarili. Iminumungkahi kong panoorin mo ang Mormon Messages video na pinamagatang "Chastity: What Are the Limits?" [sa youth.lds.org sa English, Portuguese, at Spanish].

*Matthew T., edad 17, Utah, USA*

### Kadalisayan at Paggalang

Sa pagsunod sa batas ng kalinisang-puri, nananatili tayong dalisay sa paningin ng Diyos, iginagalang natin ang ating sarili, at tinutulungan natin ang iba na igalang din tayo. Kung susundin natin ang batas ng kalinisang-puri, ipinapakita natin na tayo ay mga anak ng Diyos at sumusunod tayo sa matataas na pamantayan. Maiiwasan nating magsisi sa huli. Kung susundin natin ang ating Ama sa Langit, lalo na hinggil sa batas na ito, mas liligaya ang buhay natin dito sa lupa at sa mundong darating.

*Alyana G., edad 19, Philippines*

*Ang mga sagot ay nilayong makatulong at magbigay ng pananaw, hindi bilang mga opisyal na pahayag ng doktrina ng Simbahan.*

### Isang Sagradong Kaloob

Kung babalewalain natin ang kaloob na pagkakaroon ng anak, ang natatanging kaloob na ito mula sa Diyos ay ituturing na karaniwang bagay. Sa tingin ko ay hindi kapaki-pakinabang ang magbigay ng isang kaloob kung hindi iniisip ng taong pinagbigyan mo na ito ay espesyal. Kailangang ituring ng isang tao na sagrado ang pagkakaroon ng anak; sapagkat lahat tayo ay mga templo ng Diyos at dapat tayo manatiling malinis at dalisay na katulad ng templo.

*Jaron Z., edad 15, Idaho, USA*

### Ang Espiritung Kapiling Natin



Kapag nanatili kang malinis mula sa kasalanan, magiging mas masaya ka at pagpapalain ka. Ang ating katawan ay parang mga templo, at ang Ama sa Langit ay "hindi nananahanan sa mga templong hindi banal" (Alma 7:21). Kaya kapag nanatili tayong malinis mula sa kasalanan, makakapanahan ang Espiritu sa atin.

*Maryann P., edad 14, Arkansas, USA*

### Mahahalagang Tanong

Sagutin mo ang tanong ng kaibigan mo sa pagtatanong ng ilang bagay: "Paano kung pinagmamasdan ka ngayon ng mapapangasawa mo?" Lahat ng tao na narinig kong lumabag sa batas ng kalinisang-puri ay nagsisi sa huli. "Paano kung tanungin ka ng magiging anak mo kung nilabag mo ang batas na kalinisang-puri?" Kailangang malaman ng kaibigan mo kung gaano kahalaga ang batas ng kalinisang-puri ngayon, bago pa itanong iyan ng anak niya. Kailangan mong manatiling malinis at dalisay para mabuhay nang masaya at malusog nang hindi binabagabag ng iyong budhi na nilabag mo ang sagradong batas na ito.

*Robyn K., edad 13, Utah, USA*

### Kabanalan at Kalinisang-puri



Natutuwa ang Panginoon sa kabanalan at kalinisang-puri, at lahat ay dapat mangyari sa tamang panahon. Ang batas ng kalinisang-puri ay isang utos mula sa Panginoon. Pagdarasal at patnubay ng Espiritu ang perpektong kumbinasyon para malaman na ang kalinisan ng puri ay isang pagpapala.

*Selene R., edad 18, Nicaragua*


### Sa Loob ng Kasal

Ipaliliwanag ko sa kaibigan ko na masamang labagin ang batas ng kalinisang-puri dahil ang kapangyarihan ng pagkakaroon ng anak ay ginagamit lamang ng mag-asawang legal na ikinasal. Kapag nilabag natin ang batas ng kalinisang-puri, nawawala ang Espiritu Santo sa ating buhay.

*Augustina A., edad 15, Ghana*

**MGA TALA**

1. "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Liahona,* Nob. 2010, 129.
2. *Para sa Lakas ng mga Kabataan* (buklet, 2011), 35.



### ANG PAGLABAG SA BATAS NG KALINISANG-PURI AY NAGHAHATID NG MALAKING KAPAHAMAKAN

"Sa loob ng walang-maliw na tipan ng kasal, tinulutan ng Panginoon ang mag-asawa na ipahayag ang buong kagandahan ng sagradong kapangyarihang magkaanak sa loob ng hangganang Kanyang itinakda. . . .

"Gayunman, ang mga pagtatalik na iyon ay ipinagbabawal ng Panginoon sa labas ng walang-maliw na pangako ng katapatan sa kasal dahil binabalewala ng mga ito ang Kanyang mga layunin. Sa loob ng sagradong tipan ng kasal, ang gayong mga ugnayan ay naaayon sa Kanyang plano. Kapag naranasan ito sa ibang paraan, labag na ito sa Kanyang kalooban. Naghahatid ito ng matinding emosyonal at espirituwal na kapahamakan. Kahit hindi alam ng mga gumagawa nito na nangyayari ito ngayon, malalaman din nila kalaunan. Ang seksuwal na imoralidad ay hadlang sa impluwensya ng Banal na Espiritu."

**Elder Richard G. Scott ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Making the Right Choices," *Ensign,* Nob. 1994, 38.**

## SUSUNOD NA TANONG


"Ano ang dapat kong gawin kapag napag-usapan sa eskuwela ang isang paksa laban sa mga turo ng ebanghelyo, tulad ng aborsyon?"

Ipadala ang sagot mo bago sumapit ang Mayo 15 sa liahona@ldschurch.org o sa pamamagitan ng koreo sa:

*Liahona,* Questions & Answers 5/13
50 E. North Temple St., Rm. 2420
Salt Lake City, UT 84150-0024, USA

Ang mga sagot ay maaaring i-edit para paikliin o linawin pa ito.

Ang sumusunod na impormasyon at pahintulot ay dapat isama sa iyong e-mail o liham: (1) buong pangalan, (2) kapanganakan, (3) ward o branch, (4) stake o district, (5) nakasulat na pahintulot mo, at, kung wala ka pang 18 anyos, ang nakasulat na pahintulot ng iyong mga magulang (tinatanggap ang e-mail) na ilathala ang iyong sagot at malinaw na larawan.



Ni Pangulong
Thomas S. Monson

# PAANO **MAGLINGKOD SA MGA KATUNGKULAN SA PRIESTHOOD**

Napag-isipan na ba ninyo ang kahalagahan ng kaluluwa ng isang tao? Napag-isipan na ba ninyo ang **potensyal** na taglay ng bawat isa sa atin?

Dumalo ako minsan sa isang stake conference kung saan binuklat ng dati kong stake president na si Paul C. Child ang Doktrina at mga Tipan 18 at sinimulang basahin: "Tandaan na **ang kahalagahan ng mga kaluluwa** ay dakila sa paningin ng Diyos" (talata 10).

Pagkatapos ay itinanong ni Pangulong Child, "Ano ang kahalagahan ng kaluluwa ng isang tao?" Iniwasan niyang tawagin ang isang bishop, stake president, o high councilor para sumagot. Sa halip, pinili niya ang pangulo ng isang elders quorum.

Ang nagulat na lalaki ay tila habampanahong natahimik at pagkatapos ay sinabing, "Ang kahalagahan ng kaluluwa ng isang tao ay ang **kakayahan nitong maging katulad ng Diyos."**

Pinag-isipang mabuti ng lahat ng naroon ang sagot na iyon. Nagpatuloy si Pangulong Child sa kanyang mensahe, ngunit patuloy kong pinag-isipan ang inspiradong sagot na iyon.

**Ang matulungan, maturuan, maantig** ang mahahalagang kaluluwang inihanda ng ating Ama para sa Kanyang mensahe ay isang napakalaking gawain. Bihirang maging simple ang tagumpay. Karaniwan ay inuunahan ito ng **mga luha, pagsubok, tiwala, at patotoo.**

Napapanatag ang mga lingkod ng Diyos sa pagtiyak na ito ng Panginoon: "Ako'y sumasa inyong palagi" (Mateo 28:20). Ang dakilang pangakong ito ay nagpapalakas sa inyo na kalalakihan ng Aaronic Priesthood na tinawag sa mga katungkulan ng pamumuno sa mga korum ng mga deacon, teacher, at priest. Hinihikayat kayo nito sa paghahanda ninyo sa pagmimisyon. Pinapanatag kayo nito kapag nanghihina ang inyong loob, na dumarating sa lahat.

"Dahil dito, **huwag mapagod sa paggawa ng mabuti,"** sabi ng Panginoon, "sapagkat kayo ay naglalagay ng saligan ng isang dakilang gawain. At mula sa maliliit na bagay nagmumula ang yaong dakila.


Masdan, hinihingi ng Panginoon ang puso at may pagkukusang isipan" (D at T 64:33–34). **Sa kanilang matibay na pananampalataya, patuloy na tiwala, at marubdob na hangarin** makikilala ang mga naglilingkod sa Panginoon nang buong puso noon pa man.

Kung may sinumang nakaririnig sa aking tinig na nag-iisip na siya ay hindi handa, at wala pang kakayahang tumugon sa tawag na maglingkod, magsakripisyo, magpala sa buhay ng iba, alalahanin ang katotohanang ito: **"Sinuman ang tawagin ng Diyos, gagawin Niyang karapat-dapat."** ■

*Mula sa isang mensahe sa pangkalahatang kumperensya noong Abril 1987.*

## PAANO NINYO ITO NAIPAMUHAY?

"Batid na nasa panig ko ang Panginoon, naaalala ko kung bakit ako magmimisyon: para maglingkod sa Panginoon at ilapit ang iba sa ating Tagapagligtas na si Jesucristo. Alam ko na hindi Niya hahayaang danasin ko ang anumang hindi ko kakayanin habang nasa misyon ako."
**Dilan M., Utah, USA**




PAGLALARAWAN NI CODY BELL © IRI

## ANG PABORITO KONG BANAL NA KASULATAN

### DOKTRINA AT MGA TIPAN 24:8

Ang talatang ito ay nagbibigay ng magandang pakiramdam sa akin sa oras ng pagsubok dahil sinasabi dito, "Ako ay makakasama mo, maging sa katapusan ng iyong mga araw." Ibig sabihin, kung hahanapin ko Siya, lagi akong papatnubayan ng Ama sa Langit hanggang sa wakas ng aking buhay.

Alex Ortiz, Nuevo Casas Grandes, Mexico




## SAMANGGUNI SA PANGINOON

Noong 15 taong gulang ako, nagustuhan ko ang isang dalagita sa klase ko sa paaralan at gusto ko siyang ideyt. Kaakit-akit siya, pero inisip ko kung dapat ko siyang yayaing lumabas kahit wala pa akong 16 anyos. Naalala ko ang Alma 37:37, na nagsasabing, "Makipagsanggunian sa Panginoon sa lahat ng iyong mga gawain, at gagabayan ka niya sa kabutihan." At iyon nga ang ginawa ko. Nagdasal ako at naghintay nang ilang araw sa sagot ng Panginoon bago ako nagdesisyon.

Isang araw sa simbahan, tinawag ako ng bishop namin sa isang silid at inanyayahan akong magsalita sa susunod na Linggo. Hulaan ninyo kung ano ang paksa? Huwag makipagdeyt hangga't wala ka pang 16 na taong gulang. Nadama ko na ito ang sagot sa akin ng Panginoon, at ang sagot ay huwag. Paano ko maituturo ang isang bagay na hindi ko ginagawa?

Dahil sumangguni ako sa Panginoon, nalaman ko ang kalooban ng Panginoon para sa buhay ko at nakalayo rin ako sa tukso. Alam ko na kung sasangguni tayo sa Panginoon, sasabihin Niya sa atin ang Kanyang kalooban at labis tayong pagpapalain.

Eduardo Oliveira, Ceará, Brazil



## ANG KAPANGYARIHAN NG PAGBABAYAD-SALA


Nang turuan ako ng mga missionary, ang mga pangunahing paksa ng kanilang mga aralin ay laging tungkol kay Jesucristo at sa Kanyang Pagbabayad-sala. Ipinaliwanag nila na ang Pagbabayad-sala ay kaloob mula kay Jesucristo para sa bawat isa sa atin. Ito ay kaloob na magagamit natin sa buhay araw-araw kapag tayo ay naharap sa mga pagsubok o nagkasala. Ang kapangyarihan ng Pagbabayad-sala ay nagpapasigla, nagpapagaling, at nagbabalik sa atin sa makipot at makitid na landas tungo sa buhay na walang hanggan.

Nang ibahagi ito ng mga missionary, nagkaroon ako matinding pakiramdam na nagpatotoo sa akin na ito ay totoo, at nagpasiya akong sumapi sa Simbahan.


Kalaunan ay nagpasiya akong magmisyon dahil nais kong tulungan ang iba na malaman ang napakagandang kaloob na ito. Sa pagtuturo at pagbabahagi tungkol sa Pagbabayad-sala, nakita ko na nagbagong-buhay ang iba. Nagbago ako nang lubusan, hindi lamang dahil sa narinig ko ang tungkol sa Pagbabayad-sala kundi dahil ipinamumuhay ko rin ito.

Alam ko na ang Pagbabayad-sala ay totoo. Kapag inanyayahan natin ang impluwensya nito sa ating buhay, anuman ang ating sitwasyon, lahat ay maisasaayos at tayo ay magagalak.

Ioriti Taburuea, Kiribati



LARAWANG KUHA SA KAGANDAHANG-LOOB NI ALEX ORTIZ; DETALYE MULA SA *SI CRISTO AT ANG MAYAMANG BINATANG PINUNO*, NI HEINRICH HOFMANN, SA KAGANDAHANG-LOOB NG C. HARRISON CONROY CO.; PAGLALARAWAN NI SCOTT GREER




# BAKIT KAILANGAN NATIN ANG AKLAT NI MORMON

Maaari kayong tanungin ng ilang tao kung bakit kailangan natin ang Aklat ni Mormon samantalang mayroon na tayong Biblia. Katunayan, nagpatotoo si Jesucristo na mangyayari ito (tingnan sa 2 Nephi 29:3). Maraming dahilan kung bakit mahalaga ang Aklat ni Mormon sa ating panahon (halimbawa, tingnan sa 2 Nephi 29:7–11). Narito ang ilang dahilan kung bakit ito mahalaga.

## Isa Pang Saksi ni Jesucristo

Ipinakikita sa atin ng mga banal na kasulatan ang huwaran sa paggamit ng maramihang saksi para maitatag ang katotohanan sa Simbahan ni Cristo. Ang Aklat ni Mormon ay pumapangalawa sa Biblia sa pagsaksi sa katotohanan ni Cristo. Sinabi minsan ni Elder Mark E. Petersen (1900–84) ng Korum ng Labindalawang Apostol,



### DALAWANG SAKSI

"Ang Biblia ay isang saksi ni Jesucristo; isa pang saksi ang Aklat ni Mormon. Bakit napakahalaga ng pangalawang saksing ito? Maaaring makatulong ang sumusunod na paglalarawan: Ilang tuwid na linya ang maiguguhit ninyo mula sa iisang tuldok sa papel? Ang sagot ay walang katapusan. Sandaling ipagpalagay na ang iisang tuldok ay kumakatawan sa Biblia at na daan-daan sa mga tuwid na linyang iginuhit patawid ng tuldok na iyon ay kumakatawan sa iba't ibang interpretasyon ng Biblia at bawat isa sa mga interpretasyong iyon ay kumakatawan sa ibang simbahan.

"Gayunman, ano ang mangyayari kung sa papel na iyon ay may isa pang tuldok na kumakatawan sa Aklat ni Mormon? Ilang tuwid na linya ang maiguguhit ninyo sa pagitan ng dalawang tuldok na ito: ang Biblia at ang Aklat ni Mormon? Isa lang. Isang interpretasyon lang ng mga doktrina ni Cristo ang mamamayani sa patotoo ng dalawang saksing ito.

"Muli't muli ang Aklat ni Mormon ang saksing nagpapatibay, naglilinaw, [nagbibigkis sa] mga doktrinang itinuro sa Biblia."

**Elder Tad R. Callister ng Panguluhan ng Pitumpu, "Ang Aklat ni Mormon—Isang Aklat mula sa Diyos," *Liahona,* Nob. 2011, 75.**

PAGLALARAWAN NI BRYAN BEACH; VIDEO CAPTURE © 2001 IRI

"Ang pangunahing dahilan kaya tayo may Aklat ni Mormon ay, sa bibig ng dalawa o tatlong saksi mapapatunayan ang lahat ng bagay. (Tingnan sa II Cor. 13:1.) Mayroon tayong Biblia; mayroon din tayong Aklat ni Mormon. Sila ang bumubuo sa dalawang tinig—dalawang aklat ng banal na kasulatan—mula sa dalawang lubhang magkahiwalay na sinaunang mga tao, na kapwa nagpapatotoo sa kabanalan ng Panginoong Jesucristo."[1] Idinagdag pa ni Pangulong Ezra Taft Benson (1899–1994), "Hindi natin dapat kalimutan na ang Panginoon mismo ang nagbigay ng Aklat ni Mormon bilang pangunahin Niyang saksi."[2]

### Ang Kabuuan ng Ebanghelyo

Alam natin na may "malilinaw at mahahalagang bagay . . . na inalis" sa Biblia sa paglipas ng panahon (1 Nephi 13:40). Nililinaw ng Aklat ni Mormon ang doktrina ni Cristo at inihahatid muli ang kabuuan ng ebanghelyo sa lupa (tingnan sa 1 Nephi 13:38–41). Halimbawa, tinutulungan tayo ng Aklat ni Mormon na malaman na ang binyag ay kailangang isagawa sa pamamagitan ng paglulubog sa tubig (tingnan sa 3 Nephi 11:26) at na hindi kailangang binyagan ang maliliit na bata (tingnan sa Moroni 8:4–26).

### Pinakamahalaga sa Ipinanumbalik na Simbahan

Nagpatotoo si Joseph Smith na ang Aklat ni Mormon "ang saligang bato ng ating relihiyon."[3] Yamang alam natin ito, mukhang hindi lamang nagkataon na Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay itinatag noong Abril 6, 1830, 11 araw lamang matapos unang lumabas ang Aklat ni Mormon na mabibili ng publiko noong Marso 26, 1830. Ang Simbahan ay hindi itinatag hangga't wala ang saligang banal na kasulatan nito sa mga miyembro.

### Isang Pagpapala sa Ating Buhay

Tungkol sa Aklat ni Mormon, itinuro ni Joseph Smith na, "ang isang tao ay malalapit sa Diyos sa pamamagitan ng pagsunod sa mga tuntunin nito, nang higit kaysa sa pamamagitan ng alin mang aklat."[4] May kapangyarihan itong baguhin ang mga buhay—pati na ang sa inyo at sa mga binabahaginan ninyo ng Aklat ni Mormon. Pinatotohanan ni Pangulong Henry B. Eyring, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan na, "Talagang may epekto ang Aklat ni Mormon sa inyong pagkatao, lakas, at katapangan na maging saksi ng Diyos. Ang doktrina at magiginting na halimbawa sa aklat na iyon ay magpapasigla, gagabay, at magpapalakas ng inyong loob. . . . Ang mapanalanging pag-aaral ng Aklat ni Mormon ay magpapatatag ng pananampalataya sa Diyos Ama, sa Kanyang Pinakamamahal na Anak, at sa Kanyang ebanghelyo. Patatatagin nito ang inyong pananampalataya sa mga propeta ng Diyos, noon at ngayon. . . . Mas ilalapit kayo nito sa Diyos kaysa anupamang ibang aklat. Patitinuin nito ang buhay."[5] ■

**MGA TALA**


1. Mark E. Petersen, "Evidence of Things Not Seen," *Ensign,* Mayo 1978, 63.
2. *The Teachings of Ezra Taft Benson* (1988), 204.
3. Joseph Smith, sa pambungad sa Aklat ni Mormon.
4. Joseph Smith, sa pambungad sa Aklat ni Mormon.
5. Henry B. Eyring, "Isang Saksi," *Liahona,* Nob. 2011, 69–70.



MGA ARALING PANG-LINGGO

Ang Paksa sa Buwang Ito: Ang Apostasiya at ang Panunumbalik

## SUMALI SA USAPAN



Sa buong buwan ng Abril pag-aaralan ninyo ang Apostasiya at Panunumbalik sa mga klase ninyo sa priesthood quorum at Young Women at Sunday School (kung ang inyong ward o branch ay mayroon ng bagong mga aralin sa inyong wika). Ang paglabas ng Aklat ni Mormon ay mahalagang bahagi ng Panunumbalik. Matapos basahin ang artikulong ito, pag-isipan kung paano naiba ang inyong buhay dahil nasa inyo ang Aklat ni Mormon. Maisusulat ninyo sa journal ang inyong damdamin at isiping ibahagi ang mga ito sa iba sa pamamagitan ng pagpapatotoo sa bahay, sa simbahan, o sa social media.



# PAGYABONG SA MATABANG LUPA: MATATAPAT NA KABATAAN SA UGANDA

Ni Cindy Smith



MGA LARAWANG KUHA NI CINDY SMITH

*Nang tanggapin at ipamuhay nila ang ebanghelyo ni Jesucristo, nakita ng mga kabataan sa Uganda na yumabong ang pananampalataya at pag-asa sa buong paligid nila.*

Sa kalagitnaan ng East Africa, ang magandang bansa ng Uganda ay biniyayaan ng kaburulan ng mga tubo at punong saging—at ng mga kabataang handang tanggapin at ipamuhay ang ebanghelyo ni Jesucristo.

Ang unang stake sa Uganda ay itinatag noong 2010. Mabilis ang paglago ng Simbahan at marami ang kabataang lalaki at babae sa bawat ward at branch.



### Pagsunod sa Pamantayan, Pagiging Huwaran

Nagkaroon ng inspirasyon ang mga kabataang babae sa isang ward sa mga turo ni Sister Elaine S. Dalton, Young Women general president, tungkol sa kabanalan: "Panahon na para bumangon at magladlad ng isang bandila sa mundo ang bawat isa sa atin na nananawagan na magbalik sa kabanalan."[1] Inakyat ng mga kabataang babae ang isang burol kung saan tanaw ang bayan at nagtaas ng mga gintuang bandilang sumasagisag sa kanilang pangako na maging mabubuting halimbawa ng kabanalan. Sabay-sabay nilang kinanta ang "Sa Tuktok ng Bundok" (*Mga Himno,* blg. 4).

Itinaas na ng mga kabataang babaeng ito ang mga personal nilang pamantayan ng kabutihan. Ang kanilang pagsunod ay nagpalakas sa kanilang patotoo at nakaimpluwensya sa iba. Sabi ni Sister Dalton, "Huwag na huwag ninyong hamakin ang kapangyarihan ng inyong mabuting impluwensya."[2] At gaya ng isang bandila, ang halimbawa ng mga kabataang babaeng ito ay nakawagayway sa buong mundo.

Gaya ng maraming kabataang babae sa Uganda, naglalakad si Sandra ng mahigit isang milya papuntang simbahan, tumutulong sa paglilinis ng meetinghouse tuwing Biyernes, at dumadalo sa seminary tuwing Sabado. Sa buong linggo, gumigising siya bago mag-alas-5:00 n.u. para magbasa ng mga aklat, pagkatapos ay naglalakad papasok sa eskuwela, at umuuwi makalipas ang alas-6:00 n.g. Isang taon siyang hindi nakapag-aral dahil sa kahirapan ngunit hinarap niya ang kanyang mga hamon nang may magandang saloobin: "Talagang





**_Sandra_**





***Itaas:** Sama-samang dumalo ang mga kabataan sa isang stake fireside.*

***Itaas:** Nakasumpong ng kapayapaan sa ebanghelyo si Susan (gitna), isang refugee sa Uganda, at ngayo'y isinasama sa simbahan ang kanyang mga kapatid at iba pang mga bata.*

***Gitna:** Natutuwa ang mga kabataang babae sa ward na ito sa paggawa ng Pansariling Pag-unlad.*

***Kanan:** Isinuko ni Dennis ang kanyang puwesto sa isang professional football team para mangaral ng ebanghelyo. Siya at ang iba pang mga kabataang lalaki sa kanyang priests quorum ay nagsakripisyo at napaglabanan nila ang mga hamon para makapagmisyon.*

natulungan ako ng ebanghelyo na manatiling matatag at di-natitinag."

Si Sandra lamang ang miyembro ng Simbahan sa kanilang pamilya, ngunit sinusuportahan siya ng kanyang mga magulang sa paglilingkod niya sa Simbahan, tulad ng pagtulong kapag nililinis ng ward ang bakuran ng isang lokal na bahay-ampunan. Nakikita ng kanyang pamilya kung paano siya napatatag ng ebanghelyo, kahit sa harap ng mga problemang hindi nalutas. Sa pag-iisip sa pinagmulan ng katatagang iyon, sinabi ni Sandra, "Kapag nagsisimba ako, pakiramdam ko parang nagsusuot ako ng kalasag ng Diyos" (tingnan sa Mga Taga Efeso 6:11–17).

Kailan lang nabinyagan, mahal ni Susan ang Simbahan. Katutubo ng South Sudan, tinakasan ng kanyang pamilya ang mga paghihirap at pinagpalang makausap ang mga missionary sa Uganda. Bilang refugee, nakasumpong siya ng kapayapaan at proteksyon sa ebanghelyo. Tuwing Linggo dinadala niya ang kanyang nakababatang mga kapatid sa simbahan, gayundin ang hanggang 10 iba pang mga batang hindi miyembro ng Simbahan. Pagkaraan ng di-inaasahang pagkamatay ng isang miyembro ng pamilya, nagbalik siya sa South Sudan, kung saan niya hinintay na maitatag ang Simbahan sa kanyang lugar. Sina Susan at Sandra ay kapwa may mga hamon, ngunit umaasa sila sa Diyos at tinatamasa ang mga bunga ng pamumuhay ng ebanghelyo ni Jesucristo (tingnan sa Alma 32:6–8, 43).



## Pagsasakripisyo para Makapagmisyon

Nagsimulang maglaro ng football ang mga kabataang lalaki sa Uganda noong maliliit pa sila, gamit ang bolang yari sa mga sangang matibay na pinagbigkis-bigkis. Noon pa mang bata





siya, mahusay na si Dennis sa larong ito, at binigyan siya ng scholarship sa kanyang high school para maglaro sa kanilang team. Nang makatapos siya ng high school, isang professional team ang nag-alok sa kanya ng suweldo, libreng tirahan, at libreng pagkain. Isang pangarap iyon na natupad, ngunit alam



ni Dennis na malamang na makahadlang iyon sa mga plano niyang magmisyon kalaunan sa taong iyon.

Matatag ang hangarin ni Dennis na gawin ang gustong ipagawa ng kanyang Ama sa Langit kaya ni ayaw niyang matuksong manatili sa team pagdating ng oras na kailangan na niyang magmisyon. Nagduda ang maraming tao sa kanyang pasiya, ngunit natitiyak ni Dennis na tama ang kanyang desisyon—para sa kanyang sarili at sa iba. "Kabibinyag lang ng dalawang nakababata kong kapatid na lalaki at babae," wika niya. "Hindi ko akalaing pakikinggan ng kapatid kong babae ang ebanghelyo. Kapag nakikita kong naghihimala ang Diyos sa pamilya ko, nagkakaroon ako ng malinaw na pag-asa sa aking hinaharap."

Sa ward ni Dennis pinag-aaralan ng mga kabataang lalaki ang *Mangaral ng Aking Ebanghelyo* linggulingo. Para na silang isang team, na nakikipagtulungan sa mga full-time missionary at nagdadala ng mga kaibigan sa mga pulong sa Linggo at iba pang mga aktibidad, pati na sa mga basketball at football game sa karaniwang araw. Nakapagbinyag ang mga priest ng mga kaibigan at iba pa na naturuan nila ng mga missionary. Sa nagdaang ilang taon, napalakas ng team na ito ng mga kabataang lalaki ang buong ward, at apat sa kanila, kabilang na si Dennis, ang tumanggap ng tawag sa Kenya Nairobi Mission.

Sinunod nila ang payo ni Elder David A. Bednar ng Korum ng Labindalawang Apostol na "maging misyonero kayo bago pa ninyo ipadala ang inyong papeles sa misyon."[3] Ginawa nila iyon sa pagtutulungan bilang isang korum, isang team na mas mainam kaysa sa iba.

Napaglabanan ng apat na missionary ang mga hamon para makapaglingkod. Ipinaliwanag ni Wilberforce, "Nawawalan na ako ng pag-asang makapagmisyon [dahil sa gastos], pero binasa ko ang Mateo 6:19–20: 'Huwag kayong mangagtipon ng mga kayamanan sa lupa . . . kundi mangagtipon kayo ng mga kayamanan sa langit.' Kaya sa kasigasigan at katapatan, naisakatuparan ko ang aking mithiing maglingkod sa full-time mission. Gustung-gusto ko ang pagmimisyon. Wala nang mas mainam pa kaysa hanapin muna ang kaharian ng langit."

### Pag-asa sa Hinaharap


Ang mga kabataan ng Uganda ay tumutulong na maitatag ang kaharian ng Diyos dito, na may malaking pagasa sa hinaharap. Bagaman walang templo sa East Africa, inaasam ng mga kabataan ang panahon na makasal sila sa isang malayong templo. Isang stake activity ang nagtuon sa paghahanda sa pagpasok sa templo, at sa huli, isang miyembro ng stake presidency ang nagpatotoo: "Mahal kayo ng Diyos. Sa inyo nakasalalay ang kinabukasan ng Simbahan sa Uganda." Malaki na ang impluwensya ng mabubuting kabataang ito.


Isinasakripisyo ng mga kabataan ng Uganda ang mga bagay ng mundo para sa mga pagpapalang tatagal magpakailanman. Nakapagtanim na sila ng binhi ng pananampalataya at maingat na pinangangalagaan ito (tingnan sa Alma 32:33–37). Gaya ng isang punong hitik sa bunga (tingnan sa Alma 32:42), nakikihati ang mga kabataan sa kagalakan ng ebanghelyo sa mayamang lupang ito. ■

*Nanirahan si Cindy Smith sa Uganda habang nagtatrabaho roon ang kanyang asawa, at ngayon ay naninirahan na sila sa Utah, USA.*

**MGA TALA**

1. Elaine S. Dalton, "Pagbalik sa Kabutihan," *Liahona,* Nob. 2008, 80.
2. Elaine S. Dalton, *Liahona,* Nob. 2008, 80.
3. David A. Bednar, "Pagiging Misyonero," *Liahona,* Nob. 2005, 45.





# Ano ang TUNAY NA KAIBIGAN?

**Ni Elaine S. Dalton**
Young Women General President

Ang kahulugan ng isang kaibigan ay nagbago na sa mundo ngayong nakakonekta na tayong lahat sa isa't isa sa tulong ng teknolohiya. Maaari nating isipin ngayon na marami tayong "kaibigan." Totoo iyan: may kakayahan nga tayong malaman at malaman palagi ang nangyayari sa buhay ng marami sa ating mga kakilala gayundin sa kasalukuyan at dating mga kaibigan at maging ng mga taong hindi pa natin nakikilala nang personal na tinatawag nating mga kaibigan.

Sa konteksto ng social media, ang katagang "kaibigan" ay madalas gamitin sa paglalarawan ng *mga contact* sa halip na *mga ugnayan*. May kakayahan kayong magpadala ng mensahe sa inyong "mga kaibigan," ngunit hindi ito katulad ng pagkakaroon ng ugnayan sa isang tao nang harapan.

Kung minsan abala tayo sa *pagkakaroon* ng mga kaibigan. Marahil dapat tayong magtuon sa *pagiging* isang kaibigan.

Maraming kahulugan ang pagiging kaibigan. Hinding-hindi ko malilimutan ang sinabi ni Elder Robert D. Hales ng Korum ng Labindalawang Apostol nang magsalita siya tungkol sa kahulugan ng pagiging kaibigan at ng malaking impluwensya ng mga kaibigan sa ating buhay. Ang kanyang pakahulugan ay nagkaroon ng walang-hanggang epekto sa buhay ko. Sabi niya, "Ang mga kaibigan ay mga taong tumutulong upang madaling ipamuhay ang ebanghelyo ni Jesucristo."[1] Sa ganitong pananaw, paghahangad sa pinakamabuting kapakanan ng ibang tao ang kahulugan ng tunay na pagkakaibigan. Ito ay pag-una muna sa ibang tao. Ito ay pagiging tunay na tapat, at may dangal sa bawat kilos. Marahil ang salitang *tapat sa pangako* ang nagsisiwalat sa tunay na kahulugan ng pagkakaibigan.



Noong 15 taong gulang ang anak kong si Emi, nagpasiya siya kung anong uri ng mga kaibigan ang kanyang hahanapin. Isang umaga napansin kong nakabuklat ang kanyang Aklat ni Mormon sa Alma 48. Minarkahan niya ang mga talatang naglalarawan kay Kapitan Moroni: "Si Moroni ay isang malakas at makapangyarihang lalaki; siya ay isang lalaking may ganap na pang-unawa. . . . Oo, at siya'y isang lalaking di matitinag sa pananampalataya kay Cristo" (mga talata 11, 13). Sa gilid ng pahina isinulat niya, "Nais kong makipagdeyt at makasal sa isang lalaking kagaya ni Moroni." Nang pagmasdan ko si Emi at ang uri ng kabataang lalaking kahalubilo niya at kalaunan ay kadeyt niya pagsapit niya sa edad na 16, nakita ko na halimbawa siya mismo ng mga katangiang iyon at tinulungan ang iba na mamuhay ayon sa kanilang identidad bilang mga anak ng Diyos, mayhawak ng priesthood, at ama at lider sa hinaharap.

Ang mga tunay na kaibigan ay iniimpluwensyahan ang mga nakakasama nila na "taasan pa ang pamantayan [at] higit pang magpakabuti."[2] Matutulungan ninyo ang isa't isa, lalo na ang mga kabataang lalaki, na maghanda para sa at maglingkod nang marangal sa misyon. Matutulungan ninyo ang isa't isa na manatiling malinis ang moralidad. Ang inyong mabuting impluwensya at pakikipagkaibigan ay maaaring magkaroon ng walang-hanggang epekto hindi lamang sa buhay ng mga nakakasalamuha ninyo kundi maging sa darating na mga henerasyon.

Tinawag ng Tagapagligtas na mga kaibigan ang Kanyang mga disipulo. Sabi niya:

"Ito ang aking utos, na kayo'y mangagibigan sa isa't isa, na gaya ng pagibig ko sa inyo.

"Walang may lalong dakilang pagibig kay sa rito, na ibigay ng isang tao ang kaniyang buhay dahil sa kaniyang mga kaibigan.

"Kayo'y aking mga kaibigan, kung gawin ninyo ang mga bagay na aking iniuutos sa inyo.

"Hindi ko na kayo tatawaging mga alipin; sapagka't hindi nalalaman ng alipin kung ano ang ginagawa ng kaniyang Panginoon: nguni't tinatawag ko kayong *mga kaibigan;* sapagka't ang lahat ng mga bagay na narinig ko sa aking Ama ay mga ipinakilala ko sa inyo" (Juan 15:12–15; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Kapag ipinamuhay at ibinahagi ninyo ang ebanghelyo ni Jesucristo, maaakit ninyo ang mga taong magnanais na maging kaibigan ninyo—hindi basta isang contact sa social media site kundi ang uri ng kaibigang inihalimbawa ng Tagapagligtas sa Kanyang mga salita at halimbawa. Sa pagpupunyagi ninyong maging kaibigan sa iba at habang pinaniningning ang inyong liwanag, ang inyong impluwensya ay magpapala sa buhay ng maraming nakakasama ninyo. Alam ko na kapag nagtuon kayo sa pakikipagkaibigan sa iba, ayon sa pakahulugan ng mga propeta at sa halimbawa sa mga banal na kasulatan, kayo ay liligaya at magiging mabuting impluwensya sa mundo at balang-araw ay tatanggapin ninyo ang maluwalhating pangakong binanggit sa mga banal na kasulatan tungkol sa tunay na pagkakaibigan: "At yaon ding lipunan na umiiral sa atin dito ang iiral sa atin doon, lamang ito ay may kakabit na walang hanggang kaluwalhatian" (D at T 130:2). ■

**MGA TALA**

1. Robert D. Hales, "This Is the Way; and There Is None Other Way," sa *Brigham Young University 1981–82 Speeches* (1982), 67.
2. Gordon B. Hinckley, "The Quest for Excellence," *Liahona,* Set. 1999, 8.



MGA PAGLALARAWAN © ISTOCKPHOTO.COM/FONIKUM AT NI LES NILSSON

### MAHAHALAGANG IDEYA TUNGKOL SA PAGKAKAIBIGAN

"Pumili ng mga kaibigang kapareho ninyo ang mga pinahahalagahan upang mapalakas at mahikayat ninyo ang isa't isa na ipamuhay ang mataas na pamantayan.

"Para magkaroon ng mabubuting kaibigan, maging mabuting kaibigan muna kayo. . . .

"Sa pagsisikap na makipagkaibigan sa iba, huwag ikompromiso ang inyong mga pamantayan."

***Para sa Lakas ng mga Kabataan*** **(buklet, 2011), 16.**

# Ang Aking PAANYAYA Tungo sa KALIGTASAN

Ni Emerson José da Silva

Noong binata pa ako, maraming relihiyon akong binisita at nalito ako dahil bawat isa ay nagtuturo ng ibang interpretasyon ng mga banal na kasulatan. Hindi maganda ang pakiramdam ko sa kawalang-pitagan sa ilan sa mga ito, kaya tumigil ako sa paghahanap ng simbahang dadaluhan.

Makalipas ang ilang taon isang kaibigan ko, si Cleiton Lima, ang nabinyagan sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Hindi niya ito binanggit sa akin kahit mabuti kaming magkaibigan, ngunit sa paglipas ng panahon, nakakita ako ng mga pagbabago sa kanya. Tuwing Linggo karaniwan ay nagpupunta ako sa bahay niya sa umaga para makapaglaro kami ng football, pero lagi siyang wala sa bahay. Nangyari ito nang dalawa o tatlong Linggong sunud-sunod. Sa huli ay sinabi



sa akin ni Cleiton na hindi na siya makapaglalaro ng football tuwing Linggo dahil iginagalang niya ang araw ng Panginoon. Sabi ko sa kanya, "Nababaliw ka sa simbahang ito."

Pagkatapos ay niyaya ako ni Cleiton na magsimba. Nagdahilan ako kasi tinatabangan pa ako noon sa relihiyon. Sa loob ng 10 buwan, nagsama ng mga missionary si Cleiton para turuan ako, pero lagi kong idinadahilan o sinasabi sa kanila na napakarami kong ginagawa. Pero hindi siya sumuko.

Isang araw ng Hunyo, niyaya niya akong dumalo sa isang sayawan sa Simbahan. Tinukso ko siya, "Libre ba ang pagkain at marami bang babae roon?" Nakatawang sinabi niyang, oo!

Inaamin ko na nadaig ako ng katakawan. Binisita ko ang simbahan at nagustuhan ko iyon. Binati ako ng lahat, marami akong kinain, at naging interesado akong dumalo sa isang pulong. Pagdating ko sa simbahan sa araw ng Linggo, marami akong nakilala at narinig ko ang patotoo nila. Hindi ako pamilyar sa Aklat ni Mormon, pero dama ko ang Espiritu ng Panginoon nang magpatotoo ang iba't ibang miyembro ng Simbahan na, "Alam ko na ang Aklat ni Mormon ay totoo, na ito ang Simbahan ni Jesucristo, at si Joseph Smith ay isang propetang tinawag ng Diyos." Noon lang gumanda nang husto ang pakiramdam ko. Ayaw ko pa ring makipag-usap sa mga missionary, pero naantig ako sa testimony meeting na iyon.

Nang sumunod na linggo, muli akong niyaya ni Cleiton na magsimba. Hindi ako nakasama dahil may iba pa akong obligasyon. Nakita ko ang kalungkutan sa kanyang mukha nang sabihin kong hindi ko alam kung makakasama ako.

Gayunman, pagsapit ng Linggo ng umaga nagising ako na may hangaring magsimba. Gumising ako nang alas-6:50, na mahirap para sa akin, at naghanda at naghintay sa pagdating ni Cleiton. Nagulat siya nang makita niyang bihis na ako at naghihintay. Nang Linggong iyon nagturo ang bishop tungkol sa priesthood. Nadama ko na napakalakas ng Espiritu at naisip ko na dapat akong makinig sa pagtuturo ng mga missionary. Pagkatapos ng Young Men meeting, nalaman ko na magpapabinyag ako.

Nang matapos ang simba, sinabi ko kay Cleiton, "Gusto kong magpabinyag!"

Akala niya nagbibiro ako. Pero sinabi niya pagkatapos, "Kung tatawagin ko ang mga elder, kakausapin mo ba sila?" Sumagot ako ng oo.

Tinuruan ako ng magagaling na elder. Nang marinig ko ang mensahe ng Panunumbalik, lalo kong natiyak na dapat akong magpabinyag. Pero gusto kong malaman sa sarili ko ang katotohanan ng Aklat ni Mormon. Minarkahan ng mga elder ang Moroni 10:3–5 sa aking Aklat ni Mormon at inanyayahan akong manalangin at magtanong sa Diyos kung ito ay totoo.

Nang sumunod na gabi naalala ko na hindi ko pa pala nababasa ang Aklat ni Mormon. Nang magsimula akong magbasa, nadama ko nang napakalakas ang espiritu. Nanalangin ako, at bago ako natapos, nalaman ko na ang Aklat ni Mormon ay totoo. Nagpapasalamat ako na sinagot ng Diyos ang aking panalangin. Nabinyagan ako noong Hulyo 2006.

Kalaunan ay naglingkod ako bilang missionary sa Brazil Cuiabá Mission, at ang kaibigan kong si Cleiton ay naglingkod sa Brazil Santa Maria Mission. Ginawa namin ang ginawa ni Cleiton para sa akin: anyayahan ang mga tao na lumapit kay Cristo at tulungan silang tanggapin ang ipinanumbalik na ebanghelyo sa pamamagitan ng pagsampalataya kay Jesucristo, pagsisisi, pagpapabinyag, at pagtanggap sa kaloob na Espiritu Santo. Totoong ito ang daan tungo sa kaligtasan.

Lagi nating anyayahan ang ating mga kaibigan at kamag-anak na pag-aralan ang ebanghelyong ito, sapagkat inanyayahan ng Tagapagligtas ang lahat nang sabihin Niyang, "Magsiparito sa akin" (Mateo 11:28). Alam ko na ito ang Simbahan ni Jesucristo at na panahon na upang anyayahan ang lahat na lumapit sa Kanya. ■



PAGLALARAWAN NI ROGER MOTZKUS



# SAMPUNG PARAAN PARA MALAMAN NA KAYO AY NAGBALIK-LOOB

**Ni Tyler Orton**

Nalaman ko sa priesthood meeting na isa sa mga layunin ng Aaronic Priesthood ay tulungan tayong "magbalik-loob sa ebanghelyo ni Jesucristo at mamuhay ayon sa mga turo nito."[1] Hindi ko tiyak kung ano ang kahulugan ng "magbalik-loob sa ebanghelyo ni Jesucristo." Tinanong ko ang aking mga magulang at nakatatandang mga kapatid kung ano sa palagay nila ang kahulugan niyon, at sama-sama naming tinalakay ang ilang paraan para malaman ninyo kung kayo ay nagbabalik-loob.

Malamang may iba pa, pero may naisip kaming 10 paraan. Dahil ang pagbabalik-loob ay habambuhay na proseso, hindi tayo kailangang maging perpekto ngayon sa bawat isa sa mga ito, ngunit maipapaalam nito sa atin kung sumusulong tayo.

**1.** Kapag kayo ay nagbalik-loob, hindi lamang ninyo *alam* kung ano ang dapat ninyong gawin kundi *hangad* din ninyong gawin ang mga tamang bagay. Hindi sapat ang basta iwasan lang na gumawa ng mali dahil takot kayong mahuli o maparusahan. Kung totoong nagbalik-loob nga kayo, talagang gusto ninyong piliin ang tama.

**2.** Ang isa pang tanda ng pagbabalik-loob ay wala na kayong hangaring gumawa ng mali. Magandang halimbawa nito ang mga Anti-Nephi-Lehi. Nang magbalik-loob sila sa ebanghelyo ni Cristo, sila ay "nakipagtipan sa Diyos na paglilingkuran siya at susundin ang kanyang mga kautusan" (Mosias 21:31). Gaya ng mga Nephita na tinuruan ni Haring Benjamin, sila ay "wala nang hangarin pang gumawa ng masama" (Mosias 5:2). Totoong nagbalik-loob


nga sila sa ebanghelyo ni Cristo, at wala nang kapangyarihan ang mga tukso ni Satanas sa kanila.

**3.** Kapag kayo ay nagbalik-loob, mas aalalahanin ninyo kung ano ang iniisip ng Diyos kaysa iniisip ng iba tungkol sa inyo. Sa eskuwelahang pinapasukan ko sa Indonesia, mahilig uminom ng alak ang mga estudyante. Kung minsan nakakatuksong sumama sa party kapag ginagawa nilang lahat iyon at pinagtatawanan ka kapag hindi ka sumama. Maraming beses naanyayahang uminom at sumama sa party ang kapatid kong lalaki, ngunit kailanma'y hindi niya ginawa iyon—nanindigan siya sa kanyang pinaniniwalaan. Mahirap iyon, at maraming gabi siyang napag-isa sa bahay. Nang magpaalam ang mga estudyante noong graduation niya, sinabi sa kanya ng ilang tao kung gaano sila kamangha na napaglabanan niya ang pamimilit ng barkada at naging tapat siya sa kanyang mga pamantayan. Sinabi nila kung gaano kataas ang tingin nila sa kanya dahil doon. Ipinakita niya na nagbalik-loob siya sa pamamagitan ng paglaban sa pamimilit ng barkada.

**4.** Kapag nagbalik-loob kayo, gagawin ninyo ang lahat para laging maipamuhay ang ebanghelyo—hindi lamang tuwing Linggo o kapag madali ito para sa inyo kundi sa lahat ng oras. Hindi nagbabago ang mga kilos ninyo ayon sa kung sino ang kasama ninyo o nakamasid sa inyo. Kapag nagbitaw ng masamang biro o gustong manood ng malaswang pelikula ang inyong mga kabarkada, hindi kayo nakikihalo nang dahil lang sa walang nakamasid; sa halip ay naninindigan kayo sa inyong pinaniniwalaan.

**5.** Kapag kayo ay nagbalik-loob, mas mabait at mahabagin kayo sa pakikitungo sa iba. Hindi kayo nanghuhusga o namimintas o nagtsitsismis. Mas alam ninyo ang damdamin ng iba, at nagiging natural ang paghanap ninyo ng mga paraan para makapaglingkod at makatulong. Kung naglalakad kayo sa pasilyo ng inyong paaralan at nalaglag ng isang tao ang kanyang mga aklat, ni hindi na ninyo kailangang isipin kung ano ang gagawin. Kusa kayong titigil para tumulong.



5.



### ISANG TIYAK NA PARAAN UPANG LUMIGAYA

"Gusto ng Panginoon na ganap na sumampalataya sa Kanyang ebanghelyo ang mga miyembro ng Kanyang Simbahan. Ito lang ang tiyak na paraan para sa espirituwal na kaligtasan ngayon at kaligayahan sa kawalang-hanggan."

**Elder Donald L. Hallstrom ng Panguluhan ng Pitumpu, "Nagbalik-loob sa Kanyang Ebanghelyo sa Pamamagitan ng Kanyang Simbahan,"** ***Liahona*****, Mayo 2012, 15.**


6.


2.

*Para ipakita na magiging tapat sila sa kanilang tipan na ipamuhay ang ebanghelyo, ibinaon ng mga Lamanita ang kanilang mga sandata (tingnan sa Alma 24).*

MGA PAGLALARAWAN © IRI; *IBINABAON NG MGA ANTI-NEPHI-LEHI ANG KANILANG MGA ESPADA*, NI DEL PARSON © IRI


7.


9.


10.

**6.** Kapag kayo ay nagbalik-loob, nag-iibayo ang hangarin ninyong manalangin at pakiramdam ninyo ay talagang kausap ninyo ang Diyos kapag nagdarasal kayo. Lagi kayong mag-uukol ng oras para manalangin anuman ang pakiramdam ninyo o nangyayari sa inyong buhay. Sinabi sa atin ni Pangulong Ezra Taft Benson (1899–1994), "Kung wala tayong ganang manalangin, dapat tayong manalangin hanggang sa magkagana tayong manalangin."[2]

**7.** Kapag kayo ay nagbalik-loob, aasamin ninyo ang pagsapit ng Linggo dahil iyon ang Sabbath. Pagsapit ng Linggo, sa halip na isiping, "Naku, hindi na naman ako maaaring sumama sa barkada o manood ng sine," iniisip ninyong, "Mabuti na lang, makakasimba na ako at makakapagtuon sa mga espirituwal na bagay at makakasama ang pamilya ko!"

**8.** Kapag nagbalik-loob kayo, sinusunod ninyo ang mga utos at hindi kayo nagdadahilan, nangangatwiran, o nagtatangkang humanap ng dahilan para suwayin ang mga utos. Hindi kayo nagmamalabis; sinusunod lang ninyo ang mga utos dahil alam ninyo na ito ang mas mabuting gawin.

**9.** Kapag nagbalik-loob kayo, inaasam ninyo ang pagbabayad ng inyong ikapu. Itinuturing ninyo itong pribilehiyo at nadarama ninyo na hindi naman malaki ang 10 porsiyento, lalo na kung ikukumpara sa mga pagpapala at kasiyahang natatamo ninyo. Ang mga pagpapalang ito ay mas mahalaga kaysa perang ibinayad ninyo.

**10.** Kapag kayo ay nagbalik-loob, malaki ang hangarin ninyong tulungan ang iba na malaman ang katotohanan at kaligayahang natagpuan ninyo. Ang isang magandang halimbawa mula sa mga banal na kasulatan ay ang panaginip ni Lehi, kung saan nagkaroon siya ng gayon kalakas na hangaring ibahagi ang masarap na bunga ng puno ng buhay sa kanyang pamilya. Nang kainin niya ang bunga, ang una niyang naisip ay huwag kumuha ng marami para sa kanyang sarili kundi hanapin ang kanyang pamilya para sila man ay makakain ng bunga at madama ang kaligayahang nadama niya (tingnan sa 1 Nephi 8:12).

Bilang buod, alam ninyo na nagbabalik-loob kayo kapag sinimulan ninyong ipamuhay ang mas mataas na batas, ang ebanghelyo ni Jesucristo. Sinusunod ninyo nang lubusan ang batas para sa tamang mga dahilan. Ipinamumuhay ninyo ang ebanghelyo sa lahat ng aspeto ng inyong buhay. Ipinamumuhay ninyo ang ebanghelyo nang lubusan, hindi dahil sa kailangan kundi dahil sa gusto ninyo. Mas masaya at mas mabait kayo, at nais ninyong maging katulad ng taong nais ng Ama sa Langit na kahinatnan ninyo. Nais ninyong tularan si Jesucristo at sundin ang Kanyang halimbawa. Kapag naging gayon kayo, totoong nagbalik-loob na nga kayo. ■

*Si Tyler Orton ay nakatira sa Java, Indonesia.*

**MGA TALA**

1. *Handbook 2: Administering the Church* (2010), 8.1.3.
2. Ezra Taft Benson, "Pray Always," *Liahona,* Hunyo 1990, 4.

ITAAS: PAGLALARAWAN © IRI; MGA BARYA © ISTOCKPHOTO.COM/THINKSTOCK; ANG PANGITAIN NI LEHI SA PUNUNGKAHOY NG BUHAY, NI ROBIN LUCH © IRI

PAGLALARAWAN NINA DRAVOT AT CARNEHAN; BACKGROUND IMAGE © THINKSTOCK

# SULIT
## ANG SIPAG SA PAGGAWA

Magugulat ka sa magagawa mo kung patuloy kang magsisikap.

(*Tingnan sa Para sa Lakas ng mga Kabataan* [buklet, 2011], 40–41.)



# Ang Munting Missionary ni Lola Deny



Ni Emília Maria Guimarães Correa

*"Kapag ang isang tao ay nagsasalita sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, ang kapangyarihan ng Espiritu Santo ang nagdadala nito sa puso ng mga anak ng tao" (2 Nephi 33:1).*

Tumira si Vítor sa piling ng kanyang ina at kapatid na babae sa bahay ng kanyang Lola Deny. Nagkasakit ang lola ni Vítor at naratay sa kama nang maraming linggo. Nalungkot siya dahil nag-iisa siya sa kanyang kuwarto.

Ipinasiya ni Vítor na samahan si Lola Deny. Araw-araw pag-uwi mula sa paaralan, dinadala niya ang kopya ng *Liahona* sa kuwarto ni Lola at binabasahan ito ng mga kuwento mula sa mga pahinang pambata.

Matapos basahin ang lahat ng kopya ng *Liahona* ng kanyang pamilya, sinimulan niya itong basahan ng Aklat ni Mormon at Biblia. Si Lola Deny ay hindi miyembro ng Simbahan, pero gustung-gusto niyang basahan siya ni Vítor. Natutuwa siyang matuto tungkol sa ebanghelyo.

Maraming tanong si Lola. Kung hindi alam ni Vítor ang sagot, tinatanong niya ang kanyang Primary teacher o naghahanap siya sa mga banal na kasulatan. Tinawag ni Lola si Vítor na kanyang munting missionary.

Sinabi ni Lola Deny kay Vítor na marami siyang natutuhan sa kanya. Nangako siya na sasama siyang magsimba paggaling niya. Gusto niyang gumaling dahil sa natutuhan niya at nais niyang pag-aralan ang iba pa tungkol sa ebanghelyo.

Nang gumaling si Lola, tumupad siya sa pangako. Sumama siyang magsimba kay Vítor para matutuhan ang iba pa tungkol sa naituro nito sa kanya. Hindi nagtagal, natanggap ni Lola ang binyag at kumpirmasyon. Natulungan siya ni Vítor na malaman na ang ebanghelyo ay totoo.

Nang malaki na si Vítor, naging full-time missionary siya sa Boston Massachusetts Mission. Bago siya lumisan, nagpunta siya sa templo—kasama si Lola Deny. ■

*Si Emília Maria Guimarães Correa ay nakatira sa Federal District, Brazil.*

MGA LARAWAN SA KAGANDAHANG-LOOB NI EMILIA MARIA GUIMARÃES CORREA



**Ni Elder M. Russell Ballard**
Ng Korum ng
Labindalawang Apostol

*Ang mga miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol ay mga natatanging saksi ni Jesucristo.*

# Bakit napakahaba ng pangalan ng Simbahan?

Si Jesucristo mismo ang nagbigay ng pangalan ng Simbahan (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 115:4).

Ang mga salitang *Simbahan ni Jesucristo* ay nagpapahayag na ito ang Kanyang Simbahan.

Ang *sa mga Huling Araw* ay nagpapaliwanag na ito rin ang Simbahang [itinatag] ni Jesucristo nang [manirahan] Siya sa lupa ngunit ipinanumbalik sa mga huling araw na ito.

Ang ibig sabihin ng *mga Banal* ay sinusunod natin Siya at sinisikap nating gawin ang Kanyang kalooban.

Ang ating mga miyembro ay tinatawag nang *mga Mormon* noon pa man dahil naniniwala tayo sa Aklat ni Mormon, ngunit dapat nating gamitin ang buong pangalan ng Simbahan hangga't maaari. ■

*Mula sa "Ang Kahalagahan ng Pangalan,"* Liahona, *Nob. 2011, 79–82.*



PAGLALARAWAN NI BRAD TEARE

# Pagbubunyi sa mga Templo!


Ni Darcie Jensen

Nang matapos ang Salt Lake Temple noong 1893, nagalak ang mga Banal sa mga Huling Araw. Inabot sila ng 40 taon sa pagtatayo ng templo. Dahil nagabuloy ng pera ang mga bata para sa pagtatayo ng templo, nagpasiya si Pangulong Wilford Woodruff na magdaos ng limang espesyal na sesyon sa paglalaan na dadaluhan ng mga bata.

Marami na ngayong templo sa buong daigdig, at nakikipagdiwang pa rin ang mga bata sa pagtatapos ng mga templo. Tingnan kung paano nakilahok ang mga bata noon at ngayon. ■

*Si Darcie Jensen ay nakatira sa California, USA.*

*Mahigit 12,000 bata ang nagpunta sa* ***Salt Lake Temple*** *para sa paglalaan. Ang mga batang ito na nagmula sa Sugar House Ward ay sumakay ng tren.*






*Ang tiket na ito ang dahilan kaya nakadalo ang mga bata hanggang edad 16 sa mga serbisyo sa paglalaan para sa* ***Salt Lake Temple.*** *Nagsalita ang mga Apostol at miyembro ng Unang Panguluhan sa mga bata sa loob ng templo.*




*Kung minsan ay muling inilalaan ang mga templo matapos i-remodel ang mga ito. Kumanta at nagdala ng mga ilaw ang mga bata sa Primary sa pagtatanghal para ipagdiwang ang muling paglalaan ng* ***Anchorage Alaska Temple.***



*Linggu-linggo habang itinatayo ang* ***Gilbert Arizona Temple****, nagtakda ng mithiin ang mga bata sa Primary mula sa Gilbert Arizona Highland Stake na paglingkuran ang isang tao sa kanilang ward.*

*Noong itinatayo ang* ***San Diego California Temple****, gumawa ng makulay na alpombra para sa templo ang mga bata sa Primary mula sa Mexico. Tumayo ang mga General Authority sa alpombrang iyon habang inilalagak ang batong-panulok sa oras ng paglalaan.*






*Nagbiyahe nang tatlong oras ang mga bata sa Primary sa Manitoba, Canada, papunta sa* **Regina Saskatchewan Temple** *para mahawakan ang mga dingding at mangakong papasok doon balang-araw.*

*Sinalubong ng mga bata sa Primary ang mga bisita sa* **Kyiv Ukraine Temple** *sa pagkanta ng "Templo'y Ibig Makita."*





*Mahigit 800 bata sa Primary mula sa West Africa ang kumanta ng "Ako ay Anak ng Diyos" sa kultural na pagdiriwang bago inilaan ang* **Accra Ghana Temple**.



*Kumanta ang mga bata sa Primary para kay Pangulong Gordon B. Hinckley nang dumating ito para ilaan ang* **Aba Nigeria Temple.**




*Bawat templo ay may batong panulok na nagpapakita kung anong taon ito inilaan. Sa paglalaan, idinidikit ng mga General Authority ang batong panulok gamit ang plaster. Tumulong si Isaac B., edad 9, na dikitan ng plaster ang batong panulok ng* **Kansas City Missouri Temple.**

MGA LARAWAN (MULA KALIWA): SA KAGANDAHANG-LOOB NG GILBERT ARIZONA HIGHLAND STAKE; SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY LIBRARY; SA KAGANDAHANG-LOOB NI RICHARD N. HOLZAPFEL; NI LYNN HOWLETT; NINA MABEL AT DELBERT PALMER; SA KAGANDAHANG-LOOB NI RUSSELL K. ANDERSON; NI DAVID M. W. PICKUP; NI LORI GARCIA; NI GERRY AVANT; AT NI JULIE DOCKSTADER HEAPS; PAGLALARAWAN NI BRAD TEARE

# Mga Tanong at mga Sagot Tungkol sa Templo

**Bakit tayo may mga templo?**

Ang mga templo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay mga banal na lugar kung saan tayo natututo ng mga walang-hanggang katotohanan at nakikibahagi sa mga sagradong ordenansa.

**Ano ang hitsura ng loob ng templo?**

Ang templo ay isang mapayapa, mapitagan, at magandang lugar. Lahat ng nasa loob ng templo ay malinis at maayos. Lahat ay nakadamit ng puti at mahinang magsalita.

**Ano ang nangyayari sa mga templo?**


Maaaring ibuklod ang isang babae sa kanyang asawa, at ang mga bata sa kanilang mga magulang. Ginagawang posible ng pagbubuklod na ito na magkasama-sama nang walang hanggan ang mga pamilya. Sa templo, ang mga lalaki at babae ay tumatanggap din ng kaloob na espirituwal na mga pagpapala na tinatawag na endowment. Matatanggap din nila ang endowment at mabubuklod sa mga taong namatay na hindi nakagawa ng mga tipan sa templo.

**Ano pa ang nangyayari sa mga templo?**

Maliban sa pagbubuklod at endowment, may iba pang mga ordenansang isinasagawa sa mga templo. Ang mga tao ay maaaring binyagan at kumpirmahan para sa mga taong hindi nakasapi sa Simbahan noong nabubuhay pa sila. Kapag sumapit kayo sa 12 taong gulang at karapat-dapat kayong pumasok sa templo, maaari kayong magkaroon ng pagkakataong magpabinyag at makumpirma para sa mga namatay na hindi nakarinig sa ebanghelyo.

**Paano kung hindi pa nakapunta sa templo ang pamilya ko?**

Kilala at mahal kayo ng Ama sa Langit, pati na ang inyong pamilya. Nais Niyang matanggap ng lahat ang mga pagpapala ng mga ordenansa sa templo. Maging karapat-dapat na pumasok sa templo. Magtakda ng mithiin ngayon na tatanggapin ninyo ang endowment at ikakasal kayo sa templo balang-araw. Pagpapalain kayo ng inyong Ama sa Langit, pati na ang inyong pamilya. ■



"Mga bata kong kaibigan . . . , palaging tanawin ang templo. Huwag gumawa ng anumang bagay na hahadlang sa pagpasok ninyo sa mga pintuan nito at sa pagtanggap ng sagrado at walang hanggang mga pagpapala roon."

**Pangulong Thomas S. Monson, "Ang Banal na Templo—Isang Tanglaw sa Mundo," *Liahona,* Mayo 2011, 93.**



PAGLALARAWAN NI BRAD TEARE

# Mag-anak ay Magsasamang Walang Hanggan

(Pinasimple)

Mga titik ni Ruth Muir Gardner
Himig ni Vanja Y. Watkins

*Maningning* ♩ = 80–96




Mga titik at himig © 1980 IRI. Isinaayos © 2012 IRI. Lahat ng karapatan ay nakalaan.
Ang awiting ito ay maaaring kopyahin para sa angkop at di-pangkalakal na gamit sa simbahan o tahanan.

# Ipinanumbalik ni Jesucristo ang Kanyang Simbahan sa mga Huling Araw



MGA PAGLALARAWAN NI BRYAN BEACH

Magagamit ninyo ang aralin at aktibidad na ito para matutuhan pa ang iba tungkol sa tema ng Primary sa buwang ito.

Kunwari'y papunta kayo sa isang treasure hunt. Saan kayo hahanap ng kayamanan? Paano ninyo ito matatagpuan? Mayroon kayang treasure box? Ano kaya ang nasa loob niyon?

Ang ilang treasure box ay may magandang alahas at mamahaling mga barya. Ngunit bilang mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, may kayamanan tayong mas mahalaga pa riyan: ang ebanghelyo ni Jesucristo.

Maraming taong hindi nakaaalam sa kayamanang ito, kaya isa sa mga tungkulin natin ang iparating ito sa maraming tao hangga't kaya natin.

Pagkamatay ni Jesus at ng Kanyang mga Apostol, ilang mahahalagang turo at ordenansa ng ebanghelyo ang nawala o binago, kabilang na ang binyag, awtoridad ng priesthood, mga templo, buhay na mga propeta, at sakramento.

Lahat ng kayamanang ito ng ebanghelyo ay ipinanumbalik sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith. Nagpakita ang Ama sa Langit at si Jesucristo kay Joseph Smith sa Sagradong Kakahuyan nang manalangin siya para malaman ang katotohanan.

Kalauna'y tinanggap ni Joseph ang mga laminang ginto at isinalin ang mga ito na siyang naging Aklat ni Mormon. Ang Aklat ni Mormon ay naglalaman ng mga turong pinakaiingatan natin dahil ipinaliliwanag nito ang mga katotohanang minsa'y nawala. Tumatanggap tayo ng maraming pagpapala dahil nasa atin ang mga katotohanang ito ng ebanghelyo.

Napakahahalagang kayamanan nito! ■

## BANAL NA KASULATAN AT AWITIN


- Doktrina at mga Tipan 35:17
- "Ang Sagradong Kakahuyan," *Aklat ng mga Awit Pambata,* 145 (o iba pang awitin tungkol sa Panunumbalik ng ebanghelyo)


## MAG-USAP TAYO

Ibahagi kung paano pinagpapala ng mga kayamanan ng ebanghelyo ni Jesucristo ang inyong pamilya.


## GUMAWA NG GOSPEL TREASURE BOX

Gupitin at itupi ang treasure box na ito gaya ng nasa diagram sa ilalim. Gupitin ang mga baryang naglilista ng ilan sa mga kayamanang bigay sa inyo ng ebanghelyo at ilagay ang mga ito sa loob ng kahon. Tingnan nang madalas ang mga kayamanang nasa kahon para maalala ninyo ang mga pagpapala ng ebanghelyo.



# Saan Itinatag ang Simbahan





**Ni Jan Pinborough**
Mga Magasin ng Simbahan

*Samahan ninyo kami sa paglilibot sa isang mahalagang lugar sa kasaysayan ng Simbahan!*

Kung nais makita nina Maggie at Lily E. kung saan unang itinatag ang Simbahan, hindi na nila kailangang lumayo. Katabi lang ito ng chapel sa Fayette, New York, kung saan sila nagsisimba tuwing Linggo!

Ang Simbahan ay hindi itinatag sa isang gusali ng simbahan, kundi sa isang bahay na yari sa troso. Nakitira si Propetang Joseph Smith sa bahay na iyon ng pamilya Whitmer noong 1829. Wala na ang orihinal na bahay, pero doon nakatayo ang bahay na ito na yari sa troso.

Ang gusaling sinisimbahan nina Maggie at Lily ay may visitors' center na may mga displey tungkol sa bahay ng mga Whitmer at sa mga espesyal na pangyayari doon. ■




**1. *Dito tinapos ni Joseph Smith ang pagsasalin ng Aklat ni Mormon.***



MGA LARAWANG KUHA NI BRENT WALTON; MGA PAGLALARAWAN NI ROBERT T. BARRETT © IRI; ORGANISASYON NG SIMBAHAN, NI ROBERT T. BARRETT, HINDI MAAARING KOPYAHIN



*2. Sa labas, di-kalayuan sa bahay, tatlong lalaki ang nakakita sa anghel na si Moroni at sa mga laminang ginto. Tinatawag silang Tatlong Saksi dahil nasaksihan, o nakita nila, ang mga lamina. Matatagpuan ninyo ang kanilang patotoo sa harapan ng Aklat ni Mormon.*



*3. Noong Abril 6, 1830, mga 60 katao ang dumating sa isang espesyal na pulong. Opisyal na itinatag ni Joseph Smith ang Simbahan, at binasbasan at ipinasa ang sakramento. Iyon ang unang sacrament meeting!*

## BINYAG NOON AT NGAYON

Sina Maggie, 11, at Lily, 9, ay bininyagan sa isang bautismuhan malapit sa lugar na pinagbinyagan sa mga unang miyembro ng Simbahan.

Tuwang-tuwang mabinyagan ang dalawang bata. Nang si Lily na ang bibinyagan, ininterbyu siya ng kanyang bishop. "Tinanong niya ako kung may patotoo ako tungkol sa propeta at kung nagbabayad ako ng ikapu," sabi ni Lily.

Malinaw ang alaala ng mga bata tungkol sa araw ng kanilang binyag. "Pag-ahon ko mula sa tubig, nadama ko na kaya kong gawin ang kahit ano," sabi ni Maggie.

May journal ang dalawang bata para maitala nila ang kanilang damdamin tungkol sa kanilang espesyal na araw.



*4. Kaagad pagkatapos ng pulong, bininyagan ang mga magulang ni Joseph Smith at iba pang mga tao sa labas.*

# Isinalba nina Max at Mia ang Araw

**Ni Chris Deaver,** Texas, USA



Naghanda si Max na gumanap na superhero. Isinuot niya ang kanyang pulang t-shirt. Isinuot niya ang kanyang kapang pang-superhero. Pagkatapos ay nagpunta siya sa kuwarto ng kanyang kapatid na babae.

“Halika na, Mia,” sabi ni Max. “Isalba natin ang araw!”

MGA PAGLALARAWAN NI ELISE BLACK



Nagpunta sina Max at Mia sa sala. Nakita nila ang isang basket na puno ng mga damit.

"Tutulungan ba ninyo ako?" tanong ni Inay.

"OK," sabi ni Max. "Tapos alis na tayo para isalba ang araw."





Tinulungan nina Max at Mia si Inay na itupi at itabi ang lahat ng damit.

Pagkatapos ay nakita ni Max ang kaunting dumi sa sahig. "Damputin natin ang lahat ng dumi," sabi ni Max. "Tapos alis na tayo para isalba ang araw."

Nilibot nina Max at Mia ang buong bahay. Itinapon nila ang lahat ng duming nakita nila.

Nakita nila si Inay na winawalis ang sahig ng kusina. "Matutulungan po namin kayo," sabi ni Max.

Hinawakan ni Mia ang pandakot habang nagwawalis si Max.





"Halika na't isalba natin ang araw," sabi ni Max.

Inilibot ni Inay ang kanyang tingin sa malinis na bahay. Pagkatapos ay niyapos sina Max at Mia. "Palagay ko nagawa n'yo na!" ■



PAGLALARAWAN NI JARED BECKSTRAND

## NAGLAKAD SI JESUS SA TUBIG

"At nang makita siya ng mga alagad na lumalakad sa ibabaw ng dagat, ay nangagulumihanan sila, na nangagsasabi, Multo! At sila'y nagsisigaw dahil sa takot.

"Datapuwa't pagdaka'y nagsalita sa kanila si Jesus, na nagsasabi, Laksan ninyo ang inyong loob; ako nga: huwag kayong mangatakot" (Mateo 14:26–27).

# MGA BALITA SA SIMBAHAN

*Bisitahin ang news.lds.org para sa iba pang mga balita at kaganapan sa Simbahan.*

## Pandaigdigang Pagsasanay sa Pamumuno—Isang Bagong Pamamaraan sa Pangangasiwa



***Pangungunahan nina Elder L. Tom Perry, Elder Donald L. Hallstrom, at Bishop Dean M. Davies ang talakayan tungkol sa kahalagahan ng paggamit ng mga susi ng priesthood.***

Sa darating na mga buwan, ang mga miyembro ng Simbahan sa iba't ibang dako ng mundo ay makikibahagi sa isang nakasisiglang bagong pamamaraan ng pangangasiwa sa Pandaigdigang Pagsasanay sa Pamumuno.

Hindi tulad ng mga nakaraang pulong sa pagsasanay, ang Pandaigdigang Pagsasanay sa Pamumuno sa taong ito ay hindi ibobrodkast sa iisang kaganapan para sa mga lider ng ward at stake. Sa halip, hahatiin ito sa siyam na maiikling segment—sa DVD at sa LDS.org—na naghihikayat ng talakayan sa lahat ng lider, miyembro, at pamilya sa buong taong ito at sa mga susunod pa.

Ang tuon ng pagsasanay ay "Pagpapatatag ng Pamilya at Simbahan sa pamamagitan ng Priesthood." Sa pagsasanay, ang mga miyembro ng Unang Panguluhan at Korum ng Labindalawang Apostol, kasama ang iba pang mga General Authority at pangkalahatang opisyal, ay nagbibigay ng inspiradong tagubilin tungkol sa:

- Kung paano maaaring makatagpo ng katatagan at kapayapaan ang mga pamilya sa pamamagitan ng kapangyarihan ng priesthood.
- Kung paano matutulungan ang bawat pamilya na makatanggap ng mga pagpapala ng priesthood.
- Kung paano patatatagin ng mga mayhawak ng priesthood ang mga tahanan at pamilya.
- Kung paano maglilingkod sa paraang katulad ng kay Cristo.
- Kung paano palalakihin ang mga anak sa liwanag at katotohanan.

Lahat ng unit ng Simbahan ay tatanggap ng mga kopya ng DVD, at hinihilingan ang mga ward at stake council na panoorin ang kabuuan nito. Pagkatapos nito ay dapat silang mag-usap-usap kung paano tutulungan ang mga miyembro ng ward at stake na makinabang sa tagubilin.

Sa mga pulong at klase, maaaring panoorin at talakayin ng mga miyembro ang bawat segment ng DVD. Maaaring panoorin ng mga pamilya at indibiduwal ang mga segment, pati na ang karagdagang mga pagkukunan para mapagbuti pa ang kanilang pag-aaral, sa wwlt.lds.org.

Sa bawat sitwasyon, ang pinakamagandang bahagi ng pagsasanay ay mangyayari kapag tapos na ang isang segment at nagsisimula na ang talakayan. Kapag pinagnilayan, ibinahagi, at pinatotohanan ng mga lider, miyembro, at pamilya ang kanilang narinig at nadama, bibigyang-inspirasyon sila at tuturuan ng Espiritu Santo kung paano gagamitin ang tagubilin sa sarili nilang mga sitwasyon. Sa pamamagitan ng mga karanasang ito, ang Pandaigdigang Pulong sa Pagsasanay na ito ay makakatulong sa pagpapatatag ng mga pamilya at Simbahan sa iba't ibang dako ng mundo. ■

***Habang nakatayo sa labas ng bahay ni Mary Fielding Smith sa This Is the Place Heritage Park, tinalakay nina Elder M. Russell Ballard, Linda K. Burton, Elder Ronald A. Rasband, Elaine S. Dalton, Rosemary M. Wixom, at Bishop Gary E. Stevenson ang mga pagpapala ng pagkakaroon ng priesthood sa bawat tahanan.***



**PAGTUGON SA PANAWAGAN PARA SA MAS MARAMING MISSIONARY:**

# Pagkikintal sa Isipan ng mga Bata sa Tahanan at sa Simbahan na Mithiing Maging Missionary

**Ni Heather Whittle Wrigley**
Mga Balita at Kaganapan sa Simbahan

Nakaupo si Bishop Victor Nogales ng Parque Chacabuco Ward, Buenos Aires Argentina Congreso Stake, sa harap ng isang bulletin board na puno ng mga retrato ng 37 kabataang lalaki at babae sa kanyang ward. Kapag nagmisyon ang isa sa kanila, naglalagay siya ng maikling sulat sa tabi ng retrato.

"Tuwang-tuwa ang mga kabataan namin kapag pumupunta sila sa opisina ko at nakikita ang mga retrato at maiikling sulat," sabi niya. "Hinihikayat sila nitong maghanda para sa sarili nilang misyon."

Inihahalimbawa ng ward na ito sa Buenos Aires ang diwa ng gawaing misyonero. Sa unang anim na buwan ng 2012, 19 na kabataan—14 sa kanila ay mga convert—ang lumisan ng kanilang tahanan para magmisyon sa walong bansa. Mahigit 80 porsiyento ng karapat-dapat na mga kabataan ang nangakong magmisyon.

Sa nakalipas na mga taon ilang beses nang hiniling ng mga pinuno ng Simbahan na mas marami pang kabataan ang magmisyon.

Sa pangkalahatang kumperensya noong Abril 2005, matapos ilathala ng Simbahan ang *Mangaral ng Aking Ebanghelyo: Gabay sa Paglilingkod ng Misyonero,* agad pinayuhan ni Elder M. Russell Ballard ng Korum ng Labindalawang Apostol ang mga pamilya at lider na ikintal sa isipan ng mga bata ang pagmimisyon at ihanda ang mas maraming kabataang lalaki at babae na maglingkod nang marangal sa pamamagitan ng pagpapaunawa sa kanila kung sino sila at pagtuturo ng doktrina sa kanila (tingnan sa "Isa pa," *Liahona,* Mayo 2005, 69).

Ang ipinahayag ni Pangulong Thomas S. Monson sa pangkalahatang kumperensya noong Oktubre 2012 na ibababa ang edad sa pagmimisyon ay nagsilbing isa pang paalala na pinabibilisan ng Panginoon ang Kanyang gawain.

Ngayon ay isinasapuso na ng maraming pamilya at lider ng Simbahan ang mensaheng ito at nagtatatag sila ng saganang tradisyon ng paglilingkod bilang misyonero sa kanilang lugar.

### Pagtulong sa mga Kabataan na Maunawaan Kung Sino Sila

Bilang sagot sa tanong na, "Paano ninyo naihanda ang marami sa inyong mga kabataan na maghandang maglingkod?" Sumagot si Bishop Nogales, "Nang matawag akong bishop, ang unang inalala ko ay ang mga kabataan ng ward namin, at nilinaw ko sa ibang mga lider ng ward na kailangan naming maging bahagi ng kanilang buhay."

Halimbawa, lahat ng missionary na taga-Chacabuco ay humawak ng mga tungkulin sa ward bago sila umalis. Ang mga bagong miyembro at di-gaanong aktibong miyembro kadalasan ay inanyayahang maglingkod bilang mga teacher, na nakatulong sa kanila na maghandang ituro ang ebanghelyo.

Hinikayat din ni Bishop Nogales ang mga kabataan na espirituwal na maghanda para sa misyon sa pamamagitan ng pagsama sa lokal na mga full-time missionary.

Nang magtuon ang lokal na mga lider at miyembro ng Simbahan sa mga kabataan ng ward, napagpala silang masaksihan ang malaking paglago ng mithiin nilang maging missionary.

### Isang Pamilyang Nakatuon sa Gawaing Misyonero

Alam nina Garth at Eloise Andrus ng Draper, Utah, USA, ang ibig sabihin ng magkaroon ng isang pamilyang nakatuon sa gawaing misyonero. Sila ay may 17 apo na nakapagmisyon, at sila mismo ay anim na beses nagmisyon.

Ang pagkikintal ng diwa ng paglilingkod bilang misyonero sa inyong pamilya ay isang bagay na nagsisimula habang bata pa ang mga anak, sabi ni Brother Andrus.

Sumang-ayon si Sister Andrus. "Ang inaasahang pagmimisyon ay isang bagay na dapat pag-usapan, ngunit kausapin ang inyong mga anak at apo tungkol dito na para bang inaasahan ninyo talaga iyon—*kapag* nagmisyon kayo, hindi *kung,*" wika niya.

Mahalaga ring ituro sa mga kabataan kung sino sila sa pamamagitan ng pagpapakita ng halimbawa ng paglilingkod bilang misyonero. Tinanggap nina Brother at Sister Andrus ang unang tawag nila sa misyon noong 1980, nang papaalis pa lamang ang bunsong anak nilang lalaki papuntang misyon.

Sinulatan sila ng isa nilang apo matapos matanggap ang padala nilang regalo para tulungan siyang

LARAWAN SA KAGANDAHANG-LOOB NI PAUL L. GARVIN



***Nakatayo si Bishop Victor Nogales sa tabi ng bulletin board na nagpapakita ng lahat ng kabataan sa kanyang ward, pati na yaong mga kasalukuyang nasa misyon.***

maghanda para sa kanyang misyon. “Pinasalamatan niya kami [para sa regalo], pero sinabi niyang, ‘Higit sa lahat ay nagpapasalamat po ako sa halimbawang ipinakita ninyo,’” sabi ni Sister Andrus.

### Pagtuturo ng Doktrina

“May karapatang umasa ang ating mga kabataan na titiyakin ng kanilang mga magulang at lider at guro sa Simbahan na alam at nauunawaan nila ang ebanghelyo ni Jesucristo,” sabi ni Elder Ballard. “Pagtitibayin ng Espiritu Santo ang katotohanan sa kanilang puso at paniningasin ang Liwanag ni Cristo sa kanilang kaluluwa. At magkakaroon kayo ng *isa pang* ganap na handang misyonero” (M. Russell Ballard, “Isa Pa,” 71).

Mga 6,000 milya (9,600 km) mula sa Buenos Aires, nakita rin sa bukiring Horseshoe Bend Branch malapit sa Boise, Idaho, USA, ang malaking pagtaas ng bilang ng mga naglilingkod sa misyon nang pagsikapang mabuti ng mga pamilya at lider na ituro ang ebanghelyo sa kanilang mga kabataan.

Mula sa maliit na branch na may 75 miyembro, siyam na kabataan ang naglilingkod sa misyon.

Binigyang-diin ni Elder Russell M. Nelson ng Korum ng Labindalawang Apostol ang mga dahilan at pakinabang ng paglilingkod sa misyon. “Lahat ng missionary . . . ay naglilingkod sa pag-asang mas mapapabuti pa ang buhay ng ibang tao,” wika niya. “Ang pasiyang magmisyon ay huhubog sa espirituwal na tadhana ng missionary, ng kanyang asawa, at angkan sa mga henerasyong darating. Ang hangaring maglingkod ay bunga ng pagbabalik-loob, pagiging karapat-dapat, at paghahanda” (“Tanungin ang mga Missionary! Matutulungan Nila Kayo!” *Liahona,* Nob. 2012, 18).

Sumang-ayon dito si Martin Walker, pangulo ng Emmett Idaho Stake. “Ang pagmimisyon ay naglalagay sa isang kabataan sa landas na makakaapekto sa mga henerasyon,” wika niya. “Bilang isang stake, ginagawa namin ang lahat ng makakaya namin upang maihanda ang mga kabataan sa pagmimisyon.”

Bahagi ng paghahandang iyan ang pagtuturo ng doktrina sa mga kabataan. Dumadalo ang mga kabataan ng Horseshoe Bend Branch sa lingguhang missionary preparation class na itinuturo ng dating mission president—pagsasanay na nakadaragdag sa missionary training na inilaan ng stake sa buwanang youth missionary preparation meeting at sa taunan nitong Aaronic Priesthood Camp.

Si LaRene Adam—isa sa anim na anak nina Brother at Sister Andrus—ay nagmisyon kasama ang asawa niyang si Jim, sa Copenhagen Denmark Mission mula 2007 hanggang 2009. Pinatotohanan niya ang kahalagahan ng pagtuturo ng ebanghelyo sa mga bata sa tahanan.


“Ang isa sa pinakamagagandang bagay na magagawa ninyo para matulungan ang inyong mga anak na magkaroon ng patotoo sa gawaing misyonero ay magdaos kayo ng family home evening at magbasa ng banal na kasulatan bilang pamilya,” wika niya. “Kung bibigyan ninyo sila ng matibay na pundasyon sa pag-aaral ng ebanghelyo at ng kaalaman tungkol sa ebanghelyo, mas handa at mas marami silang alam tungkol sa ebanghelyo.” ■

# Nagalak sa Paglilingkod ang mga Young Church-Service Missionary

**Ni Carolyn Carter**
Mga Balita at Kaganapan sa Simbahan

Suot ni Elder Ernesto Sarabia ang itim na missionary badge sa bawat araw ng kanyang misyon. Pero kakaiba ang mission assignment niya kaysa maraming iba pa—naglingkod si Elder Sarabia bilang young Church-service missionary (YCSM) sa Mexico Hermosillo Mission office.

"Nauunawaan namin na maaaring hindi mabuti para sa ilan sa mga kabataang lalaki at babae na danasin ang hirap at mga hamon ng isang full-time mission," sabi ni Elder M. Russell Ballard ng Korum ng Labindalawang Apostol. Ngunit hindi ito nangangahulugan, wika niya, na hindi na sila maaaring makibahagi sa mga pagpapala ng paglilingkod bilang misyonero ("Isa Pa," *Liahona,* Mayo 2005, 69).



Sinabi ni Elder Russell M. Nelson ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Ang pagmimisyon ay kusang paglilingkod sa Diyos at sa sangkatauhan" ("Tanungin ang mga Missionary! Matutulungan Nila Kayo!" *Liahona,* Nob. 2012, 18), at napakaraming paraan para maibigay ang paglilingkod na iyon.

Sa mga yaon na may marangal na katwiran para hindi makapaglingkod sa mga full-time proselyting mission, o sa mga yaon na kailangang umuwi nang maaga, ang YCSM program ay makapagbibigay ng mga makabuluhang karanasan sa misyon.

## Mga Kailangan para Makapaglingkod

Ang mga YCSM ay kailangang may pisikal, mental, espirituwal, at emosyonal na kakayahang gampanan ang mga responsibilidad sa kanilang tungkulin, na iaakmang mabuti sa kanila.

Ang haba ng paglilingkod sa mga YCSM assignment ay iba-iba mula 6 hanggang 24 na buwan at maaaring tumagal mula dalawang araw sa isang linggo hanggang sa paglilingkod nang full time. May mga oportunidad na makapaglingkod sa komunidad at maging mula sa tahanan. Kabilang sa potensyal na mga YCSM assignment ang family history research, information technology, mga mission office assistant, mga bishops' storehouse, at marami pang iba.

## Suporta ng Pamilya at Priesthood

Matutulungan ng mga magulang, lider ng priesthood, at miyembro ng Simbahan ang potensyal na mga YCSM na maghandang maglingkod sa misyon.

Ang pamilya ni Sister Eliza Joy Young ay talagang sinuportahan siya, at inihatid siya papunta at pauwi mula sa mga tanggapan ng Simbahan sa Sydney, Australia.

Sinabi ni Elder Michael Hillam, na nagtatrabaho sa Hong Kong Distribution Center, "Tinulungan ako ng mga early morning seminary teacher ko at ng mga lider ng Young Men na makapaghanda."

## Ang Pagsasakripisyo ay Naghahatid ng mga Pagpapala

Isinakripisyo ni Sister Young ang mga araw na wala siyang pasok sa kanyang part-time job para maglingkod sa isang Church-service mission. Sabi niya, "Nadarama ko na mas malapit ako sa aking Ama sa Langit dahil tinutulungan ko Siya."

Bukod pa sa mga pagpapalang espirituwal, ang paglilingkod sa Church-service mission ay nagbibigay ng mahahalagang oportunidad sa mga bata pang missionary na makisalamuha at makakilala ng mga taong makakatulong sa kanila na makapagtrabaho. "Nakita ko sa misyon ko na kaya kong makapagtrabaho nang hindi na nagpapatulong," sabi ni Sister Young. (Dati-rati ay nakapagtrabaho lang siya sa tulong ng iba.)

Bagama't hindi lahat ng young adult na gustong maglingkod ay makapaglilingkod, malaking pagsusumikap ang ginawa para mapagbigyan ang lahat ng karapat-dapat na young adult. Ang mga kabataang lalaki at babaeng gustong maglingkod sa ganitong paraan ay maaaring kausapin ang kanilang bishop o branch president, na makakahanap ng angkop na mga oportunidad para sa kanila.

Basahin ang iba pa sa news.lds.org sa pamamagitan ng pagsasaliksik sa "young church-service missionaries." ■

# Nilibot ng mga Young Women at Relief Society General Leader ang Asia Area

**Ni Brenda Frandsen, Asia Area media specialist**
Kasama ang mga ambag nina David O. Heaps, Paul Stevens, at Linda Rae Pond Smith

Sa loob ng siyam na araw noong Nobyembre 2012, tinuruan at binigyang-inspirasyon nina Mary N. Cook, unang tagapayo sa Young Women general presidency, at Linda S. Reeves, pangalawang tagapayo sa Relief Society general presidency, ang mga bata at matatandang kababaihan sa buong Asia Area.

Ang paglalakbay ay kasabay ng balita tungkol sa binagong kurikulum ng mga kabataan, ang *Come, Follow Me,* na sinimulang gamitin sa mga Young Men, Young Women, at youth Sunday School class noong Enero 2013. Ang bagong kurikulum ay nilayon upang tulungan ang mga guro na makapagturo nang higit na katulad ng Tagapagligtas at magkaroon ng matibay na pakikipag-ugnayan sa mga miyembro ng klase.

Matapos bumisita sina Sister Cook at Sister Reeves sa Asia Area, maraming kabataang taga-Asia at mga magulang nila ang nagsabi na mas nahihikayat sila ngayong dalisayin at baguhin ang tuon nila sa buhay at maging halimbawa sa kanilang komunidad.

Sa Hong Kong, nangako si Sister Reeves sa mga kabataan, "Kung mananatili kayong malinis sa inyong buhay, makatatayo kayo nang may tiwala sa sarili sa harap ng sinuman!"

Nabigyang-inspirasyon sa kanyang mga salita, sinabi ng 12-taong-gulang na si Tang Kak Kei pagkatapos ng pulong, "Alam ko na kailangan kong basahin ang Aklat ni Mormon araw-araw. Pagkatutong magsisi at mamuhay nang matwid ang naituro sa akin ng *Para sa Lakas ng mga Kabataan* na gawin ko para makita ang Liwanag ni Cristo at tunay na kaligayahan sa akin."

Sa India, pinulong ni Sister Cook ang mga miyembro sa bagong meetinghouse sa Chennai India District at ang mga miyembro ng bagong Hyderabad India Stake at pinayuhan ang mga young adult na maghanda para sa hinaharap. "Pahusayin ang inyong sarili sa pag-aaral," paghikayat niya, "na may mga kasanayang tutulong sa inyo na maitayo ang kaharian. Magtuon sa inyong pamilya at sa magagawa ninyo upang mapagpala ang mga miyembro ng inyong pamilya, at sa inyong espirituwal na kahandaan upang maging karapat-dapat kayo sa mga espirituwal na pahiwatig at malaman ninyo kung saan kayo pupunta at ano ang gagawin."

Sa Indonesia, nakibahagi si Sister Reeves sa unang stake conference ng bagong Surakarta Indonesia Stake. "Nadama namin ang kanilang mapagkumbaba at mapagmahal na espiritu. Kaytatapat na mga miyembro!" wika niya.

Pagkatapos ay binisita ni Sister Reeves ang Malaysia, kung saan tinalakay niya sa isang grupo ng kababaihan ng Relief Society ang pinakamahahalagang isyu para sa Relief Society bilang isang organisasyon sa Malaysia at kung paano makapagbibigay ng patnubay at inspirasyon ang Simbahan.

Sa Taiwan, pinuri ni Sister Reeves ang katatagan at katapatan ng mga miyembro sa lugar. "Napakasaya naming malaman na tapat silang namumuhay at palagi silang nagpupunta sa templo. . . . Ang mga miyembro ay magagandang halimbawa sa kanilang mga kaibigan at kapitbahay," wika niya. ■



***Sa Taiwan, kinausap nina Mary N. Cook at Linda S. Reeves ang mga area authority at mga lider ng priesthood at miyembro roon.***

LARAWANG KUHA NI YANG CHIEH-WEN



***Ipinapakita ng mga kabataan sa iba't ibang dako ng mundo kung paano sila tumayo sa mga banal na lugar.***

### Panawagan para sa mga Retrato ng mga Kabataan

Ang tema ng Mutual sa taong ito ay "Tumayo kayo sa mga banal na lugar, at huwag matinag" (D at T 87:8). Mga kabataang lalaki at babae, ang *Liahona* ay naghahanap ng mga retrato ninyo na nakatayo sa mga banal na lugar. Maaaring ipakita sa mga retrato na kasama ninyo ang inyong pamilya, naglilingkod, gumagawa ng gawaing misyonero, lumilikha ng sining, nag-aaral ng ebanghelyo, ginagalugad ang kalikasan, at iba pa! Narito ang paraan kung paano isumite ang inyong retrato:

- Magpakuha ng retrato na nakatayo kayo sa isang banal na lugar.
- I-email ang inyong high-resolution photo sa liahona@ldschurch.org.
- Magdagdag ng mensahe kung bakit banal ang lugar na ito para sa inyo.
- Sa inyong email, ilagay lamang ang inyong buong pangalan, kapanganakan, pangalan ng ward at stake (o branch at district), at email address ng inyong mga magulang.

Ang mga retrato ng mga kabataan sa iba't ibang dako ng mundo ay itatampok sa susunod na isyu.

### Bumisita ang Apostol sa Morocco

Noong Disyembre 2012, matapos maorganisa ang ika-3,000 stake ng Simbahan sa Sierra Leone sa West Africa, binisita ni Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol ang isang maliit at napakalayong branch ng Simbahan sa Rabat, Morocco.

Sa isang espesyal na debosyonal sa Linggo ng gabi, ipinarating ni Elder Holland ang pagmamahal ng mga pinuno ng Simbahan sa bawat miyembro ng Simbahan sa buong mundo, kahit kakaunti sila o napakalayo man nila.

"Hindi kayo nakakaligtaan, at bahagi kayo ng kagila-gilalas na gawain sapagkat kinikilala at pinabibilis ng Panginoon ang pagtitipon ng Israel sa dakila at huling dispensasyong ito," wika niya.

### Inilaan ang Tegucigalpa Honduras Temple

Noong Linggo, Marso 17, 2013, kasunod ng kultural na pagdiriwang at tatlong linggong open house, inilaan ang Tegucigalpa Honduras Temple sa tatlong sesyon, na ibinrodkast sa lahat ng unit ng Simbahan sa Honduras at Nicaragua.

Ang mga miyembrong taga-Honduras, na sanay magbiyahe nang ilang oras papunta sa Guatemala City Guatemala Temple, ay nagalak na makitang inilaan ang unang templo sa bansa. Ang templo ay unang ibinalita sa liham ng Unang Panguluhan noong Hunyo 9, 2006, at nagkaroon ng groundbreaking sa kinatatayuan nito ngayon noong Setyembre 12, 2009.

### Bumisita si Pangulong Monson sa Germany

Sa huling mga araw ng 2012 nagpunta si Pangulong Thomas S. Monson sa Germany para pulungin ang mga miyembro ng Simbahan sa Hamburg, Berlin, Munich, at Frankfurt, Germany, at payuhan sila na sundin si Jesucristo.

"Nagturo Siya ng kapatawaran sa pamamagitan ng pagpapatawad," sabi niya sa mga miyembro sa Frankfurt. "Nagturo Siya ng habag sa pamamagitan ng pagiging mahabagin. Nagturo Siya ng katapatan sa pamamagitan ng pagbibigay ng Kanyang sarili."



### Tinuturuan Ako ng Espiritu Santo

Mula nang sumapi ang pamilya ko sa Simbahan, nakita ko na ang kapangyarihang nagmumula sa pagbabasa ng *Liahona.* Dahil sa nakaaantig na mga salitang ito, nahikayat akong magmisyon. Maraming paksang tinatalakay sa magasin, ngunit ang mahalaga sa akin ay ang itinuturo ng Espiritu Santo tuwing babasahin ko ito. Katunayan, magiging ligtas tayo—maging sa "teritoryo ng kaaway" (tingnan sa Boyd K. Packer, "Paano Magiging Ligtas sa Teritoryo ng Kaaway," *Liahona,* Okt. 2012, 34)—kapag pinag-aralan, binasa, at ipinamuhay natin ang itinuturong mga alituntunin. Ang Tagapagligtas ay buhay, ang priesthood ay nasa lupa, at ang Diyos ay nasa kalangitan.

**Newton T. Senyange, Uganda**

### Mga Pagwawasto

Ang Oktubre 2012 *Liahona* ay nagkamali sa isinulat patungkol sa mga retrato sa kuwentong "Unang Stake sa India, Inorganisa" sa mga pahina 76–77. Ang mga retrato ay kuha ni Sister Gladys Wigg. Humihingi kami ng paumanhin sa pagkakamaling ito.

Sa Disyembre 2012 *Liahona,* ang pamilya Vigil, na pinag-usapan sa artikulong "Mga Sagradong Pagbabago" sa pahina 24, ay bininyagan noong Hulyo 2010, hindi Hunyo 2011. At, si Andrea Vigil ay isinilang noong Hulyo, hindi Agosto, 2012.

Sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Lorenzo Snow,* mali ang label sa larawang nasa pahina 2. Ito ay isang larawan ng anak ni Pangulong Snow na si Oliver Goddard Snow. Gayundin, sa caption sa pahina 28, dapat pagpalitin ang mga pangalang Brigham Young Jr. at Francis M. Lyman.

# PAG-INOM MULA SA BUKAL

**Ni Aaron L. West**
Editor, Church Publishing Services

Kapag pinag-uusapan natin ang ganda ng mga templo, karaniwan ay binabanggit natin ang mga taluktok, bintana, at mural. Mapitagan nating pinag-uusapan ang mga bautismuhan, endowment room, sealing room, at celestial room.

Ngunit kapag inilaan ng isang propeta ang isang templo sa Panginoon, inilalaan niya ang buong gusali, hindi lamang ang magagandang bahaging napapansin ng lahat. Sa panalangin ng paglalaan para sa Kansas City Missouri Temple, sinabi ni Pangulong Thomas S. Monson: "Inilalaan namin ang lupang kinatitirikan ng templong ito. Inilalaan namin ang bawat bahagi ng magandang gusaling ito, mula sa mga tuntungang hindi nakikita hanggang sa maharlikang estatuwa ni Moroni na nasa ibabaw ng pinakamataas na bahagi nito."[1] Nang sambitin ni Pangulong Joseph Fielding Smith ang panalangin ng paglalaan sa Ogden Utah Temple, inilaan niya "ang mga pundasyon, dingding, sahig, kisame, tore, at lahat ng bahagi ng gusali," at ipinagdasal niya na protektahan ang "lahat ng mekanismo, ang mga ilaw, ang bentilasyon at mga elevator, at lahat ng bagay ukol sa gusaling ito."[2]

Nagpapasalamat ako na binigyang-inspirasyon ng Panginoon ang Kanyang mga propeta na ilaan ang bawat bahagi ng bawat templo. Bagaman malinaw na ang isang bisagra sa pintuan o nakakabit na ilaw ay di-kasinghalaga ng altar sa sealing room, ang di-gaanong mahahalagang pirasong ito ay nag-aambag sa pinakamahalaga at nagpapadakilang layunin ng templo.



*Si Jesucristo ang bukal ng tubig na buhay.*

Isa sa di-gaanong mahahalagang pirasong ito ang nakapagturo sa akin ng walang-hanggang aral. Nasa Salt Lake Temple ako isang araw, at naghahandang lumabas ng silid-bihisan matapos makibahagi sa isang ordenansa para sa mga patay. Nang mapansin ko ang isang drinking fountain, natanto ko na nauuhaw ako, kaya yumuko ako para uminom. Pumasok sa isipan ko ang isang mensahe:

*Iniinom mo ang tubig na ito sa templo, pero talaga bang iniinom mo ang tubig na buhay na matatamo rito?*


Hindi iyon isang marahas na paghatol—isang magiliw na pangaral at tagos-sa-kaluluwang tanong lamang iyon.

Ang sagot ko sa tanong na iyon ay hindi. Hindi ako lubos na umiinom ng tubig na buhay sa templo. Inaamin ko na iba ang iniisip ko nang tumanggap ako ng mga ordenansa para sa mga patay. Bagaman mabuti ang isinagawa ko para sa mga taong nangangailangan ng tulong ko, hindi ko tinulutan ang aking sarili na matanggap ang lahat ng tulong na kailangan ko.

Ngayon, tuwing pupunta ako sa templo, naghahanap ako ng drinking fountain at tumitigil ako para uminom. Tinatanong ko sa sarili kung gaano karami ang iniinom ko mula sa bukal ng tubig na buhay. Ang sagot ko: Hindi pa sapat. At nadaragdagan pa ang uhaw ko. ■

**MGA TALA**
1. Thomas S. Monson, sa "Kansas City Missouri Temple: 'Beacon of Divine Light'—an Offering of Hands and Hearts," *Church News,* Mayo 12, 2012, ldschurchnews.com.
2. Joseph Fielding Smith, sa "Ogden Temple Dedicatory Prayer," *Ensign,* Mar. 1972, 12.

LARAWAN © ISTOCKPHOTO.COM/AMPHOTORA




PAGLALARAWAN NI ROBERT T. BARRETT

## WILFORD WOODRUFF

Si **Wilford Woodruff** ay nagmisyon sa Great Britain noong 1840s. Dahil sa kanyang paglilingkod, mahigit 1,000 tao ang **nabinyagan.** Si Wilford Woodruff ay naglingkod kalaunan bilang pangulo ng **St. George Utah Temple.** Bilang Pangulo ng Simbahan, siya ang nagsulong na maging estado ng Amerika ang **Utah**. Tumanggap din siya ng paghahayag at inilabas niya ang **Opisyal na Pahayag 1** na nagtuturo sa mga Banal na itigil na ang pag-aasawa ng mahigit sa isa.



*Isinasadula ng mga aktor ang mga tagpo sa buhay ni Jesucristo para sa mga online video na matatagpuan sa biblevideos.lds.org; ang ilang tagpo mula sa huling linggo ng buhay ng Tagapagligtas ay ipinakikita sa artikulo na nasa pahina 26. Sa "Ang Misyon at Ministeryo ni Jesucristo" (pahina 18), itinuro ni Elder Russell M. Nelson ang apat na aspeto ng ministeryo ng Tagapagligtas na maaari nating tularan sa ating buhay.*

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW